


# Maligayang Pagdating sa Estados Unidos

## *Isang Pamatnubay para sa mga Bagong Dayuhan*

U.S. Citizenship and Immigration Services

M-618-T (rev. 09/07)

# Maligayang Pagdating sa Estados Unidos

*Isang Pamatnubay para sa mga Bagong Dayuhan*

**Binagong Edisyon**

U.S. Citizenship and Immigration Services

## U.S. GOVERNMENT OFFICIAL EDITION NOTICE

AUTHENTICATED
U.S. GOVERNMENT
INFORMATION
GPO

**Use of ISBN Prefix**

This is the Official U.S. Government edition of this publication and is herein identified to certify its authenticity. Use of the 0-16 ISBN prefix is for U.S. Government Printing Office Official Editions only. The Superintendent of Documents of the U.S. Government Printing Office requests that any reprinted edition clearly be labeled as a copy of the authentic work with a new ISBN.

The information presented in *Welcome to the United States: A Guide for New Immigrants* is considered public information and may be distributed or copied without alteration unless otherwise specified.
The citation should be:

U.S. Department of Homeland Security, U.S. Citizenship and Immigration Services, Office of Citizenship, *Welcome to the United States: A Guide for New Immigrants*, Washington, DC, 2007, Revised Edition.

USCIS has purchased the right to use many of the images in *Welcome to the United States: A Guide for New Immigrants*. USCIS is licensed to use these images on a non-exclusive and non-transferable basis. All other rights to the images, including without limitation and copyright, are retained by the owner of the images. These images are not in the public domain and may not be used except as they appear as part of this guide.

This guide contains information on a variety of topics that are not within the jurisdiction of DHS/USCIS. If you have a question about a non DHS/USCIS issue, please refer directly to the responsible agency or organization for the most current information. This information is correct at the time of printing; however, it may change in the future.

# Maligayang Pagdating sa Estados Unidos

## *Isang Pamatnubay para sa mga Bagong Dayuhan*

Maligayang Bati sa inyong pagiging isang pirmihang naninirahan ng Estados Unidos ng America. Binabati namin kayo sa ngalan ng Pangulo ng Estados Unidos at ng mga Amerikano at hinahangad namin ang inyong pagtatagumpay sa Estados Unidos.

Ang Estados Unidos ay may mahabang kasaysayan ng pagtatanggap ng mga dayuhan mula sa lahat ng dako ng daigdig. Itinuturing ng America na mahalaga ang mga kontribusyon ng mga dayuhan, na patuloy na pinauunlad ang bansang ito at pinangangalagaan ang pamana nitong bilang isang bansa ng kalayaan at oportunidad.

Bilang isang pirmihang naninirahan ng Estados Unidos, nagdesisyon kayong gawing inyong tahanan ang bansang ito. Habang pinagsisikapan ninyong matamo ang inyong mga hangarin, maglaan ng panahon para makilala ang bansang ito, ang kanyang kasaysayan, at ang kanyang mga mamamayan. Karapatan at responsibilidad ninyong hubugin ang kinabukasan ng bansang ito at siguruhin ang kanyang patuloy na pagtatagumpay.


Mga nakasisiyang mga oportunidad ang naghihintay sa inyo habang sinisimulan ninyo ang inyong buhay bilang isang pirmihang naninirahan nitong dakilang bansa. Maligayang Pagdating sa Estados Unidos!

U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)
[Pagkamamamayan at Pandarayuhang Paglilingkod ng Estados Unidos]

# PANINIRAHAN SA ESTADOS UNIDOS



Nasa inyo ba ang lahat ng mahalagang dokumento na kailangan ninyo? Tingnang ang p. 7.




Alam ba ninyo ang inyolng mga karapatan bilang isang Pirmihang Naninirahan? Tingnan ang p. 6.



Kailangan ba ninyo ng matitirahan? Tingnan ang p. 16.



Kailangan ba ninyo ng trabaho? Tingnan ang p. 25.




Mayroon ba kayong mga anak? Tingnan ang p. 38.




Kailangan ba ninyo ng pangangalagang pangkalusugan? Tingnan ang p. 32.



Kailangan ba ninyong matuto ng Ingles? Tingnan ang p. 45.



Alam ba ninyo ang gagawin ninyo kapag may kagipitan? Tingnan ang p. 52.



Nais niyo bang maging isang mamamayan ng Estados Unidos? Tingnan ang p. 68.



Nais niyo ba ng karagdagang impormasyon tungkol sa Estados Unidos? Tingnan ang p. 58.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN


Maligayang Pagdating sa Estados Unidos Isang Pamatnubay para sa mga Bagong Dayuhan . . . . . i

- Mga Kagawaran at Ahensiya Ng Pamahalaang Pederal . . . . . v
- Para sa Karagdagang Impormasyon . . . . . vi

Tungkol Sa Patnubay Na Ito . . . . . 1

- Saan Makakakuha ng Tulong . . . . . 2
- Pakikipag-ugnayan sa Inyong Komunidad . . . . . 3

Ang Inyong mga Karapatan at Responsibilidad bilang isang Permanent Resident [Pirmihang Naninirahan] . . . . . 5

- Ang Inyong mga Karapatan at Responsibilidad . . . . . 6
- Pagpapanatili ng Inyong Permanent Resident Status [Katayuan ng Pirmihang Naninirahan] . . . . . 7
- Kung Kayo ay isang Conditional Resident [Kondisyonal na Naninirahan] . . . . . 9
- Paghahanap ng Tulong Ukol sa Batas . . . . . 10
- Mga Konsikuwensiya para sa Pirmihang Naninirahan ng Gawaing Kriminal . . . . . 12

Ang Manirahan sa Estados Unidos . . . . . 15

- Paghahanap ng Matitirahan . . . . . 16
- Pagkuha ng Numero sa Social Security . . . . . 20
- Pangangasiwa ng Inyong Pera . . . . . 22
- Paghahanap ng Trabaho . . . . . 25
- Pagbayad ng mga Buwis . . . . . 29
- Pagbibiyahe sa Estados Unidos . . . . . 30
- Pangangalaga ng Inyong Kalusugan . . . . . 32
- Mga Iba Pang Programang Benepisyong Pangpederal . . . . . 35

Edukasyon at Childcare [Pangangalaga ng mga Bata] . . . . . 37

- Edukasyon . . . . . 38
- Mas Mataas na Edukasyon: Mga Kolehiyo at Pamantasan . . . . . 43
- Adult Education [Edukasyong Pang May-edad] . . . . . 44
- Pag-aaral ng Ingles . . . . . 45
- Childcare [Pangangalaga ng mga Bata] . . . . . 47

Mga Emergency [Kagipitan] at Kaligtasan . . . . . 51

- Tulong kapag may Kagipitan: Tawagan ang 911 . . . . . 52
- Pangalagaang Ligtas sa Panganib ang Inyong Tahanan at Pamilya . . . . . 53
- Sistemang Pagbabala ng Homeland Security [Kagawaran para sa Kapanatagan ng Bansa] para sa mga Pagsalakay ng mga Terorista . . . . . 55

Alamin ang Tungkol sa Estados Unidos . . . . . 57

- Kami, ang Taong-Bayan: Ang Tungkulin ng Mamamayan sa Estados Unidos . . . . . 58
- Paano Nagsimula ang Estados Unidos . . . . . 58
- Paglilikha ng "Isang Mas Mahusay na Bansa" . . . . . 60
- Paano ang Pamamalakad ng Pamahalaang Pederal . . . . . 62
- Ang Sangay Pambatasan: Kongreso . . . . . 63
- Ang Sangay Tagapagpaganap: Ang Pangulo . . . . . 65

Ang Sangay Panghukuman: Ang Korte Suprema . . . . . . . . . . . . . . 65

Pamahalaan ng Estado at Pamahalaang Panglokal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 65

Pagiging isang U.S. Citizen [Mamamayan ng Estados Unidos] . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 67

Bakit Kailangan Maging isang Mamamayan ng Estados Unidos? . . . . 68

Naturalisasyon: Pagiging isang Mamamayan ng Estados Unidos . . . . . 69

Ang Estados Unidos Ngayon (Mapa) . . . . . . . 77

Mga Piyesta Opisyal ng Pamahalaang Pederal. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 78

Mga Kredito sa Litrato . . . . . . . . . . . . . . . . . 78

Kayo Ay Nasa Landas Na . . . . . . . . . . . . . . . 79

## MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA NG PAMAHALAANG PEDERAL

Kung kayo ay hindi nakatitiyak kung anong kagawaran ang tatawagan ninyo tungkol sa isang katanungan, tawagan muna ang 1-800-FED-INFO (o 1-800-333-4636) para magtanong kung saan tatawag. Ang mga taong may kahirapan sa pandinig ay maaaring tumatawag sa 1-800-326-2996.

Puwede rin ninyong tingnan ang http://www.USA.gov para sa mga pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga kagawaran at ahensiya ng pamahalaang pederal.

**Department of Education (ED)**
**[Kagawaran ng Edukasyon]**
U.S. Department of Education
400 Maryland Avenue SW
Washington, DC 20202
Telepono: 1-800-872-5327
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
1-800-437-0833
http://www.ed.gov

**Equal Employment Opportunity Commission (EEOC)**
**[Komisyon para sa Pantay na Pagkakataon sa Empleo]**
U.S. Equal Employment Opportunity Commission
1801 L Street NW
Washington, DC 20507
Telepono: 1-800-669-4000
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
1-800-669-6820
http://www.eeoc.gov

**Department of Health and Human Services (HHS)**
**[Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan at Pantao]**
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue SW
Washington, DC 20201
Telepono: 1-877-696-6775
http://www.hhs.gov

**Department of Homeland Security (DHS)**
**[Kagawaran para sa Kapanatagan ng Bansa]**
U.S. Department of Homeland Security
Washington, DC 20528
http://www.dhs.gov

**U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)**
**[Pagkamamamayan at Pandarayuhang Paglilingkod ng Estados Unidos]**
Telepono: 1-800-375-5283
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
1-800-767-1833
http://www.uscis.gov

**U.S. Customs and Border Protection (CBP)**
**[Adwana at Proteksiyon ng Hangganan ng Estados Unidos]**
Telepono: 202-354-1000
http://www.cbp.gov

**U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE)**
**[Pagpapatupad ng Imigrasyon at Adwana sa Estados Unidos]**
http://www.ice.gov

**Department of Housing and Urban Development (HUD)**
**[Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad na Panlunsod]**
U.S. Department of Housing and Urban Development
451 7th Street SW
Washington, DC 20410
Telepono: 202-708-1112
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
202-708-1455
http://www.hud.gov

**Department of Justice (DOJ)**
**[Kagawaran ng Katarungan]**
U.S. Department of Justice
950 Pennsylvania Avenue NW
Washington, DC 20530-0001
Telepono: 202-514-2000
http://www.usdoj.gov

**Internal Revenue Service (IRS)**
**[Palingkurang Rentas Internas]**
Telepono: 1-800-829-1040
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
1-800-829-4059
http://www.irs.gov

**Selective Service System (SSS)**
**[Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod]**
Registration Information Office
PO Box 94638
Palatine, IL 60094-4638
Telepono: 847-688-6888
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
847-688-2567
http://www.sss.gov

**Social Security Administration (SSA)**
**[Pangasiwaang Social Security]**
Office of Public Inquiries
6401 Security Boulevard
Baltimore, MD 21235
Telepono: 1-800-772-1213
Para sa mga may diperensiya sa pandinig:
1-800-325-0778
http://www.socialsecurity.gov o
http://www.segurosocial.gov/espanol/

**Department of State (DOS)**
**[Kagawaran ng Estado]**
U.S. Department of State
2201 C Street NW
Washington, DC 20520
Telepono: 202-647-4000
http://www.state.gov

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Bisitahin ang website ng USCIS website sa http://www.uscis.gov. Mangyaring bisitahin din ang http://www.welcometousa.gov, isang tagatulong para sa mga bagong imigrante.

Tawagan ang Customer Service sa 1-800-375-5283 o 1-800-767-1833 (mga may diperensiya sa pandinig).

Para makakuha ng USCIS forms, tawagan ang 1-800-870-3676 o tingnan ang website ng USCIS.




# Tungkol Sa Patnubay Na Ito

Matatagalan bago kayo masanay sa inyong bagong pamumuhay sa Estados Unidos ng America. Itong pamatnubay ay naglalaman ng mga mahalagang impormasyon na tutulong sa inyong manirahan sa Estados Unidos at malalaman ninyo ang mga kakailanganin ninyo at ng inyong pamilya para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ipinaliliwanag rin nito ang mga mahalagang impormasyon tungkol sa inyong kalagayang kaloob ng batas at tungkol sa mga ahensiya at organisasyon na nagbibigay ng mga dokumento o ng mga mahalagang serbisyo na maaaring kakailanganin ninyo.

Bilang isang pirmihang naninirahan, kailangang simulan ninyong pag-aralan ang tungkol sa bansang ito, ang mga mamamayan, at ang palakad ng pamahalaan nito. Gamitin itong patnubay para malaman kung ano ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang bagong dayuhan, para malaman ang pamamalakad sa ating mga pamahalaang pederal, estado at panglokal, at para malaman ang mga mahalagang pangyayaring makasaysayan na humubog sa Estados Unidos. Ipinaliliwanag rin sa inyo nitong pamatnubay ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa inyong komunidad at nagbibigay ito ng mga mungkahi para tulungan kayong makipag-ugnayan sa inyong komunidad.

Ang patnubay na ito ay nagkakaloob ng isang pangkalahatang kabuuran ng mga karapatan, responsibilidad, at pamamaraan na may kaugnayan sa mga pirmihang naninirahan. Upang makakuha ng karagdagang partikular at detalyadong impormasyon, dapat kayong sumangguni sa mga batas, regulasyon, form, at patnubay ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) [Pagkamamamayan at Pandarayuhang Paglilingkod ng Estados Unidos]. Dapat na lagi kayong sumangguni dito sa mga pinagkukunan ng mas detalyadong impormasyon para sa inyong mga partikular na katanungan o kaso tungkol sa pandarayuhan. Karamihan sa impormasyong kailangan ninyo ay matatagpuan sa website ng USCIS sa http://www.uscis.gov. Makakakuha kayo ng USCIS forms sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-870-3676 at makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service sa 1-800-375-5283 o 1-800-767-1833 (para sa mga may diperensiya sa pandinig).

## Saan Makakakuha ng Tulong

Matutulungan kayo nitong pamatnubay sa inyong pagsisimula ng pamumuhay sa Estados Unidos pero hindi nito masasagot ang lahat ng inyong mga katanungan tungkol sa pamumuhay sa Estados Unidos. Para makakuha ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang isang tanggapan ng pamahalaan ng estado, county, o ng lungsod para malaman ang tungkol sa mga serbisyong kakailanganin ninyo o kumonsulta sa isang organisasyon sa inyong lugar na tumutulong sa mga bagong dayuhan na manirahan dito. Makikita ninyo ang mga tanggapan at organisasyon sa pamamagitan ng paggamit sa mga libreng impormasyon na inilalarawan sa sumusunod.

### Ang Aklatang Pambayan

Libre at bukas sa lahat ang mga aklatang pambayan sa Estados Unidos. May mga aklatan sa halos lahat ng komunidad. Matutulungan kayo ng mga tauhan ng aklatan para makakuha ng impormasyon sa halos anong paksa at mabibigyan nila kayo ng kard para sa aklatan na pinahihintulutan kayong manghiram ng mga bagay ng tulad ng mga aklat at videotapes na wala kayong binabayaran. Ang karamihan sa mga aklatan ay may mga peryodiko para sa inyong pagbasa at mga kompyuter na magagamit ninyo para maghanap sa Internet. Magpaturo sa mga tauhan ng aklatan kung paano gamitin ang kompyuter para sa Internet.



May mga ilang aklatang may nagbibigay ng libreng klase para sa kung paano maghanap sa Internet. May mga ilang aklatan rin na naghahandog ng mga pagtuturo o klase ng Ingles at ng mga iba pang programa para sa kabataan at mga nasa hustong gulang.

### Ang Direktoryo ng Telepono sa Inyong Lugar

Ang inyong lokal na "libro ng telepono" (direktoryo ng telepono) ay nagtataglay ng mga numero ng telepono at mahalagang impormasyon tungkol sa pederal, pang-estado, at lokal na mga serbisyong pangkomunidad. Ang libro ng telepono ay may impormasyong pangkagipitan, lokal na mapa, at impormasyon tungkol sa kung paano makakakuha ng serbisyo ng telepono. Ang mga puting pahina ay naglilista ng mga numero ng telepono ng mga indibidwal na tao; ang mga dilaw na pahina ay may mga numero ng telepono at direksiyon para sa mga negosyo at organisasyon; at ng mga asul na pahina ay nagpapakita ng mga numero ng telepono at direksiyon ng tanggapan ng lokal, pang-estado, at pederal na pamahalaan. Maaari rin kayong dumayal sa 411 sa inyong telepono upang makakuha ng isang partikular na numero ng telepono kahit saan sa Estados Unidos. Ang inyong lungsod ay maaari ring may sariling pangkomunidad na libro ng telepono.

### Ang Internet

Ang Internet ay makakapag-ugnay sa inyo sa maraming pinagkukunan ng impormasyon, kabilang ang mga website ng pederal, pang-estado, at lokal na ahensiya ng pamahalaan. Karamihan sa mga website ng pamahalaan ay nagtatapos sa ".gov". Kung wala kayong computer sa bahay, maaari kayong gumamit ng computer sa inyong pampublikong aklatan o sa isang "Internet café," na isang negosyo na sumisingil ng bayad para sa paggamit ng computer na may serbisyo ng Internet. Magagamit ninyo ang Internet upang maghanap ng trabaho, humanap ng pabahay, kumuha ng kaalaman tungkol sa mga paaralan para sa inyong mga anak, at mahanap ang mga organisasyong pangkomunidad at mga makakatulong sa inyo. Maaari ring kayong makakita ng mahahalagang balita at mga kasalukuyang kaganapan, at makatuklas ng impormasyon sa Internet tungkol sa buhay sa America, kasaysayan ng Estados Unidos at pamahalaan, at sa inyong lokal na komunidad. Bisitahin ang http://www.welcometousa.gov upang matagpuan ang lahat ng mga tagatulong ng pederal na pamahalaan na nakahandang tumulong sa mga bagong imigrante.

> **MGA DAPAT TANDAAN:** Bilang isang dayuhan, dapat ninyong malaman na may mga manlolokong tao na gumagawa ng mga pekeng website ng pamahalaan para lituhin kayo at gamitin itong pagkakataon para lokohin kayo. Tandaan ninyo na ang website na official ng U.S. Citizenship and Immigration Services [Pagkamamamayan at Pandarayuhang Paglilingkod ng Estados Unidos] ay http://www.uscis.gov.

### Mga Organisasyon sa Komunidad at sa Simbahan na Tumutulong sa mga Dayuhan

May mga organisasyon sa maraming komunidad na nagbibigay ng mga libre o tulong sa mababang halaga para sa mga dayuhan. Ang mga organisasyong ito ay makakatulong upang malaman ang tungkol sa inyong komunidad at ang mga serbisyong magagamit ninyo bilang isang dayuhan. Puwede ninyong hanapin ang mga organisasyong ito sa pamamagitan ng paghahanap sa Internet, sa direktoryo ng telepono sa inyong lugar, pagtatanong sa aklatang bayan at pagtatanong sa ahensiya ng pamahalaang panglokal.

## Pakikipag-ugnayan sa Inyong Komunidad

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong komunidad, makakatulong ito sa inyong komportableng paninirahan dito. Ang inyong komunidad ay isa ring mabuting mapagkukunan ng impormasyon. Narito ang mga ilang paraan para makipag-ugnayan sa inyong komunidad:

- Kilalanin ang inyong mga kapitbahay.
- Makipag-usap o bumisita sa mga organisasyon sa komunidad na tumutulong sa mga dayuhan na manirahan sa Estados Unidos.


• Sumali sa mga grupo sa inyong simbahan.
• Sumali sa inyong asosyasiyong pangkomunidad.  Isang grupo ito sa inyong komunidad na nagpupulong para talakayin ang mga bagay-bagay tungkol sa inyong komunidad.
• Maging isang boluntaryo sa organisasyon, paaralan o simbahan sa inyong komunidad.
• Mag-enroll sa klaseng nagtuturo ng Ingles.

Makakahanap kayo ng mga karagdagang ideya tungkol sa pakikipag-ugnayan sa inyong komunidad sa website ng Department of Housing and Urban Development [Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad na Panlunsod] sa http://www.hud.gov.  Tingnan ang seksiyong nauukol sa "Communities" para sa impormasyon tungkol sa mga mungkahi at pakikipag-ugnayan sa inyong komunidad.


## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:



**Bisitahin ang website ng USCIS website sa http://www.uscis.gov.  Mangyaring bisitahin din ang http://www.welcometousa.gov, isang tagatulong para sa mga bagong imigrante.**



**Tawagan ang Customer Service sa 1-800-375-5283 o 1-800-767-1833 (mga may diperensiya sa pandinig).**



**Para kumuha ng USCIS forms, tawagan ang 1-800-870-3676 o tingnan ang website ng USCIS.**



# Ang Inyong mga Karapatan at Responsibilidad bilang isang Permanent Resident [Pirmihang Naninirahan]

Bilang isang pirmihang naninirahan, inaasahan kayong maging magalang at matapat sa Estados Unidos at sundin ang mga batas ng ating bansa. Ang pagiging isang pirmihang naninirahan ay nangangahulugan ring kayo ay may mga bagong karapatan at responsibilidad.

Ang pagiging isang pirmihang naninirahan, ay isang "pribilehiyo" at hindi isang "karapatan". Puwedeng bawiin ng pamahalaan ng Estados Unidos ang inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan alinsunod sa mga ilang kondisyon. Kailangan ninyong panatilihin ang inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan kung gusto ninyong manirahan at magtrabaho sa Estados Unidos at maging isang mamamayan ng Estados Unidos sa hinaharap. Sa seksiyong ito, malalaman ninyo kung ano ang kahulugan ng maging isang pirmihang naninirahan at kung paano ninyo mapapanatili ang inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan.

# Ang Inyong mga Karapatan at Responsibilidad

Ang mga ginagawa ninyo ngayon bilang isang pirmihang naninirahan ay makakaapekto sa inyong pagiging isang mamamayan ng Estados Unidos sa hinaharap. Ang paraan para maging isang mamamayan ng Estados Unidos ay tinatawag na "naturalisasyon".

Bilang isang pirmihang naninirahan, kayo ay may karapatang:

- Permanenteng manirahan at magtrabaho saanman sa Estados Unidos.
- Mag-aplay para maging isang mamamayan ng Estados Unidos sa oras na maging karapat-dapat kayo.
- Humiling ng mga visa para sa iyong asawa at mga walang-asawang anak upang manirahan sa Estados Unidos.
- Makatanggap ng Social Security, Supplemental Security Income (SSI), at mga benepisyong Medicare [Pantustos ng gamot], kung karapat-dapat kayo para sa mga ito.
- Magmay-ari ng mga propiyedad sa Estados Unidos.
- Mag-aplay sa inyong estado o teritoryo ng lisensiya para sa pagmamaneho.
- Lumabas at pumasok muli sa Estados Unidos alinsunod sa mga ilang kondisyon.
- Mag-aral sa paaralang at kolehiyong pambayan.
- Pumasok sa mga ilang sangay ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos.
- Bumili o mag-ari ng sandatang pumuputok (tulad ng baril), hanggat walang mga pagbabawal ng estado o ng pamahalaang panglokal na sinasabing hindi kayo puwedeng bumili o mag-ari nito.

Bilang isang pirmihang naninirahan, responsibilidad ninyong:

- Sundin ang lahat ng mga batas ng pamahalaang pederal, estado at panglokal.
- Magbayad ng buwis sa mga pamahalaang pederal, estado at panglokal.
- Magrehistro sa Selective Services [Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod] kung kayo ay isang lalaking sa pagitan ng 18 at 26 taong gulang. Tingnan ang pahina 8 para sa mga instruksiyon.
- Panatilihin ang inyong kalagayang pandayuhan.
- Magtaglay sa lahat ng oras ng pagpapatunay ng inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan.
- Palitan ang inyong bagong direksiyon online o sa pamamagitan ng pagsulat sa Department of Homeland Security (DHS) [Kagawaran para sa Kapanatagan ng Bansa] sa loob ng 10 araw tuwing lilipat kayo ng tirahan. Tingnan ang pahina 9 para sa mga instruksiyon.




Ang mga pirmihang naninirahan ay binibigyan ng isang balidong Permanent Resident Card (Form I-551) [Kard pang Pirmihang Naninirahan] bilang pagpapatunay ng kanilang katayuang pambatas sa Estados Unidos. Ang ibang mga tao ay tinatawag itong "Green Card". Kailangang may taglay kayong pagpapatunay sa inyong kalagayang pandayuhan kung kayo ay isang pirmihang naninirahan na 18 taong gulang pataas. Kailangan ninyo itong ipakita sa opisyal ng imigrasyon kapag hiniling niya ito. May-bisa ng 10 taon ang inyong kard at kailangan itong palitan bago mawalan ng bisa. Kailangan kayong mag-sumite ng Form I-90 para palitan o baguhin ang inyong Kard pang Pirmihang Naninirahan. Makukuha ninyo itong form sa http://www.uscis.gov o sa pagtawag sa USCIS Forms Line. May bayad para sa pag-sumite ng Form I-90.

Ipinapakita sa inyong Kard pang Pirmihang Naninirahan na kayo ay may permisong manirahan at magtrabaho sa Estados Unidos. Magagamit rin ninyo ang inyong Kard pang Pirmihang Naninirahan para makapasok muli sa Estados Unidos. Kung kayo ay nasa labas ng Estados Unidos ng mas matagal sa 12 buwan, kakailanganin ninyong magpakita ng mga karagdagang dokumento para makapasok muli sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan. Tingnan ang pahina 7 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang dokumento para makapasok muli sa Estados Unidos kung kayo ay nasa labas ng bansa nang mas matagal sa 12 buwan.

### MGA IBA PANG MAHALAGANG DOKUMENTO



**Itago sa isang lugar na ligtas sa panganib ang mga mahalagang dokumento na mula sa bansang pinagmulan. Kabilang sa mga dokumentong ito ang inyong pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, sertipiko ng kasal, sertipiko ng pagdiborsiyo, mga diplomang ipinapakita na kayo ay nagtapos sa mataas na paaralan o kolehiyo, at mga sertipikong ipinapakita na kayo ay may mga espesyal na pagsasanay o kakayahan.**

## Pagpapanatili ng Inyong Permanent Resident Status [Katayuan ng Pirmihang Naninirahan]


May mga ilang bagay na kailangan ninyong gawin para panatilihin ang inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan. Mahalaga ring tandaan ninyo ang mga ito kung balak ninyong mag-aplay para maging mamamayan ng Estados Unidos sa hinaharap.

- Huwag kayong lumabas ng Estados Unidos ng matagal na panahon, o lumipat sa ibang bansa para manirahan ng permanente.
- Magharap ng pederal, pang-estado, at kung angkop, lokal na pahayag ng buwis sa kita.
- Magrehistro sa Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod, kung kayo ay isang lalaking sa pagitan ng 18 at 26 taong gulang.
- Ipagbigay alam sa DHS ang inyong bagong direksiyon.

### Panatilihin ang Inyong Immigration Status [Kalagayang Pandayuhan]

Ang mga pirmihang naninirahan na umalis sa Estados Unidos nang matagal na panahon, o hindi makapagpakita ng kanilang hangarin na pirmihang manirahan sa Estados Unidos, ay maaaring mawalan ng kanilang katayuan bilang pirmihang naninirahan. Maraming dayuhan na naniniwala na maaari silang manirahan sa ibang bansa basta babalik sila sa Estados Unidos kahit minsan sa isang taon. Ito ay mali. Kung sa palagay ninyo ay mananatili kayo sa labas ng Estados Unidos nang higit sa 12 buwan, dapat kayong mag-aplay para sa permiso sa muling pagpasok bago umalis ng bansa. Dapat kayong magharap ng Form I-131, Application for a Travel Document [Aplikasyon para sa Dokumento ng Paglalakbay]. Maaari ninyong makuha ang form na ito sa http://www.uscis.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa USCIS Forms Line sa 1-800-870-3676. Dapat kayong magbayad ng fee upang makapagharap ng Form I-131.

Ang permiso para sa muling pagpasok ay may-bisa hanggang dalawang taon. Maaari ninyong ipakita ang permiso para sa muling pagpasok, sa halip ng isang visa o iyong Permanent Resident Card [Kard ng Pirmihang Naninirahan], sa daungan ng pagpasok. Ang pagkakaroon ng permiso para sa muling pagpasok ay hindi gumagarantiya na kayo ay tatanggapin sa Estados Unidos kapag kayo ay bumalik, pero magagawa nitong mas madaling ipakita na kayo ay babalik mula sa isang pansamantalang pagbisita sa ibang bansa. Bisitahin ang http://www.state.gov o ang inyong pinakamalapit na Department of State Consular Office sa ibayong dagat para sa karagdagang impormasyon.



## Mag-sumite ng Tax Returns [Buwis]

Bilang isang pirmihang naninirahan, kailangan kayong mag-sumite ng income tax returns at isiwalat ang inyong kita sa Internal Revenue Service (IRS) [Palingkurang Rentas Internas] at sa departamento ng buwis ng inyong estado, lungsod o pamahalaang panglokal, kung kinakailangan. Kung hindi kayo mag-susumite ng inyong buwis habang kayo ay naninirahan sa labas ng Estados Unidos para sa anumang tagal na panahon, o kung sinulat ninyo sa inyong tax returns na kayo ay isang "non-immigrant", maaaring magdesisyon ang pamahalaan ng Estados Unidos na tinalikdan na ninyo ang inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan.

## Magrehistro sa Selective Service [Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod]

Kung ikaw ay isang lalaki at ikaw ay 18 hanggang 26 taong gulang, dapat kang magparehistro sa Selective Service [Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod]. Kapag nagparehistro kayo, sinasabi ninyo sa pamahalaan na nakahanda kayong maglingkod sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos. Ang Estados Unidos ay walang military draft (sapilitang paglilingkod sa militar) ngayon. Ito ay nangangahulugan na ang mga pirmihang naninirahan at mga mamamayan ay hindi kailangang maglingkod sa Sandatahang Lakas maliban kung gusto nila.

Maaari kayong magparehistro sa tanggapan ng koreo ng Estados Unidos o sa Internet. Upang magparehistro para sa Selective Service sa Internet, bisitahin ang Selective Service website: http://www.sss.gov. Upang makipag-usap sa isang tao mula sa Selective Service, tumawag sa 847-688-6888. Ito ay hindi isang libreng tawag.



Makakakuha rin kayo ng impormasyon sa website ng USCIS http://www.uscis.gov.

### Ipagbigay-alam sa DHS ang Inyong Bagong Direksiyon

Tuwing kayo ay lilipat ng tirahan, kailangan ninyong ipagbigay-alam sa DHS ang inyong bagong direksiyon. Kailangan kayong mag-sumite ng Form AR-11, Alien's Change of Address Card [Kard ng Paglipat ng Tirahan ng Dayuhan]. Kailangan ninyong isumite ang form na ito sa loob ng 10 araw ng inyong paglipat at walang bayad sa paghaharap ng form na ito. Maaari ninyong palitan ang inyong direksiyon online sa pamamagitan ng elektronikong AR-11 forms sa http://www.uscis.gov. Ang pagpapalit ng direksiyon online ay tumatanggap din ng mga pagpapalit ng direksiyon para sa karamihan ng mga nakabimbing kaso.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang USCIS sa 1-800-375-5283 o bisitahin http://www.uscis.gov.

## Kung Kayo ay isang Conditional Resident [Kondisyonal na Naninirahan]

Ikaw ay maaaring nasa Estados Unidos bilang isang conditional resident (CR)[Kondisyonal na Naninirahan]. Ikaw ay isang CR kung ikaw ay may-asawa para sa kulang sa dalawang taon sa asawang mamamayan ng Estados Unidos o pirmihang naninirahan sa araw na iginawad ang iyong katayuan bilang pirmihang naninirahan. Kung ikaw ay may mga anak, ang mga ito ay maaari ring mga CR. May mga mamumuhunang dayuhan na mga Kondisyonal na Naninirahan rin.

Ang isang CR ay may mga karapatan at responsibilidad na katulad ng isang pirmihang naninirahan. Ang mga Kondisyonal na Naninirahan ay dapat magharap ng alinman sa Form I-751, Petition to Remove the Conditions on Residence [Petisyon upang Tanggalin ang mga Kondisyon sa Paninirahan], o Form I-829, Petition by Entrepreneur to Remove Conditions [Petisyon ng Negosyante na Alisin ang mga Kondisyon], sa loob ng dalawang taon pagkaraan ng petsa na ang mga ito ay ginawadan ng katayuan ng may-kondisyong pirmihang naninirahan. Ang petsang ito ay karaniwang ang petsa ng pagtatapos ng iyong Permanent Resident Card. Dapat mong iharap ang mga form na ito sa loob ng 90 araw pagkaraan ng dalawang-taong anibersaryo nang araw na natanggap mo ang iyong katayuan bilang may-kondisyong naninirahan. Kung hindi mo nagawa ito, maaaring mawala ang iyong katayuan ukol sa imigrasyon.

### Pag-sumite ng Form I-751 na Kasama ang Inyong Asawa

Kung ikaw ay isang may-kondisyong naninirahan at pumunta ka rito batay sa iyong kasal sa isang mamamayan o pirmihang naniniahan, ikaw at ang iyong asawa ay dapat magharap ng Form I-751 na magkasama upang maalis mo ng mga kondisyon sa iyong katayuan bilang pirmihang naninirahan.

Kung minsan, hindi mo na kailangang magharap ng Form I-751 kasama ang iyong asawa. Kung nabuwag na ang iyong kasal sa iyong asawa, o kung inabuso ka ng iyong asawa, maaari kang magharap ng Form I-751 na mag-isa. Kung hindi ka nag-aaplay kasama ang iyong asawa, maaari kang magharap ng Form I-751 kahit kailan pagkatapos na ikaw ay naging may-kondisyong naninirahan.

## PAANO MAG-SUMITE NG USCIS FORMS I-751 AT I-829







Sino: Conditional Residents [Mga Kondisyonal na Naninirahan]

Bakit: Ang mga katayuan bilang may-kondisyong naninirahan ay natatapos dalawang taon pagkaraan ng petsa na ikaw ay naging CR.

Kailan: Ang mga Kondisyonal na Naninirahan kasama ng kanilang asawa ay kailangang magsumite ng Form I-751. Ang mga dayuhang negosiyante ay kailangang magsumite ng Form I-829. Kailangan isumite ang dalawang form sa loob ng 90 araw bago magwakas ang bisa ng Kondisiyonal na Paninirahan. Karaniwang nakasulat sa inyong Kard pang Pirmihang Naninirahan ang petsa ng pagkawalang bisa.

Saan makakakuha ng form: Puwede ninyong tawagan ang USCIS Forms Line sa 1-800-870-3676. Makukuha rin ninyo ang form sa http://www.uscis.gov.

Saan ipapadala ang form: Ipadala ito sa isang USCIS Service Center. Ang mga direksiyon ng Service Centers ay nasa mga instruksiyon para sa form.

Magkano ito: May babayaran kayo para magsumite sa tamang panahon ng Form I-751 o Form I-829. Maaaring magbago ang halaga nitong mga singil, kaya magtanong sa USCIS kung magkano ang singil sa kasalukuyan bago ninyo ipadala ang form.

Kung nag-sumite kayo sa tamang panahon ng Form I-751 o Form I-829, sa karaniwan ay padadalhan kayo ng USCIS ng isang sulat paalala tungkol sa kalagayan ng inyong CR na may palugit na hanggang 12 na buwan. Sisiyasatin ng USCIS ang inyong aplikasyon sa panahong iyon.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Magtabi ng lahat ng kopya ng mga form na ipinadala ninyo sa USCIS at mga iba pang mga tanggapan ng pamahalaan. Huwag ipadala ang mga orihinal kapag nagpapadala ng mga dokumento. Mga kopya ang ipadala. Nawawala kung minsan ang mga form. Makakatulong na maiwasan ang mga problema kapag may mga itinabing kopya.

## Paghahanap ng Tulong Ukol sa Batas


Kung kailangan ninyo ng tulong ukol sa isang problemang nauukol sa imigrasyon, puwede kayong kumonsulta sa isang lisensiyado at may kakayahan na abogadong pang-imigrasyon. Kontakin ang bar association sa inyong lugar para matulungan kayong maghanap ng isang kuwalipikadong abogado.

May mga estado na nagsesertipika ng mga espesyalista sa batas sa imigrasyon. Ang mga abugadong ito ay may natatanging kaalaman tungkol sa batas sa imigrasyon. Ang mga sumusunod na estado ay kasalukuyang naglilista ng mga sertipikadong espesyalista sa kanilang mga website ng bar ng estado: California, Florida, North California, at Texas. Mangyaring tandaan, gayunman, na kayo ay responsable sa pagpapasiya kung kukunin o hindi ang isang partikular na abugado. Ang DHS ay hindi nag-eendorso o nagrerekomenda ng sinumang partikular na abugado.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang problemang nauukol sa imigrasyon, pero wala kayong sapat na perang pambayad sa abogado, may mga ilang mapagpipiliang mababa ang singil o libre. Puwede kayong humingi ng tulong mula sa:

- **Isang Kinikilalang Organisasyon.** Ito ang mga organisasyong kinikilala ng Board of Immigration Appeals (BIA) [Kalupunan ng Pandarayuhang Umapela]. Para maging "kinikilala" ang isang organisasyon, kailangang mayroon itong sapat na kaalaman at karanasan para maghandog ng mga serbisyo sa mga dayuhan at mababang halaga lamang ang puwedeng singilin o tanggapin para sa mga serbisyong iyon. Para sa isang listahan nitong mga organisasyong kinikilala ng BIA, tingnan ang http://www.usdoj.gov/eoir/statspub/recognitionaccreditationroster.pdf.
- **Isang Kinikilala na Kinatawan.** Ito ang mga taong konektado sa mga "organisasyong kinikilala" ng BIA. Mababang halaga lamang ang puwedeng singilin o tanggapin nitong mga kinatawan para sa kanilang mga serbisyo. Para sa listahan nitong mga kinikilala ng BIA na mga kinatawan, tingnan ang http://www.usdoj.gov/eoir/statspub/accreditedreproster.pdf.
- **Isang Kuwalipikadong Kinatawan.** Ito ang mga taong naghahandog ng mga libreng serbisyo. Kailangang nalalaman nitong mga kinatawan ang mga batas na nauukol sa imigrasyon at ang panuto sa pagsasanay sa korte. Kabilang sa mga halimbawa ng mga kuwalipikadong kinatawan ang mga estudyante ng abogasya, ang mga nakapagtapos ng abogasya, at mga taong mabuti ang pagkatao na may kaugnayang pansarili o propesyonal sa inyo (kamag-anak, kapitbahay, pari, katrabaho, kaibigan).
- **Libreng Taga-bigay ng Legal na Tulong.** Ang Tanggapan ng Chief Immigration Judge [Punong Pandarayuhang Hukuman] ay mayroong listahan ng mga kinikilalang libreng taga-bigay ng legal na tulong para sa mga taong may mga pagdinig sa korteng pang-imigrasyon (tingnan ang http://www.usdoj.gov/eoir/probono/states.htm). Ito ay isang listahan ng mga abogado at organisasyon na maaaring handang kumatawan sa mga dayuhan sa mga pagdinig sa Hukumang Pang-imigrasyon. Ang mga abogado at organisasyong nasa listahang ito ay sumasang-ayong tumulong sa mga dayuhan nang pro bono (walang-bayad) sa mga pagdinig sa imigrasyon lamang, kaya ang ilan sa kanila ay maaaring hindi makatulong sa inyo sa mga bagay na walang kinalaman sa korte (tulad ng petisyon ng bisa, naturalisasyon, atbp.).
- ***Pro Bono* Program [Programang Walang Bayad].** Karaniwang makukuha sa bawat tanggapan ng USCIS sa inyong lugar ang mga listahan ng mga kinikilalang organisasyon at kanilang mga kinatawan na pro bono (walang-bayad).

## KUNG KAYO AY ISANG BIKTIMA NG MASAMANG PAGTRATO SA TAHANAN



**Kung kayo ay isang biktima ng masamang pagtrato sa tahanan, makakakuha kayo ng tulong sa pamamagitan ng National Domestic Violence Hotline sa 1-800-799-7233 o 1-800-787-3224 (para sa mga may diperensiya sa pandinig). Makakakuha rin ng tulong sa wikang Espanyol at mga iba pang wika.**

**Ang Batas sa Karahasan Laban sa mga Babae ay nagpapahintulot sa mga inabusong asawa at mga anak ng mga mamamayan ng Estados Unidos at pirmihang naninirahan na gumawa ng "sariling-petisyon," o magharap ng kanilang sariling petisyon upang maging pirmihang naninirahan. Tingnan ang http://www.uscis.gov o tawagan ang National Domestic Violence Hotline para sa karagdagang impormasyon.**

### Mag-ingat sa mga Manlolokong Immigration Consultant [Tagapayo sa Imigrasyon]!

Maraming mga eksperto sa imigrasyon ang kuwalipikado at mapagkakatiwalaan at makakapagbigay ng mga mabuting serbisyo sa mga dayuhan. Pero may mga ilang tao na nagsasamantala sa mga dayuhan.

Bago kayo magdesisyong magpatulong sa mga bagay na nauukol sa imigrasyon, at bago magbayad ng pera, kailangan kayong magsaliksik para makapagdesisyon ng tama tungkol sa kung anong klaseng tulong ukol sa batas na kailangan ninyo.  Protektahan ang inyong sarili para hindi kayo maging isang biktima ng panlolokong pandayuhan.

Heto ang mga ilang bagay na dapat ninyong tandaan:

- Walang pribadong organisayon o taong naghahandog ng tulong para sa mga problema sa imigrasyon ang may espesyal na koneksiyon sa USCIS.  Usisaing mabuti ang mga taong gumagawa ng mga pangakong hindi kapanipaniwala o nagsasabing mayroon silang espesyal na relasyon sa USCIS.  Huwag pagkatiwalaan ang mga taong nangangako ng mga resulta o ng mas mabilis na pagproproseso.  Kung kayo ay hindi karapat-dapat para sa isang pandayuhang benepisyo, hindi ito mababago ng inyong paggamit ng isang abogado o tagapayo na pang-imigrasyon.
- May ilang mga tagapayo, ahensya ng paglalakbay, mga tanggapan ng betahan ng Tirahan at mga taong tinatawag na "mga notaryo publiko" na naghahandog ng mga serbisyong pandayuhan.  Tiyaking usisain kung ano ang kanilang mga kuwalipikasyon at hilingin ang mga kopya ng kanilang sulat sa pagkakilanlan galing sa BIA o bar certificate.  May ilang mga taong hindi kuwalipikadong maghandog ng mga serbisyong pambatas na nagsasabing kuwalipikado daw sila.  Puwedeng magkamali ang mga taong ito na magreresulta sa mga malubhang problema para sa inyo.
- Kumuha ng isang nakasulat na kontrata kung gagamit kayo ng isang tagapayo o abogado na pang-imigrasyon.  Kailangang nakasulat ang kontrata sa Ingles at sa sarili niyong wika, kung hindi Ingles ang inyong katutubong wika.  Kailangang nakalista sa kontrata ang lahat ng serbisyong gagawin para sa inyo at kung magkano ang mga ito.  Humiling ng mga referensya bago kayo pumirma sa kontrata.
- Iwasan ang magbayad ng pera para sa mga serbisyo.  Tiyaking humingi ng resibo para sa inyong binayad. Tiyaking nasa inyo ang mga orihinal na dokumento.
- Huwag na huwag pipirma sa isang form o aplikasyon na blangko.  Tiyaking naiintindihan ninyo ang inyong pinipirmahan.

Humingi ng tulong kung dinaya kayo ng isang tagapayo sa imigrasyon.  Tawagan ang abogadong pangdistrito ng inyong estado o pamahalaang panglokal, departamento ng mamimili, o ang departamento ng pulis sa inyong lugar.

## Mga Konsikuwensiya para sa Pirmihang Naninirahan ng Gawaing Kriminal

Ang Estados Unidos ay isang lipunang sumusunod sa batas.  Kailangang sundin ng mga pirmihang naninirahan ang lahat ng batas.  Maaari kayong magkaroon ng mga mabigat na problema kung kayo ay isang pirmihang naninirahan na may ginawang krimen sa Estados Unidos o nahatulang may ginawang krimen.  Maaari kayong paalisin sa bansa, hindi papasukin muli sa Estados Unidos, kung lumabas kayo ng bansa, at sa mga ilang kaso, mawawala ang inyong karapatan na maging isang mamamayan ng Estados Unidos.  Kabilang sa mga halimbawa ng mga krimen na maaaring makaapekto sa inyong katayuan bilang isang pirmihang naninirahan ang:

- Isang krimen na binigyang-kahulugan na isang “aggravated felony,” na kabilang ang mga krimen ng karahasan na mga felony na pinarurusahan ng isang-taong pagkabilanggo.
- Pagpatay ng tao.
- Mga gawaing terorista.
- Panggagahasa.
- Asultong sekswal sa isang bata.
- Labag sa batas na pagbebenta o paghahatid ng mga droga, baril, o tao.
- Krimeng “moral turpitude”, na karaniwan ay isang krimen na may tangkang magnakaw o mandaya; isang krimeng nanakit ng katawan o nagbantang mananakit ng katawan; isang krimen na ang malubhang pananakit sa katawan ay resulta ng kapabayaan; o isang krimeng abuso sa kasarian ng kapwa.

Mayroon ring mga malubhang konsikuwensiya para sa inyo bilang isang pirmihang naninirahan kung kayo ay:

- Magsinungaling para makatanggap ng benepisyong pandayuhan para sa inyo o para sa ibang tao.
- Magsabing isa kayong mamamayan ng Estados Unidos kung hindi pala.
- Bumoto sa isang halalang pederal o sa isang halalang panglokal na mamamayan ng Estados Unidos lamang ang puwedeng bumoto.
- Isang “palainom na tao”—isang lasenggo o taong malimit na gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot.
- Kasal sa higit sa isang tao nang magkasabay.
- Hindi sinusustentohan ang inyong pamilya o hindi nagbabayad ng sustento sa anak o sa asawa na tulad ng iniuutos.
- Inaresto para sa asulto o harassment ng isang kapamilya, kabilang ang paglabag sa isang utos na pang-proteksyon. Tinatawag itong karahasan sa tahanan.
- Magsinungaling para makatanggap ng benepisyong publiko.
- Hindi nagsumite ng buwis kapag kinakailangan.
- Sadyang hindi nagrehistro sa Pamamalakad para sa Pinipiling Paglilingkod kung kayo ay isang lalaki na may gulang sa pagitan ng 18 hanggang 26 taon.
- Tinulungan ang isang tao na hindi isang mamamayan ng Estados Unidos na labag sa batas na pumasok sa Estados Unidos kahit na ang taong iyon ay isang malapit na kamag-anak at kahit ikaw ay hindi binayaran.




Kung kayo ay may ginawang krimen o nahatulang gumawa ng krimen, kailangang kumonsulta muna kayo sa isang mapagkakatiwalaan abogadong pang-imigrasyon o sa isang organisasyon sa inyong komunidad na nagbibigay ng serbisyong legal para sa pandarayuhan bago kayo mag-aplay sa iba pang benepisyong pandayuhan. Tingnan ang pahina 10 para sa impormasyon kung paano makakahanap ng tulong pambatas.



# Ang Manirahan sa Estados Unidos

Ang seksiyong ito ay nagbibigay ng impormasyong makakatulong sa inyong makibagay sa pamumuhay sa Estados Unidos. Malalaman ninyo tungkol sa kung paano maghanap ng matitirahan at ng trabaho, pagkuha ng numero sa Social Security at ng lisensiya sa pagmamaneho, pangangasiwa ng inyong pera, at pagkuha ng pagkalinga sa kalusugan para sa inyo at inyong pamilya.

# Paghahanap ng Matitirahan

Makakapamili kayo kung saang lugar sa Estados Unidos ninyo gustong tumira. Maraming mga tao ang nakikituloy sa kanilang mga kaibigan o kapamilya sa kanilang unang pagdating. Pagkatapos nilang makahanap ng trabaho, lumilipat sila sa kanilang sariling tirahan. Kung minsan ay tumutulong rin ang mga simbahan o mga organisasyon sa komunidad sa paghahanap ng pansamantalang matitirahan.

Sa Estados Unidos, ang karamihan ng mga tao ay nagbabayad ng 25 porsiyento ng kanilang kita para sa pabahay. Ang mga sumusunod ay ilang mga mapagpipilian sa pabahay:

## Pagrerenta ng Tirahan

Makakapagrenta ng mga paupahan at bahay. Mahahanap ninyo ang mga ito sa ibat-ibang paraan:



- Maghanap ng mga karatula na "Apartment Available" o "For Rent" sa mga mga gusali.
- Maghanap sa peryodiko sa seksiyong tinatawag na "Classified Advertisements" o "Classifieds". Hanapin ang mga pahinang nakasulat ang "Apartments for Rent" at "Homes for Rent". Mayroon itong mga impormasyon tungkol sa mga bahay, na tulad ng lokasyon ng mga ito, kung ilan ang mga silid at magkano ang renta.
- Maghanap sa mga pahinang dilaw ng direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Property Management". Ito ang mga kompanyang nagpaparenta ng mga matitirahan. Maaari kayong singilin ng mga kumpanyang ito bilang pagtulong upang makahanap kayo ng matitirahan.
- Magtanong sa inyong mga kaibigan at kamag-anak o sa inyong mga katrabaho kung may alam silang mga lugar na marerenta.
- Tingnan ang bulletin boards sa mga aklatan, grocery, at lugar na panglipunan ng komunidad para sa mga paunawang "For Rent".
- Tingnan ang mga kabayaran sa Internet. Kung wala kayong kompyuter sa bahay, puwede kayong pumunta sa aklatang pambayan na malapit sa inyo o sa isang Internet café.
- Tawagan ang isang lokal na ahente ng tirahan sa inyong lugar.

## Ano ang Inyong Maaasahan Kapag Kayo ay Nagrerenta ng Tirahan

**Pag-aaplay para sa Pagrenta.** Ang mga taong nagpapaupa ng mga paupahan o bahay ay tinatawag na "landlord"o kasero. Maaaring pasagutan ng kasero niyo ang isang form para maka-upa ng tirahan. Ginagawa ito para matiyak ng kasero kung may pera kayong pambayad sa renta.

Maaaring hilingin sa application form ang inyong numero sa Social Security at ang katunayan na kayo ay nagtatrabaho. Puwede ninyong gamitin ang inyong Permanent Resident Card [Kard ng Pirmihang Paninirahan] kung wala pa kayong numero sa Social Security. Puwede rin ninyong ipakita ang inyong pay stub sa trabaho bilang pagpapatunay na kayo nga ay nagtatrabaho. Maaari rin kayong singilin ng maliit na application fee.

Kung wala pa kayong trabaho, maaaring kakailanganin ninyo ng taong kasamang pipirma sa kasunduan ng pagrenta. Ang taong ito ay tinatawag na "co-signer". Kung hindi kayo makakabayad ng inyong renta, ang inyong co-signer ang sisingilin ng inyong renta.

**Pagpirma sa Lease [Kasunduan ng Pag-uupa].** Pipirma ka sa isang kasunduan sa pag-upa o "lease" kung ang landlord ay sumang-ayon na magpa-upa sa iyo. Kapag pumirma ka sa isang kasunduan sa pa-upa, sumasang-ayon ka na bayaran ang iyong renta sa tamang oras at manatili para sa isang partikular na tagal ng panahon. Karamihan sa mga kasanduan sa pag-upa ay para sa isang taon. Makakatagpo ka rin ng pabahay para sa mas maikling panahon, tulad ng isang buwan. Maaaring kailanganin mong magbayad ng mas maraming pera para sa maikling kasunduan sa pag-upa kaysa para sa mas matagal.

Kapag pumirma kayo sa kasunduan ng pag-uupa, sumasang-ayon kayong pananatilihang malinis at maayos ang inyong tirahan. Puwede kayong singilin nang karagdagan kung sinira ninyo ang lugar na nirerenta ninyo. Maaaring nakasulat rin sa kasunduan ng pag-uupa kung ilang tao ang puwedeng tumira sa tirahan.

Ang kasunduan ng pag-uupa ay isang dokumentong kinikilala ng batas. Kailangan ninyong tuparin ang mga pinatutupad sa inyong kasunduan. Kailangan ring tuparin ng mga kasero ang kanilang mga tunkulin. Kailangan nilang panatilihing ligtas sa panganib at nasa mabuting kondisyon ang inyong tirahan.

**Pagbabayad ng Security Deposit.** Karaniwang nagbabayad ng security deposit ang nangungupahan sa oras na lumipat sila sa kanilang bagong tirahan. Karaniwang katumbas sa 1 buwang renta ang depositong ito. Ibabalik sa inyo ito kapag malinis at nasa mabuting kondisyon ang tirahan sa panahon ng inyong pag-alis. Kung hindi, puwedeng hindi ibalik sa inyo ng kasero ang bahagi o lahat ng inyong deposito para gamiting pambayad sa mga pagpapalinis o pagpapakumpuni.

Inspeksiyunin ang bahay o paupahan bago kayo lumipat dito. Sabihin sa kasero ang anumang mga problemang matuklasan ninyo. Kausapin ang inyong kasero bago kayo umalis para malaman ninyo kung ano ang mga kailangan ninyong ayusin para ibalik sa inyo ang lahat ng inyong security deposit.

**Pagbabayad sa Mga Iba Pang Gastos sa Pag-uupa.** Para sa ilang mga bahay o paupahan, kasama ang bayad sa renta ang gastos para sa utilities (gaas, elektrisidad, pagpapainit, tubig, at pagkuha ng basura). Para sa mga ibang pagpapaupa, kailangang bayaran ninyo ng hiwalay ang mga ito. Tanungin sa kasero kung kasama na sa renta ang utilities kapag naghahanap kayo ng tirahan. Kung kasama na sa renta ang mga ito, tiyakin ninyong nakasulat ito sa inyong kasunduan ng pag-uupa bago kayo pumirma. Kung hindi kasama sa renta ang utilities, dapat ninyong alamin kung magkano ang mga ito. Mas malaki ang babayaran sa utilities sa tag-init (para sa air condition) o sa taglamig (para sa pagpapainit).

## PAGPAPAAYOS NG MGA BAGAY



Kailangang panatilihin ng mga kasero na ligtas sa panganib at nasa mabuting kondisyon ang bahay o paupahan na inyong nirerenta. Kung mayroon kayong problema:

- Una, kausapin ang inyong kasero. Sabihin ninyo sa kanya kung ano ang problema at gusto ninyong paayos sa kanya.
- Sunod, sulatan ang inyong kasero na sinasabi sa kanya kung ano ang problema. Magtabi ng kopya nito para sa inyo.
- Panghuli, tawagan ang Housing Office sa inyong lugar. Karamihan sa mga pamahalaang panlungsod o panglokal ay may mga tauhang nag-iinspeksiyon ng mga bahay para alamin kung may mga problema ang mga ito. Papuntahin ang inspektor sa inyong tirahan at ipakita ninyo sa kanya ang lahat ng problema.

Kung hindi aayusin ng inyong kasero ang mga problema, maaari ninyo siyang sampahan ng kaso.

**Katapusan ng Lease [Kasunduan ng Pag-uupa].** Ang katapusan ng kasunduan ng pag-uupa ay tinatawag na hangganan ng inyong "lease". Puwedeng sumang-ayon ang inyong kasero na tapusin nang maaga ang inyong kasunduan ng pag-uupa kung mayroon siyang mahahanap na ibang taong magrerenta ng tirahan. Kung hindi, maaaring magbayad kayo ng renta buwan-buwan hanggang matapos ang inyong kasunduan ng pag-uupa, kahit hindi na kayo nakatira doon. Maaari ring hindi ibalik sa inyo ang inyong security deposit kung umalis kayo bago matapos ang kasunduan ng pag-uupa. Bigyan ang inyong kasero ng isang nakasulat na abisong sinasabi na aalis na kayo. Ang karamihan ng mga kasero ay humihiling ng abisong hindi kukulangin sa 30 araw bago sa petsang balak ninyong umalis.

## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN: HINDI PINAPAYAGAN ANG DISKRIMINASYON SA PABAHAY




Ang mga kasero ay hindi puwedeng tumangging magparenta sa inyo batay sa kung sino kayo. Isang paglabag sa batas kung tatanggihan kayo ng mga kasero dahil sa inyong:

- lahi o kulay.
- bansang pinagmulan.
- relihiyon.
- kasarian.
- kapansanang pangkatawan.
- estado sibil, na tulad ng kung kayo ay may-asawa o wala.

Kung sa inyong palagay ay pinagkaitan kayo ng pabahay dahil sa alinman sa mga dahilang ito, puwede ninyong tawagan ang U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) [Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad na Panlunsod] sa 1-800-669-9777. Ang impormasyon ay nasa Ingles at Espanyol.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Kailangan ninyong ipaalam sa U.S. Postal Service kung lilipat kayo ng tirahan para maipadala sa inyong bagong direksiyon ang mga sulat at ibang bagay na pinararaan sa koreo. Puwede ninyong palitan ang inyong direksiyon online sa http://www.usps.com o pumunta sa tanggapan ng koreo sa inyong lugar at humiling ng "Moving Guide". Huwag rin ninyong kalimutang mag-sumite sa DHS ng Form AR-11. Tingnan ang pahina 9 para sa mga instruksiyon.

### Pagbili ng Bahay

Para sa maraming tao, ang pagmamay-ari ng bahay ay bahagi ng "American Dream". Maraming maidudulot na pakinabang ang pagmamay-ari ng bahay at nagdadala ng maraming responsibilidad.

Matutulungan kayo ng mga ahente ng tirahan sa paghahanap ng bahay na mabibili. Magtanong sa inyong mga kaibigan o katrabaho o tawagan ang isang ahensiya ng tirahan sa inyong lugar kung sino ang mairerekomenda nilang ahente. Humiling ng ahente na kabisado ang lugar kung saan ninyong gustong bumili ng bahay. Puwede kayong maghanap sa "Classifieds" ng peryodiko sa ilalim ng "Homes for Sale". Puwede rin kayong mahanap ng mga karatulang nagsasabing "For Sale" sa mga kapaligiran na gusto ninyong makabili ng bahay.

Kailangang mangutang ang karamihan ng mga tao para pambayad sa bahay; tinatawag itong "mortgage". Puwede kayong kumuha ng mortgage mula sa isang bangko sa inyong lugar o mula sa isang kompanya na nag-aalok ng mortgage. Ang pagkuha ng mortgage ay nangangahulugang nangungutang kayo ng pera sa tiyak na tagal ng panahon.

Puwedeng bawasin sa inyong buwis na pang-pederal ang binabayaran ninyong interes sa inyong mortgage.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Mag-ingat sa mga nagpapautang na naniningil ng masyadong mataas na interes sa mga mortgage. Susubukan ng ilang mga nagpapautang na singilin kayo ng mas malaki dahil bago pa lamang kayo sa bansang ito. May mga batas na pumoprotekta sa inyo laban sa pandaraya, mga gastos na hindi kinakailangan, at diskriminasyon sa pagbili ng bahay. Kumuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagtingin sa seksiyong "Homes" sa http://www.hud.gov.

Kailangan rin ninyong bumili ng insurance pambahay at ari-arian para makatulong sa pagbayad ng anumang maaring masira sa inyong bahay sa hinaharap. Karaniwang binabayaran ng insurance ang mga nasira na resulta ng masamang panahon, sunog, o pagnanakaw. Kakailanganin rin ninyong magbayad ng buwis pang-ari-arian batay sa halaga ng inyong bahay.

Matutulungan kayo ng isang ahente ng tirahan o ng isang abogado para sa tirahan na makahanap ng mapagkukunan ng mortgage at insurance. Matutulungan rin niya kayong sagutin ang mga form para sa pagbili ng inyong bahay. Hindi kayo dapat singilin ng ahente ng tirahan sa inyong pagbili ng bahay. Pero kailangang bayaran ninyo ang isang abogado sa tirahan para tulungan kayong sagutin ang mga form. Kakailanganin ring ninyong magbayad para makakuha ng mortgage at para mag-sumite sa estado ng mga legal form. Ang mga bayad na ito ay tinatawag na "closing costs". Kailangang sabihin sa inyo ng inyong ahente ng tirahan o ng nagpapautang ng mortgage kung magkano ang mga babayaran ninyo bago ninyo pirmahan ang mga panghuling form para sa pagbili ng inyong bahay.

## MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBILI O PAGRERENTA NG BAHAY



**Tingnan ang website ng U.S. Department of Housing and Urban Development [Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Panlunsod ng Estados Unidos] sa http://www.hud.gov o tawagan ang 1-800-569-4287 para sa impormasyong nasa Ingles at Espanyol. Para sa impormasyon tungkol sa pagbili ng bahay at pagkuha ng mortgage, tingnan ang website ng Federal Citizen Information Center sa http://www.pueblo.gsa.gov. Tingnan rin ang seksiyong "For Homeowners and Home Buyers" ng http://www.fanniemae.com.**

# Pagkuha ng Numero sa Social Security

Bilang isang pirmihang naninirahan, puwede kayong makakuha ng numero sa Social Security (SSN). Ang numero sa Social Security ay numerong itinalaga para sa inyo ng pamahalaan ng Estados Unidos. Tinutulungan nito ang pamahalaang malaman kung magkano ang mga kinikita ninyo at ang mga benepisyong tinatanggap ninyo. Ginagamit rin ito ng mga bangko at ng mga iba pang ahensiya, tulad ng mga paaralan, para makilala kayo. Maaaring hingin sa inyo ang inyong SSN kapag kayo ay nagrenta ng bahay paupahan o bumili ng bahay.

Ang pangalan ng kagawaran ng pamahalaan na tagapangasiwa ng Social Security ay Social Security Administration [Pangasiwaang Social Security]. Hanapin ang tanggapan ng Social Security na pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng:

- Pagtanong sa mga kaibigan o kapitbahay kung nasaan ang pinakamalapit na tanggapan ng Social Security.
- Pagtawag sa 1-800-772-1213 sa pagitan ng 7 ng umaga at 7 ng gabi. Binibigay ang impormasyon sa Ingles at Espanyol. Mabibigyan kayo ng tagasalin sa inyong wika na wala kayong babayaran.
- Paghanap ng direksiyon sa mga pahinang asul ng direktoryo ng telepono.
- Paghanap sa website ng Social Security Administration sa http://www.socialsecurity.gov o, para sa Espanyol, tingnan ang http://www.segurosocial.gov/espanol/.

## KUNG HINDI KAYO MARUNONG MAGSALITA NG INGLES



**Mabibigyan kayo ng tanggapan ng Social Security ng isang tagasalin sa inyong wika na wala kayong babayaran para tulungan kayong mag-aplay ng inyong numero sa Social Security. Sabihin sa taong sumasagot ng inyong tawag sa 1-800-772-1213 na hindi kayo marunong magsalita ng Ingles. Kukuha sila ng tagasalin sa inyong wika na magsasalin para sa inyo sa telepono. Matutulungan rin kayo ng isang tagasalin sa inyong wika sa panahong pumunta kayo sa tanggapan ng Social Security.**

**Ang website ng Social Security Administration [Pangasiwaang Social Security] ay nagtataglay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga taong baguhan sa Estados Unidos. Ang isang bahagi ng website ay may impormasyon tungkol sa Social Security sa 14 na wika. Bisitahin ang http://www.socialsecurity.gov o, para sa Espanyol, tingnan ang http://www.segurosocial.gov/espanol/.**

Hindi ninyo kailangang sagutin ang isang application form o pumunta sa tanggapan ng Social Security para kumuha ng inyong numero sa Social Security kung:

- Humiling kayo ng inyong numero sa Social Security o ng Social Security card nang kayo ay nag-aplay para sa immigrant visa AT
- Nag-aplay kayo para sa immigrant visa noong Oktubre, 2002 o pagkatapos AT
- Kayo ay 18 taong gulang o mas matanda nang dumating sa Estados Unidos.

## IWASAN ANG IDENTITY THEFT



**Ang kahulugan ng "identity theft" ay ninakaw ng ibang tao ang inyong personal na impormasyon, tulad ng inyong numero sa Social Security o numero ng inyong bank account. Magagamit nila ito para maglabas ng pera mula sa inyong bank account o kumuha ng credit card na ginagamit ang inyong pangalan. Ang identiy theft ay isang mabigat na krimen. Protektahan ang inyong sarili sa pamamagitan ng:**

- **Pagtiyak na kilala at pinagkakatiwalaan ninyo ang mga tao at mga negosyo na pinagbibigyan ninyo ng inyong personal na impormasyon, lalo na sa telepono o sa Internet.**
- **Pag-iwan ng inyong Social Security card sa bahay o sa isang lugar na ligtas sa panganib. Huwag ninyong dala-dala ito.**
- **Pagdala lamang ng mga dokumentong pang identifikasyon o mga credit card na kailangan ninyo sa panahong iyon. Iwanan ang mga iba sa bahay sa isang lugar na ligtas sa panganib.**
- **Pagpunit ng mga papeles o mga form na nakasulat ang inyong personal information bago ninyo itapon sa basura ang mga ito.**

**Kung magkaproblema kayo sa identity theft, makakakuha kayo na tulong sa ID Theft Hotline ng Trade Commission sa 1-877-438-4338. Makakakuha rin kayo ng impormasyon sa http://www.ftc.gov/bcp/edu/microsites/idtheft.**

Sa ganitong kalagayan, ang impormasyong kailangan upang magtalaga sa iyo ng SSN ay ipinadala ng Department of State and Homeland Security [Kagawaran ng Estado at para sa Kapanatagan ng Bansa] sa Social Security Administration [Pangasiwaang Social Security]. Ang Social Security Administration ay magtatalaga sa iyo ng isang SSN at ipapakoreo ang iyong SSN card sa kaparehong direksiyon sa pagpapakoreo sa Estados Unidos kung saan ang USCIS ay nagpadala ng iyong Permanent Resident Card. Dapat mong matanggap ang iyong SSN card sa loob ng tatlong linggo pagkataapos mong dumating sa Estados Unidos. Makipag-ugnayan sa Social Security Administration kung hindi mo natanggap ang iyong card sa loob ng tatlong linggo ng pagkatapos mong dumating sa Estados Unidos o kung pinalitan mo ang iyong direksiyong pangkoreo pagkadating mo sa Estados Unidos pero bago mo natanggap ang iyong SSN card.

Dapat kang pumunta sa isang tanggapan ng Social Security upang makakuha ng SSN kung:

- Hindi kayo humingi ng inyong numero sa Social Security o ng Social Security card nang nag-aplay kayo para sa immigrant visa O
- Nag-aplay kayo para sa inyong immigrant visa bago ang Oktubre, 2002, O
- Kayo ay wala pang 18 taong gulang nang dumating kayo sa Estados Unidos.

Ang isang kinatawan ng Social Security ay tutulong sa iyo na mag-aplay para sa isang SSN.  Dalhin ang mga dokumentong ito kapag pumunta ka sa tanggapan upang mag-aplay:

- Isang sertipiko ng kapanganakan o mga ibang dokumento tulad ng inyong pasaporte na ipinapakita kung kailan at saan kayo ipinanganak AT
- Isang dokumentong ipinapakita kung anong kalagayan ng inyong paninirahan, kasama ang pahintulot na makapagtrabaho sa Estados Unidos.  Puwede itong ang inyong Kard ng Pirmihang Paninirahan o pasaporte na may immigration stamp o marka ng visa.

Ang iyong Social Security number ay ipapadala sa iyo sa koreo.  Dapat mong matanggap ang iyong Social Security card mga dalawang linggo pagkatapos makuha ng Social Security Administration [Pangasiwaang Social Security] ang lahat ng dokumentong kailangan para sa iyong aplikasyon. Kung kailangan nilang beripikahin ang alinman sa iyong mga dokumento, maaaring umabot ng mas matagal upang makuha ang iyong SSN.

## Pangangasiwa ng Inyong Pera


### Pagkuha ng Bank Account

Ang bank account ay isang ligtas na lugar para paglagyan ng inyong pera.  Ang mga bangko ay may ibat-ibang mga klase ng account.  Ang checking account (para pambayad ng cheke sa pamimili) at ang savings account (pag-iipon para kumita ng interes ang inyong pera) ang dalawang karaniwang account.  Puwede kayong magbukas ng isang account para sa inyong sarili o ng isang pinagsamahang account na kasama ang inyong asawa o ibang tao.  Puwede kayong singilin ng bayad ng mga bangko para sa ilang mga serbisyo nila.

Ang credit unions [mga kooperatiba] at ang mga asosasyong pang-tipiran at pang-utangan ang mga ibang mapagpipilian para sa pagbabangko.  Maaaring may kooperatiba ang inyong pinagtatrabahuhan na puwede ninyong salihan.  Ang mga kooperatiba ay nagkakaloob sa karamihan ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng mga bangko, pero marami ang naghahandog ng mga karagdagang serbisyo.  Ikumpara ang mga serbisyo, butaw, oras, at lokasyon ng mga bangko bago kayo magbukas ng account, para makapamili ng bangkong lubos na sinasapat ang inyong mga pangangailangan.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Maraming tindahan ang naghahandog ng pagpapalit ng cheke sa pera at pagpapadala ng pera sa ibang bansa, pero may bayad ang mga ito.  Alamin kung mas mura ang singil ng inyong bangko para sa mga serbisyong ito.

### PANATILIHING NASA MABUTING LUGAR ANG INYONG PERA




**Hindi mabuting mag-iwan ng malalaking halaga ng pera sa inyong bahay.  Hindi rin mabuting magdala ng maraming pera.  Puwede itong manakaw o mawala.  Protektado ang inyong pera kung idedeposito ninyo ito sa isang bangko na miyembro ng Federal Deposit Insurance Corporation (FDIC).  Ang FDIC ay nagkakaloob sa mga bangko ng insurance para protektahan ang inyong pera.  Kung magsara ang inyong bangko, babayaran ng FDIC ang halaga ng perang nasa inyong account hanggang sa $100,000.  Tiyaking may FDIC insurance ang bangkong pinili ninyo.**

Sa panahong nagbukas kayo ng isang bank account, hihingan kayo ng pagpapatunay ng inyong identidad. Puwede ninyong gamitin ang inyong Kard ng Pirmihang Paninirahan o ang inyong lisensiya sa pagmamaneho. Kakailanganin ninyong magbigay ng pera sa bangko—na tinatawag na "deposit"—para ilagay sa inyong bagong account. Pagkalipas ng mga ilang araw, puwede na kayong maglabas ng pera sa inyong account. Tinatawag itong "withdrawing" ng pera. Puwede kayong magwithdraw ng pera sa pamamagitan ng pagsulat ng tseke, pagpunta sa isang Automatic Teller Machine (ATM), o sa pagsulat sa isang withdrawal form ng bangko.

## Paggamit ng Inyong Bank Account

Puwede kayong maglabas ng pera sa inyong bank account na ginagamit ang isang personal check o ATM card. Tiyakin ninyong kayo lamang, at kung mayroon kayong joint (samahang) account, ang kasama ninyo sa joint account ang makakapaglabas ng pera sa inyong account.



**Personal checks.** Kayo ay makakatanggap ng personal checks kapag nagbukas kayo ng checking account. Ang mga tsekeng ito ay mga form na sinusulatan ninyo para pambayad sa anuman. Sinasabi ng mga tseke sa inyong bangko na bayaran ang tao o negosyo na sinulat ninyo sa tseke. Itago ninyo sa isang ligtas na lugar itong mga tseke.


**ATM cards.** Puwede kayong humiling sa inyong bangko ng ATM card. Ito ay isang maliit na plastic card na kaugnay sa inyong bank account. Gamitin itong card para kumuha ng cash o magdeposito ng pera sa inyong account sa isang ATM. Karaniwang wala kayong binabayarang fee para sa paggamit ng ATM ng inyong bangko. Maaari kayong magbayad ng fee kung ginagamit ninyo ang ATM ng ibang bangko.

Tuturuan kayo ng mga tauhan ng bangko kung paano gamitin ang ATM card at bibigyan kayo ng isang espesyal na numero, na tinatawag na PIN ("personal identification number") para gamitin sa ATM. Mag-ingat kapag ginagamit ang mga ATM. Huwag na huwag ibigay sa kahit sino ang inyong PIN o ATM card. Puwede nilang gamitin ito para maglabas ng pera sa inyong account.

**Debit cards.** Maaari kayong bigyan ng inyong bangko ng debit card para gamitin para sa inyong checking account. Kung minsan, puwede ring gamitin ang inyong ATM card bilang debit card. Pinapayagan kayo ng debit cards na bayaran ang anuman na walang sinusulat na tseke sa pamamagitan ng pagpapadala ng inyong bangko ng pera diretso sa negosyong binibilhan ninyo.

**Bank checks.** Ang bank checks ay mga tsekeng sinusulat ng bangko alinsunod sa inyong kahilingan. Magbibigay kayo ng pera sa bangko at gagawa sila ng bank check sa halagang iyon na nakapangalan sa tao o negosyo na kung saan niyo gustong ipadala ito. Maaaring naniningil ng bayad ang mga bangko para sa bank checks.

## CREDIT CARDS



Ang mga credit card—na tinatawag ring "charge cards"—ay pinapayagan kayong mamili at bayaran ang mga ito sa ibang panahon. Ang mga bangko, mga tindahan, at mga gasolinahan ang ilan sa mga negosyong puwedeng magbigay sa inyo ng credit card. Tatanggap kayo ng kuwenta sa pamamagitan ng koreo bawat buwan para sa mga binili na gamit ang credit card. Wala kayong babayarang interes kung bayaran ninyo ang buong halaga ng kuwenta ng inyong utang sa oras na matanggap ninyo ito. Sisingilin kayo ng interes at malamang na karagdagang butaw kung hindi ninyo bayaran ang buong halaga o kung atrasado ang inyong pagbayad. Mataas ang interes ng mga ilang mga credit card.

Mag-iingat sa pagbibigay sa ibang tao ng inyong numero ng credit card, lalong-lalo na sa telepono o sa Internet. Tiyakin ninyong kilala at pinagkakatiwalaan ninyo ang tao o negosyo na humihingi ng inyong numero.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Tingnang maigi ang inyong kuwenta ng credit card tuwing buwan para matiyak ninyong tama ang lahat ng mga singil. Tawagan kaagad ang kompanya ng credit card kung mayroon kayong makitang singil na hindi ninyo ginawa. Karaniwang hindi ninyo kailangang bayaran ang mga singil na hindi ninyo ginawa kung kaagad ninyong ipagbibigay-alam ito sa kompanya ng credit card.

Ilista ninyo ang mga numero ng lahat ng inyong mga bank account at debit, ATM, at mga credit card. Isulat rin ninyo ang mga numero ng telepono ng mga kompanyang ito. Itago itong impormasyon sa isang ligtas ng lugar. Kung mawala o manakaw ang inyong wallet, matatawagan ninyo ang mga kompanya at kanselahin ang lahat ng inyong mga card.

## ANG INYONG CREDIT RATING



Sa Estados Unidos, mahalaga kung paano ninyo pangasiwaan ang inyong credit. Mayroong mga organisasyong gumagawa ng "credit score" o "credit rating" para sa inyo batay sa kung paano ninyo binabayaran ang inyong mga utang, gaano karami ang inyong mga utang, at mga iba pang bagay. Mahalagang-mahalaga itong credit rating kapag gusto ninyong bumili ng bahay, o kotse, o mangutang. Ito ang mga ilang bagay na magagawa ninyo para magkaroon ng mabuting credit rating.

- Bayaran sa oras ang inyong mga utang.
- Panatilihang mababa ang mga balanse sa inyong credit card. Magbayad ng hindi kukulangin sa pinakamababang halagang kailangang bayaran tuwing buwan.
- Huwag mag-aplay para sa maraming pautang o mga credit card.

Alinsunod sa batas pederal, makakakuha kayo ng libreng credit report minsan sa isang taon. Kung gusto ninyong makatanggap ng kopya ng inyong credit rating report, puwede ninyong tawagan ang 1-877-322-8228 o tingnan ang http://www.annualcreditreport.com.

# Paghahanap ng Trabaho

Maraming paraan ng paghahanap ng trabaho sa Estados Unidos. Para madaragdagan ang inyong mga pagkakataong makahanap ng trabaho, puwede kayong:

- Magtanong sa inyong mga kaibigan, kapitbahay, kapamilya, o sa mga ibang tao sa inyong komunidad tungkol sa mga bakante sa trabaho o mga lugar na mabuting pagtrabahuhan.
- Tumingin sa seksiyon ng "Classifieds" ng peryodiko sa ilalim ng "Employment".
- Maghanap ng mga karatulang nagsasabing "Help Wanted" sa mga bintana ng mga negosyo sa inyong lugar.
- Pumunta sa Employment office o Human Resources office ng mga negosyo sa inyong lugar para magtanong kung mayroon silang mga bakante sa trabaho.
- Pumunta sa mga ahensiya ng komunidad na tumutulong sa dayuhan na makahanap ng trabaho o ng mga programa ng pagsasanay para makapagtrabaho.
- Tumingin sa mga bulletin board ng mga aklatan, grocery, at lugar na panglipunan ng komunidad sa inyong lugar para sa mga notisya tungkol sa mga bakante sa trabaho.
- Magtanong sa kagawarang para sa mga serbisyong nauukol sa empleyo para sa inyong estado.
- Maghanap ng mga trabaho sa Internet. Kung ginagamit ninyo ang kompyuter sa aklatan sa inyong lugar, puwede kayong tulungan ng mga tauhan ng aklatan para magsimulang maghanap ng trabaho.

### Pag-aplay sa Trabaho

Hihilingin sa inyo ng karamihan ng mga pinagtatrabahuhan na sagutan ang isang aplikasyong pangtrabaho. Ito ay isang form na tinatanong ang inyong direksiyon, edukasyon, at mga karanasan sa trabaho. Maaari ring humingi ito ng impormasyon tungkol sa mga taong nakatrabaho o pinagtrabahuhan ninyo sa nakaraan. Ang mga ito ay tinatawag na "references"at maaaring tawagan sila ng pinag-aaplayan ninyo ng trabaho para magtanong tungkol sa inyo.


Kailangan kayong gumawa ng isang "resumé" na nakatala ang inyong mga karanasan sa trabaho. Ipinapakita ng resume sa inyong pinag-aaplayan ng trabaho ang inyong mga nakalipas na trabaho, ang inyong edukasyon o pagsasanay, at ang inyong mga kakayahan sa trabaho. Dalhin ninyo ang inyong resume kapag nag-aaplay kayo ng trabaho.

Ang isang mahusay na resumé ay:

- Nakalagay ang inyong pangalan, direksiyon, at numero ng telepono.
- Nakatala ang mga nakaraang trabaho ninyo at kasama ang mga petsang nagtrabaho kayo.
- Ipinapakita kung ano ang natapos ninyong edukasyon.
- Ipinapakita ang anumang espesyal na mga kakayahang taglay ninyo.
- Madaling basahin at walang mga mali.

Magtanong sa mga ahensiya na hinihingan ng tulong sa inyong lugar kung matutulungan nila kayong gumawa ng inyong resumé. Matutulungan rin kayo ng mga pribadong negosyo, pero naniningil sila para sa serbisyong ito.

## ANO ANG BENEFITS?



Karagdagan sa inyong sahod, nagbibigay ng employment "benefits" ang mga ilang pinagtatrabahuhan. Puwedeng kabilang sa benefits ang:

- Pangangalagang pangmedikal.
- Pangangalaga para sa mga ngipin.
- Pangangalaga para sa mga mata.
- Life insurance.
- Retirement plan.

Maaaring binabayaran ng mga pinagtatrabahuhan ang mga ilan sa o lahat ng gastos para sa benepisyo na ito. Tanungin kung anong mga benepisyo ang ipagkakaloob ng inyong pinag-aaplayan ng trabaho.

### Ang Interbyu para sa Trabaho

Maaaring gusto kayong kausapin ng inyong pinag-aaplayan ng trabaho tungkol sa trabahong pinag-aaplayan ninyo. Tatanungin nila kayo tungkol sa mga trabaho ninyo sa nakaraan at tungkol sa inyong mga kakayahan. Puwede kayong magpraktis sa isang kaibigan o kapamilya sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa inyong mga trabaho sa nakaraan at tungkol sa inyong mga kakayahan para maging handa kayo para sa interbyu. Puwede rin kayong magtanong sa inyong pinag-aaplayan ng trabaho. Mabuti itong pagkakataon para magtanong tungkol sa trabahong pinag-aaplayan ninyo.

## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN: ANG MGA EMPLEADO AY PROTEKTADO NG MGA BATAS PEDERAL



Ang mga pinagtatrabahuhan ay pinagbabawalan ng mga ilang batas pederal na magkaroon ng diskriminasyon laban sa mga taong nag-aaplay ng trabaho. May mga batas ang Estados Unidos na ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa:

- Lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, at kasarian (Batas na nauukol sa mga Karapatan ng mga Mamamayan).
- Gulang (Batas na nauukol sa Diskriminasyon sa Trabaho Batay sa Gulang).
- Mga Kapansanan (Batas na nauukol sa mga Amerikanong May Kapansanan).
- Kasarian (Batas na nauukol sa Pantay na Pasahod).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksiyong ito, tingnan ang website ng U.S. Employment Opportunity Commission sa http://www.eeoc.gov o tawagan ang 1-800-669-4000 at 1-800-669-6820 (para sa mga may diperensiya sa pandinig).

Ang mga iba pang batas ay tumutulong na panatilihing walang-panganib ang mga lugar ng trabaho, magkaloob ng bakasyon sa trabaho sa mga pagkakataong may kagipitan sa pamilya o kasakitan ng katawan, at magkaloob ng mga pansamantalang panustos sa mga manggagawang walang-trabaho. Tingnan ang website ng U.S. Department of Labor [Kagawaran ng mga Trabahador ng Estados Unidos] sa http://www.dol.gov para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga manggagawa.

Maaari ninyong itanong kung:

- Ano ang mga oras ng trabaho?
- Magkano ang suweldo? (Iniuutos ng batas sa Estados Unidos sa karamihan ng pinagtatrabahuhan na magbayad ng "minimum wage", ang pinakamababang pinahihintulutang suweldo.)
- Ilang araw ang binibigay na bakasyon?
- Ilang araw ang binibigay na bakasyon kung may sakit?
- Anong mga benepisyo ang kasama sa trabaho?

Maaaring maraming itatanong sa inyo sa interbyu ang pinag-aaplayan ninyo ng trabaho. Pero may mga ilang tanong na hindi puwedeng itanong sa inyo ng mga pinag-aaplayan ninyo ng trabaho. Kayo ay hindi puwedeng tanungin tungkol sa inyong lahi, kasarian, estado sibil, relihiyon, bansang pinagmulan, gulang, o anumang maaaring kapansanan ninyo.

## PROTEKSIYON NG PAMAHALAANG PEDERAL PARA SA MGA MANGGAGAWANG DAYUHAN



**Iniuutos ng batas pederal na hindi puwedeng magdiskriminasyon laban sa inyo ang mga pinagtatrabahuhan dahil sa inyong kalagayan ng paninirahan. Ang mga pinagtatrabahuhan ay hindi puwedeng:**

- **Pagkaitan kayo ng trabaho, o sisantihin dahil sa inyong kalagayan ng pagkadayuhan o dahil hindi kayo isang mamamayan ng Estados Unidos.**
- **Mag-utos sa inyong ipakita ang isang Kard ng Pirmihang Paninirahan, o hindi tanggapin ang inyong mga legal na dokumentong para makapagtrabaho.**
- **Piliing magbigay ng trabaho sa mga manggagawang walang papeles.**
- **Magpakita ng diskriminasyon laban sa inyo dahil sa inyong bansang pinagmulan.**
- **Paghigantihan ang kahit sinong empleadong nagrereklamo tungkol sa mga pagtratong binabanggit sa itaas.**

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, o para magsampa ng reklamo, tawagan ang Office of Special Council sa 1-800-255-7688 o 1-800-237-2515 (para sa mga may diperensiya sa pandinig). Kung hindi kayo marunong magsalita ng Ingles, may mga tagasalin na tutulong sa inyo. Puwede rin ninyong tingnan ang http://www.usdoj.gov/crt/osc para sa karagdagang impormasyon.**

### Ano ang Inyong Maaasahan Kapag Kayo ay Matanggap sa Trabaho

Sa panahong pumasok kayo sa inyong unang araw ng trabaho, pasasagutan kayo ng mga ilang form. Kabilang sa mga ito ang:

- Form I-9, ang Employment Eligibility Verification Form [Form sa Pagpapatotoo ng Pagiging Karapat-dapat sa Pagtatrabaho]. Ayon sa batas, dapat tiyakin ng iyong tagapag-empleyo na ang lahat ng mga kinuhang manggagawa ay karapat-dapat magtrabaho sa Estados Unidos. Sa unang araw mo sa trabaho, kakailanganin mong kumpletuhin ang I-9 form. Sa loob ng tatlong araw ng trabaho, dapat mong ipakita sa iyong tagapag-empleyo ang iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan at mga dokumento ng pahintulot na magtrabaho. Makakapili ka kung anong mga dokumento ang ipapakita bilang katunayan ng iyong karapatang magtrabaho sa Estados Unidos, kailangan lamang na ang dokumento ay nakalista sa

I-9 form. Ang listahan ng mga tinatanggap na dokumento ay nasa likod ng I-9 form. Kabilang sa mga tinatanggap na dokumento ang iyong Permanent Resident Card o isang walang-kabawalan na Social Security number card kasama ng isang lisensiya sa pagmamaneho na inisyu ng estado.

- Form W-4, Employee's Withholding Allowance Certificate [Sertipikong Nauukol sa Pagbawas sa Sinasahod ng Empleado]. Kailangang bawasin ng inyong pinagtatrabahuhan sa inyong suweldo ang mga buwis pederal at ipadala ito sa pamahalaan. Tinatawag itong "withholding tax". Inuutusan ng Form W-4 ang inyong pinagtatrabahuhan na bawasin ang mga buwis at tinutulungan kayong malaman ang wastong halagang babawasin.
- Mga Iba Pang Form. Baka kakailanganin ninyong sagutin ang isang tax withholding form para sa estadong tinitirahan ninyo at ang mga form para makatanggap kayo ng mga benepisyo.

Puwede kayong sumahod tuwing linggo, tuwing dalawang linggo, o minsan sa isang buwan. Makikita sa inyong suweldo ang mga halagang binawas para sa mga buwis pederal at estado, Social Security, at anumang mga benepisyo ng pagka-empleyado na binabayaran ninyo. May mga ilang pinagtatrabahuhan na diretsong pinadadala sa bangko ang inyong sahod; tinatawag itong direct deposit.

## Pagsasalita ng Ingles sa Trabaho



Kung kayo ay hindi marunong magsalita ng Ingles, pagsikapan ninyong matuto nito sa lalong madaling panahon. Makakahanap kayo sa inyong komunidad ng mga klaseng tinuturo ang Ingles na walang-binabayaran o maliit lamang ang binabayaran, sa kadalasan sa mga paaralang pampubliko o kolehiyong pang-komunidad sa inyong lugar. Makakatulong sa inyo sa inyong trabaho, sa inyong komunidad, at sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay ang inyong pagtutong magsalita ng Ingles. Tingnan ang pahina 45 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aaral ng Ingles.

Kung sinasabi ng inyong pinagtatrabahuhan na dapat kayong magsalita ng Ingles sa trabaho, kailangan niyang ipakita na kinakailangang marunong kayong magsalita ng Ingles para maisagawa ninyo ng tama ang inyong trabaho. Dapat ring sabihin sa inyo ng inyong pinagtatrabahuhan na kinakailangang marunong kayong magsalita ng Ingles bago niya kayo bigyan ng trabaho. Kung hindi maipapakita ng inyong pinagtatrabahuhan na kinakailangang nagsasalita kayo ng Ingles para isagawa ang inyong trabaho, maaaring lumalabag siya sa isang batas pederal. Kung kailangan ninyo ng tulong o ng karagdagang impormasyon, puwede ninyong kontakin ang U.S. Equal Employment Opportunity Commissioin (EEOC) [Komisyon para sa Pantay na Pagkakataon sa Empleo ng Estados Unidos] sa pagtawag sa 1-800-669-4000 o 1-800-669-6820 (para sa mga may diperensiya sa pandinig) o tingnan ang http://www.eeoc.gov.

## Drug Tests at Background Checks

May mga ilang trabaho na puwede kayong utusang magpatesting para tiyaking kayo ay hindi gumagamit ng mga gamot na ipinagbabawal ng batas. Kinakailangan sa mga ilang trabaho ang background check, isang imbestigasyon ng inyong mga ginawa sa nakaraan at ng inyong situwasyon sa kasalukuyan.

# Pagbayad ng mga Buwis


Ang mga buwis ay perang binabayad sa mga pamahalaang pederal, estado at panglokal ng mga mamamayan at mga residente ng Estados Unidos. Ang mga buwis ang pambayad sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng pamahalaan. Mayroong ibat-ibang klase ng buwis, tulad ng sales tax, at property tax.

**Income tax [Buwis].** Binabayad ang buwis sa mga pamahalaang pederal, karamihan ng mga estado at mga ilang pamahalaang panglokal. Ang "taxable income" ay ang perang galing sa mga suweldo, sariling hanapbuhay, tips, at ang pagbebenta ng ari-arian. Binabayaran ng karamihang tao ang kanilang mga buwis sa pamamagitan ng pagbawas sa kanilang suweldo. Ang halaga ng buwis na kailangan ninyong bayaran ay depende sa kung magkano ang inyong kita. Mas mababa ang mga buwis para sa mga taong mababa ang kita. Ang sinumang kumikita, naninirahan sa Estados Unidos, at sinusunod ang ilang mga panuntunan, ay kailangang magsumite ng tax returns at bayaran ang mga buwis na kailangan nilang bayaran.

Ang Internal Revenue Service (IRS) [Palingkurang Rentas Internas] ang ahensiya ng pamahalaang pederal na nangongolekta ng buwis. Ang mga nagbabayad ng buwis ay nagsu-sumite sa IRS ng isang federal "income tax return" Form 1040 bawat taon. Sinasabi sa pamahalaan ng inyong tax return kung magkano ang inyong kinita at kung magkanong buwis ang binawas sa inyong suweldo. Tatanggap kayo ng refund kung masyadong malaki ang nabawas sa inyong suweldo. Kailangan ninyong magbayad sa IRS kung hindi sapat ang binawas sa inyong suweldo.

**Mga buwis para sa Social Security at Medicare.** Ang mga buwis pederal ay binabawas sa iyong suweldo. Ang Social Security ay nagkakaloob ng mga benepisyo para sa ilang manggagawang retirado at ng kanilang pamilya; ilang manggagawang may kapinsanan at kanilang pamilya; at ilang mga kapamilya ng mga manggagawang namatay. Binabayaran ng mga buwis para sa Medicare ang mga serbisyong pangmedikal para sa karamihan ng mga taong mas matanda sa 65 taong gulang.

### ANG INYONG W-2 FORM: ULAT NG INYONG KITA AT BUWIS


Form W-2 Wage and Tax Statement

**Ang W-2 ay isang form ng pamahalaang pederal na nakatala ang inyong mga kita at ang mga buwis na binayaran ninyo para sa nakaraang taon ng buwis. Ang taon ng buwis ay mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng bawat taon. Alinsunod sa batas, kailangan kayong padalhan ng inyong pinagtatrabahuhan ng isang W-2 form bago mag Enero 31 ng bawat taon. Makakatanggap kayo ng W-2 form para sa bawat trabaho ninyo. Kailangan kayong magpadala sa IRS ng isang kopya ng inyong W-2 form kasama ng inyong buwis na pang-pederal. Kung kayo ay naninirahan sa isang estadong naniningil ng buwis, kailangan kayong magpadala ng kopya ng inyong W-2 kasama ang inyong buwis na pang-estado.**

Sa karamihan ng mga kaso, kailangan kayong nakapagtrabaho sa kabuuang 10 taon (o 40 quarters) sa buong buhay ninyo para makatanggap ng mga benepisyo galing sa Social Security para sa mga manggagawang retirado at mga benepisyo galing sa Medicare. Makakatanggap ng benepisyo batay sa kinikita ang isang manggagawa na may kapansanan o namatayan ang kanyang pamilya kahit wala pang 10 taon ang kanyang pagtatrabaho.

**Mga Sales tax.** Ang mga sales tax ay mga buwis ng estado at ng pamahalaang panglokal. Dinaragdag ang mga buwis na ito sa halaga ng ilang mga bagay na binibili. Binabatay ang sales tax sa halaga ng bagay na binibili. Nakakatulong ang mga sales tax sa pagbayad sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng estado at ng pamahalaang panglokal, tulad ng mga kalsada, pulis, at mga bombero.

**Mga Property tax.** Ito ang mga buwis ng estado at ng pamhalaang panglokal sa inyong bahay at lupa. Sa karamihan ng mga lugar, nakakatulong ang mga property tax sa pagtustos sa mga paaralang pampubliko at mga iba pang serbisyo.

### Pagkuha ng Tulong Na Nauukol sa Inyong Mga Buwis

Bilang isang pirmihang naninirahan, kinakailangan kayong magsumite sa bawat taon ng buwis na pang-pederal. Sinasakop nito ang inyong mga kita para sa Enero hanggang Disyembre ng nakalipas na taon. Kailangan kayong magsumite bago mag Abril 15. Makakakuha kayo ng libreng tulong para sa inyong tax return sa isang IRS Taxpayer Assistance Center. Hindi ninyo kailangang tumawag nang pauna. May mga Taxpayer Assistance Center sa lahat ng dako ng Estados Unidos. Para malaman kung saan ang Taxpayer Assistance Center sa inyong lugar, tingnan ang http://www.irs.gov/localcontacts/index.html o tawagan ang IRS sa 1-800-829-1040.

### ANO ANG GINAGAWA PARA SA ATIN NG PAMAHALAAN






**Ang mga buwis ay pambayad para sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng pamahalaang pederal sa mga mamamayan ng Estados Unidos. Ang mga ilang halimbawa ng mga serbisyong ito ay:**

- **Pinananatiling ligtas at malayo sa panganib ang ating bansa.**
- **Ginagamot at iniiwasan ang mga sakit sa pamamagitan ng mga pananaliksik.**
- **Pinoprotektahan ang ating pera sa bangko sa pamamagitan ng pagseseguro sa mga ito.**
- **Pinag-aaral ang mga kabataan at mga taong nasa hustong gulang.**
- **Pagtatayo at pagpapatuloy ng mga kalsada at mga highway.**
- **Pagkaloob ng mga serbisyong pangmedikal sa mahihirap at matatanda.**
- **Pagkaloob ng biglaang tulong kapag nagkaroon ng mga sakunang pangkalikasan, tulad ng mga bagyo, baha, o lindol.**

## Pagbibiyahe sa Estados Unidos

Maraming paraan para makapagbiyahe sa Estados Unidos. Maraming lungsod ang may mga bus, tren, (na tinatawag ring subways), mga trolley, o mga streetcar. Kahit sino ay puwedeng sumakay sa mga sasakyang ito at nagbabayad ng maliit na halaga. Sa mga ibang lugar, puwede kayong bumili ng isang card para pamasahe sa maraming pagsakay sa mga subway o bus. Puwede rin kayong magbayad ng pasahe para sa bawat isang pagsakay. Ang mga taxicab o "taxi", ay mga kotseng binabayaran para ihatid kayo sa lugar na gusto ninyong puntahan. Mas mahal ang mga taxi kaysa mga ibang transportasyong pampubliko.

## KAILANGAN KO BANG BUMILI NG KOTSE?



**Ang pagmamay-ari ng isang kotse ay isang maginhawang paraan ng pagbibiyahe. Sa Estados Unidos, kailangan rin kayong magbayad ng insurance para sa kotse, pagpaparehistro ng inyong sasakyan, at mga lisensiya. Puwedeng maging mahirap magmaneho sa ilang mga lungsod dahil sa dami ng mga sasakyang nasa kalsada. Pag-isipan muna ninyo ang lahat ng mga pagkakagastahan at mga kabutihan bago kayo magdesisyong bumili ng kotse.**

### Pagkuha ng Lisensiya sa Pagmamaneho ng Sasakyan

Labag sa batas ang magmaneho ng sasakyan na walang lisensiya. Kailangan kayong mag-aplay para sa lisensiya. Maari ninyong kunin ang lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan sa estadong inyong tinitirahan.

Itanong sa tanggapan ng estado na nag-iisyu ng mga lisensiya sa pagmamaneho upang malaman kung paano makakakuha nito. Ang mga tanggapang ito ay may magkakaibang pangalan sa bawat estado. Ang ilang pangkaraniwang pangalan ay Department of Motor Vehicles (DMV) [Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor], Department of Transportation [Kagawaran ng Transportasyon], Motor Vehicle Administration [Pangasiwaan ng Sasakyang De-motor], o Department of Public Safety [Kagawaran ng Pampublikong Kaligtasan]. Maaari ninyong makita ang mga tanggapang ito sa mga asul na pahina ng libro ng telepono o kumuha ng karagdagang impormasyon sa http://www.usa.gov/Topics/Motor_Vehicles.shtml.

Ang mga ilang pirmihang naninirahan ay mayroon nang lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan na mula sa ibang bansa. Maaari ninyong ipagpalit ito para sa lisensiya na mula sa inyong estado. Magtanong sa tanggapan sa inyong estado kung puwede ninyong gawin ito.

## 10 MGA DAPAT TANDAAN PARA SA PAGMAMANEHO NANG LIGTAS SA ESTADOS UNIDOS.



- **Magmaneho sa kanan ng kalsada.**
- **Palaging dalhin ang inyong lisensiya sa pagmamaneho at insurance card.**
- **Palaging gamitin ang inyong seatbelt.**
- **Gamitin ang naaangkop na mga seatbelt at mga car safety seat para sa mga bata.**
- **Gamitin ang mga signal ng kotse para ipakita kung kayo ay kakaliwa o kakanan.**
- **Sundin ang lahat ng mga batas at signal pantrapiko.**
- **Huminto sa tabi ng kalsada kung kailangang palampasin ang isang sasakyan na pang-emergency—kotse ng pulis, trak ng bombero, o ambulansiya.**
- **Huwag lalampasan ang isang school bus kapag kumikislap ang mga pulang ilaw nito.**
- **Huwag magmamaneho kung kayo ay nakainom o nakagamit ng pinagbabawal na gamot.**
- **Mag-ingat nang husto kapag nagmamaneho at may hamog, yelo, ulan o niyebe.**

**MGA DAPAT TANDAAN:** Ang lisensiya sa pagmamaneho ay ginagamit sa Estados Unidos para identipikasyon. Isang mabuting ideya ang kumuha nito kahit wala kayong sasakyan.

Puwede kayong magpaturong magmaneho kung kayo ay hindi marunong magmaneho. Maraming distrito ng paaralang pampubliko ang naghahandog ng mga klaseng "driver education". Puwede rin kayong maghanap sa ilalim ng "Driving Instruction" sa mga pahinang dilaw ng direktoryo ng telepono.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Hindi kinaugalian sa Estados Unidos ang hitchhiking [nakikisakay sa daan]. Ito ay labag sa batas sa maraming lugar. Para sa mga dahilang pangkaligtasan, huwag kayong makisakay sa mga estrangero at huwag magpapasakay mga estrangero sa daan.

### MGA IMPORMASYON PARA SA PAGBIBIYAHE



**Para sa pagbibiyahe sa bus: Greyhound 1-800-229-9424 o http://www.greyhound.com.**



**Para sa Pagbibiyahe sa tren: Amtrak 1-800-872-7245 o http://www.amtrak.com.**



**Para sa pagbibiyahe sa eroplano: Marami ang mga airline sa Estados Unidos. Maghanap sa mga pahinang dilaw sa direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Airlines".**

## Pangangalaga ng Inyong Kalusugan

Binabayaran ng mga mamamayan ng Estados Unidos ang kanilang pangangalanggang medikal. Mahal ang pangangalanggang medikal kaya maraming tao ang bumibili ng health insurance. Dapat kayong kumuha ng health insurance para sa inyo at sa inyong pamilya sa lalong madaling panahon.

Maaaring magbigay ng health insurance ang mga pinagtatrabahuhan bilang isang benepisyo sa kanilang mga empleyado. Ang ilang mga pinagtatrabahuhan ay nagbabayad ng lahat ng inyong buwanang bayad pang-health insurance, at ang iba ay binabayaran lamang ang bahagi ng singil. Tinatawag na "premium" itong buwanang bayad. Maaaring kailangan ninyong bayaran ang bahagi ng premium. Sa karaniwan, binabawas ng pinagtatrabahuhan sa suweldo ng empleado ang kanyang bahagi sa premium.

## PAGHAHANAP NG ISANG CLINIC O MGA IBA PANG MURANG HEALTHCARE [PAGKALINGA SA KALUSUGAN]



**Ang mga clinic ay mga medical office na nagkakaloob ng mga libreng o murang serbisyo. Ang karamihan ng mga komunidad ay may isang clinic. Maaaring may nalalamang murang o libreng clinic sa inyong lugar ang mga organisasyong pangkomunidad na tumutulong sa mga dayuhan.**

**Ang U.S. Department of Health and Human Services (HHS) [Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan at Pantao] ay nagkakaloob rin ng simpleng pagkalinga sa kalusugan sa mga dayuhan. Mayroon silang website na nakalista ang mga clinic at mga mapagpipiliang pagkalinga sa kalusugan. Para makapaghanap ng clinic o doktor na malapit sa inyo, tingnan ang http://ask.hrsa.gov/pc/. Itala ang inyong estado o zip code para makuha ang impormasyon. Puwede rin kayong maghanap sa mga pahinang dilaw sa ilalim ng "Social Services".**

Pinadadala ng mga doktor ang kanilang mga singil sa kompanya ng health insurance. Babayaran ng kompanya ng health insurance ang bahagi o lahat ng mga serbisyong medikal na natanggap ninyo. Kalimitan ay kailangan ninyong bayaran ang bahagi ng inyong mga utang na pang-medikal. Ito ang tinatawag kung minsan na "co-payment".

Kung wala kayong health insurance, maaari kayong makakuha ng tulong para sa pagkalinga sa kalusugan mula sa pamahalaang pederal o estado. Sa karaniwan, ang karamihan ng mga estado ay nagkakaloob ng mga ilang klaseng tulong sa kabataan at mga buntis. Magtanong sa Kagawaran ng Pangkalusugan Pampubliko ng inyong estado o lungsod.


Kung kailangang-kailangan ninyo ang pangangalagang medikal, puwede kayong pumunta sa emergency room ng ospital na pinakamalapit sa inyo. Ang karamihan ng mga ospital ay inaatasan ng batas pederal na gamutin ang mga pasyenteng may medical emergency kahit hindi makakapagbayad ang taong iyong.

### Mga Programang Pamahalaang Pederal at Estado sa Pangkalusugan ng Mamamayan

Ang **Medicaid** ay isang magkaanib na programang pederal/estado para sa mga taong mababa ang kita. Ang bawat estado ay may kanilang sariling mga pamatnubay para sa Medicaid. Binabayaran ng Medicaid ang mga serbisyong medikal, na tulad ng mga pagpapatingin sa doktor at pagpapaospital. Ang mga pirmihang naninirahan na pumasok ng Estados Unidos bago ang Agosto 22, 1996 ay maaaring makatanggap ng Medicaid kung nasasapat nila ang ilang mga kondisyon. Ang mga pirmihang naninirahan na pumasok sa Estados Unidos noong Agosto 22, 1996 o pagkalipas nito ay baka maaaring makatanggap ng Medicaid kung sila ay naninirahan sa Estados Unidos ng 5 taon o mas matagal at nasasapat nila ang ilang mga kondisyon.

Ang **Medicare** ay isang programang segurong pangkalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda na may mga partikular na kapansanan.  Ang Medicare ay nagbabayad para sa mga serbisyo kung ikaw ay may-sakit o napinsala ang katawan, pero hindi nagbabayad para sa pangkaraniwang pangangalaga (tulad ng pagpapatingin sa iyong doktor), pangangalaga ng ngipin, o pangangalaga ng mata.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDICAID AT MEDICARE



Kontakin ang Pangasiwaang Social Security sa 1-800-772-1213 o tingnan ang website ng Centers for Medicare and Medicaid Service sa http://www.cms.hhs.gov.

Ang Medicare ay maraming bahagi, kabilang ang Bahagi A, Bahagi B, at pagsakop ng inireresetang gamot.  Ang Bahagi A ay libre at nagbabayad para sa pangangalaga ng ospital at mga bahay ng pag-aalaga na sinertipikahan ng Medicare.  Ang Bahagi B ay nagbabayad para sa mga pagbisita sa doktor, mga ambulansiya, pagsusuri, at pangangalaga sa panlabas na pasyente ng ospital.  Para sa Bahagi B, nagbabayad kayo ng isang buwanang bayad.  Ang pagsakop ng inireresetang gamot ay tumutulong na bayaran ang mga gamot na inireseta ng doktor para sa paggamot.  Ang pagpapatala sa isang plano para sa inireresetang gamot ng Medicare ay boluntaryo, at nagbabayad kayo ng karagdagang buwanang bayad para sa pagsakop na ito.

Ang mga permanenteng residente ay maaaring makakuha ng Bahagi A, Bahagi B, at pagsakop ng inireresetang gamot ng Medicare kung nakakatugon sila sa mga partikular na kondisyon.  Ang mga 65 at mas matanda ay awtomatikong nasa Medicare kapag nagsimula silang tumanggap ng mga benepisyo ng Social Security sa pagreretiro.  Kung wala ka pang 65 pero karapat-dapat para sa ibang mga dahilan, tawagan ang tanggapan ng Social Security na malapit sa inyo para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala. Pangkaraniwan, dapat na nagtrabaho ka sa Estados ng 10 taon (40 quarter) sa buong buhay mo upang makakuha ng mga benepisyo ng Medicare.  Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang publikasyon na *Medicare & You* mula sa website ng Medicare sa http://www.medicare.gov/publications/pubs/pdf/10050.pdf.

### State Children’s Health Insurance Program (SCHIP)

Ang inyong anak ay maaaring makatanggap ng libreng pagkalinga sa kalusugan o mababa lamang ang singil kung natutupad ninyo ang ilang mga kondisyon.  Ang lahat ng mga estado ay may programa ng health insurance para sa mga sanggol, mga bata, at mga teenager.  Binabayaran ng insurance ang mga pagpapatingin sa doktor, mga gamot na inireseta ng doktor, pagpapaospital, at mga iba pang mga serbisyo ayon sa pagkalinga sa kalusugan.  Karamihan ng mga estado, karapat-dapat ang mga batang wala pang 18 taong gulang at pababa na walang heath insurance at hindi sapat katakdaan sa kita ng pamilya.  Ang mga bata ay makakatanggap ng libreng pagkalinga sa kalusugan o mababa lamang ang singil na hindi maaapektohan ang kalagayan ng paninirahan ng kanilang mga magulang.

### KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SCHIP



**Ang bawat estado ay may kani-kanyang patakaran para sa SCHIP. Kailangan kayong magtanong tungkol sa programa sa inyong estado. Para sa impormasyon tungkol sa SCHIP sa inyong estado, tawagan ang 1-877-543-7669 o tingnan ang http://www.insurekidsnow.gov at itala ang pangalan ng inyong estado.**

## Mga Iba Pang Programang Benepisyong Pangpederal

Maaaring kayo o ang inyong mga kapamilya ay karapat-dapat para sa mga iba pang benepisyong pangpederal, depende sa inyong kalagayan ng paninirahan, tagal ng panahon sa Estados Unidos at kita.

### Ang Food Stamp Program [Programang Selyo Para sa Pagkain]

May mga dayuhan at mga anak ng dayuhan na maliit ang kita na maaaring karapat-dapat para sa tulong ng selyo para sa pagkain, depende sa kanilang katayuang pang-imigrasyon, tagal ng pagtigil sa Estados Unidos, at kita. Ang selyo para sa pagkain ay nagpapahintulot sa iyo na kumuha ng ilang pagkain nang libre sa mga tindahan ng groseri. May mga estado na maaaring nagtataglay ng kanilang sariling mga programang selyo para sa pagkain na pinopondohan ng estado na may mga magkakaibang tuntunin para sa pagiging karapat-dapat ng dayuhan na maaaring iba sa bawat estado. Para sa impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa pederal na selyo para sa pagkain mula sa U.S. Food and Nutrition Service [Serbisyong Pagkain at Nutrisyon ng Estados Unidos] sa 36 magkakaibang wika, bisitahin ang http://www.fns.usda.gov/fsp/outreach/translations.htm.

### Mga Serbisyo para sa mga naging Biktima ng Karahasang Pantahanan

Ang mga dayuhan at kanilang mga anak na naging biktima ng karahasang pantahanan ay karapat-dapat para sa benepisyo at mga serbisyo na ipinagkakaloob ng pamahalaang pederal, na tulad ng mga tirahan para sa mga babaeng binugbog, o mga food stamp. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito na mula sa U.S. Department of Health and Human Services [Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan at Pantao], tingnan ang http://www.hhs.gov/ocr/immigration/bifsltr.html.

### Temporary Assistance for Needy Families (TANF) [Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilya Nangangailangan]

Ang Temporary Assistance for Needy Families ay isang programang pederal na nagbibigay ng tulong na pinansyal sa mga estado at nagbibigay ng pagkakataong makapagtrabaho para sa mga pamilyang mababa ang kita. Maaaring karapat-dapat makatanggap nito ang mga dayuhan, depende sa kanilang kalagayan ng paninirahan, tagal ng panahon sa Estados Unidos, at kita. Magkakaiba ang mga programa sa bawat estado at ang ibang estado ay may sariling programa na tinutustusan ng estado. Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa TANF, tingnan ang http://www.acf.dhhs.gov/programs/ofa/.

### Tulong para sa mga Dayuhang May Kapinsanan

Baka maaaring karapat-dapat para sa Medicaid, mga food stamp at Supplemental Security Income (SSI) ang mga dayuhang may kapinsanan, depende sa kanilang kalagayan ng paninirahan, tagal ng panahon sa Estados Unidos, at kita. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga food stamp, tingnan ang pahina 35. Para sa impormasyon tungkol sa Supplemental Security Income (SSI), tingnan ang http://www.socialsecurity.gov/ssi/spotlights/spot-non-citizens.htm.

### One-Stop Career Centers [Isang-Tigilang mga Sentro Ukol sa Karera]

Tinutustusan ng pamahalaang pederal ang mga career center na naghahandog ng mga training referral, career counseling, mga listahan ng trabaho, at mga iba pang serbisyo ng kaugnay sa pagtrabaho. Hinahandog rin sa mga dayuhan sa mga ilang centro ang mga klase para sa English as a Second Language (ESL) [Ingles bilang Pangalawang Linggwahe] at pagsasanay para sa mga kakayahan sa trabaho, depende sa kalagayan ng kanilang imigrasyon at kita.  Para sa impormasyon tungkol sa mga One-Stop Career Center sa lahat ng dako ng Estados Unidos, tingnan ang http://www.doleta.gov/usworkforce/onestop/onestopmap.cfm.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Puwede ninyong tingnan ang http://www.govbenefits.gov para malaman ninyo kung anong mga serbisyo ang maaaring matanggap ninyo.



# Edukasyon at Childcare [Pangangalaga ng mga Bata]

Makakatulong ang edukasyon na iugnay kayo at ang inyong pamilya sa inyong komunidad. Inilalarawan sa seksiyong ito ang mga paaralan sa Estados Unidos para sa kabataan at sa mga may hustong gulang at sinasagot ang maaaring mga katanungan ninyo tungkol sa mga ito. Naghahandog rin ito ng mga mungkahi para sa paghahanap ng mahusay na pangangalaga ng mga bata kung mayroon kayong mga maliit na bata sa bahay at kailangan ninyong magtrabaho.

# Edukasyon

Para tiyaking handang magtagumpay ang lahat ng mga bata, ang Estados Unidos ay nagkakaloob ng libreng edukasyong pampubliko. Sinasabi sa seksiyong ito kung paano ninyo irerehistro sa paaralan ang inyong anak. Malalaman ninyo kung paano ang mga pamamalakad sa mga paaralan sa Estados Unidos at kung paano tulungang matuto ang inyong mga anak.

## Pagrerehistro ng Inyong Anak sa Paaralan

Koed ang karamihan ng mga paaralang pampubliko sa Estados Unidos. Ang ibig sabihin ng koed ay magkasama sa mga klase ang mga babae at mga lalaki. May mga batas ang Estados Unidos na nauukol sa sapilitang pagpasok sa eskuwela. Ang ibig sabihin nito ay ipinapatupad ng batas sa karamihang estado na kailangang pumasok sa paaralan ang lahat ng batang may gulang na 5 hanggang 16 na taon. Magtanong sa Kagawaran ng Edukasyon ng inyong estado para malaman ninyo ang mga kinakailangang gulang sa inyong estado para sa pagpasok sa paaralan.



Maaari ninyong papag-aralin ang inyong anak sa isang paaralang pampubliko o pribado. Sa karamihan ng mga estado, maaaring turuan sa bahay ng mga magulang ang kanilang mga anak. Tinatawag itong "home schooling"o pag-aaral sa bahay. Libre ang mga paaralang pampubliko at hindi nagtuturo ng tungkol sa relihiyon. Itinatakda ng estado kung ano ang ituturo sa inyong anak sa paaralang pampubliko. Ang mga guro at mga magulang ang nagpapasiya kung paano ituturo ito. Binabayaran ng inyong mga buwis na pang-pederal at pang-estado at ng buwis para sa lokal na ari-arian ang mga paaralang ito.

Kailangang magbayad ang mga estudyante ng matrikula para makapag-aral sa mga paaralang pribado. Mga samahang relihiyoso ang nagpapalakad ng maraming paaralang pribado. Koed ang ilan sa mga ito. Ang mga iba ay para sa mga lalaki lamang o para sa mga babae lamang. May mga ilang nagbibigay ng tulong pinansiyal para sa mga estudyanteng walang pambayad sa matrikula.

Ang karamihan ng kabataan sa America ay nag-aaral sa paaralan ng 12 taon. Ang inyong mga anak ay ilalagay sa isang klase (na tinatawag na grade) batay sa kanilang mga gulang at mga napag-aralan sa nakaraan. Kung minsan ay binibigyan ng paaralan ang inyong anak ng isang pagsusulit para malaman kung sa anong grade siya ilalagay.

Ang isa sa mga unang kailangan ninyong gawin ay irehistro ang inyong anak sa paaralan. Kabilang sa katanungan ng mga magulang tungkol sa mga paaralang pampubliko ang:

**T: Gaano katagal ang taon ng pasukan?**

S: Ang taon ng pasukan ay karaniwang nagsisimula sa Agosto o Setiyembre at nagwawakas sa Mayo o Hunyo. Sa mga ibang lugar, ang mga bata ay pumapasok sa paaralan ng buong taon. Ang mga bata ay pumapasok sa paaralan Lunes hanggang Biyernes. May ilang mga paaralan na nagbibigay ng mga programa bago at pagkatapos ng mga regular na oras ng pasukan para sa mga bata na pumapasok sa trabaho ang mga magulang. Maaaring pabayarin kayo para sa mga programang ito.

**T: Saan ko irerehistro ang aking anak?**

S: Tawagan o puntahan ang himpilang tanggapan ng distrito ng paaralan sa inyong lugar para malaman ninyo kung anong paaralan ang papasukan ng inyong anak. Sabihin sa mga tauhan ng paaralan kung ilang taon ang inyong anak at ang direksiyon ng inyong tirahan.

**T: Anong mga dokumento ang kailangan ko para irehistro ang anak ko?**

S: Kailangan ninyo ang mga talaang medikal ng inyong anak at pagpapatunay na nabigyan siya ng mga imunisasyon (na tinatawag ring "shots") para proteksiyon laban sa sakit. Kailangan rin ninyo ng pagpapatunay na kayo ay naninirahan sa komunidad na kinalalagyan ng paaralan. Kung nawala ninyo ang mga dokumentong ito, magtanong sa mga tauhan ng paaralan kung paano kayo makakakuha ng mga bagong dokumento. Gawin ninyo ito bago ninyo irehistro ang inyong anak para iwasan ang anumang abala.

## ANG KAAYUSAN NG KARAMIHAN NG MGA PAARALAN SA ESTADOS UNIDOS



Elementary o Primary School [Mababang Paaralan] Kindergarten at Baitang 1 hanggang 5 Mga batang 5 hanggang 10 taong gulang



Junior o Middle School [Kalagitnaang Paaralan] Baitang 6 hanggang 8 Mga batang 11 hanggang 13 taong gulang



Secondary o High School [Secondariang Paaralan] Baitang 9 hanggang 12 Mga estudyanteng 14 hanggang 18 taong gulang



Pagkatapos ng Sekundaryo o Mas Mataas na Edukasyon, Pampubliko at Pribadong mga Kolehiyong Pangkomunidad, dalawang-taon o apat-na-taong Kolehiyo o Unibersidad, mga Paaralan ng Hanapbuhays na Maaaring Dumalo ang Lahat ng May Sapat na Gulang

**T:** **Paano kung hindi marunong magsalita ng Ingles ang anak ko?**

**S:** Responsibilidad ng paaralan ang bigyan ng pagsusulit ang inyong anak at batay sa resulta ng pagsusulit, ilagay siya sa programang nababagay para sa kanya. Ang mga paaralan ay tumatanggap ng mga panustos mula sa estado at pamahalaang pederal para sa mga programa at serbisyo na tulad ng English as a Second Language (ESL) [Ingles bilang Pangalawang Linggwahe] at edukasyong bilinggwal. Puwede ninyong tawagan ang paaralan para magtanong tungkol sa pagsusulit at mga serbisyo. Kahit hindi marunong ng Ingles ang inyong anak, kailangan siyang matuto ng mga itinuturong naaangkop para sa kanyang grado. Puwede itong gawin sa pamamagitan ng ESL o edukasyong bilinggwal.

**T:** **Paano kung may kapansanan ang anak ko?**

**S:** Ang mga estudyanteng may kapansanan sa katawan o sa kaisipan ay makakatanggap ng libreng edukasyon sa paaralang pampubliko, tulad rin ng ibang bata na walang kapansanan. Ang inyong anak ay ilalagay sa isang regular na silid-aralan, kung maaari. Kung malubha ang kapansanan ng inyong anak, maaaring bigyan siya ng espesyal na pagtuturo sa isang lugar na hindi isang regular na silid-aralan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano magagamit ang mga serbisyo sa pamamagitan ng inyong Konseho ng Estado, mangyaring bisitahin ang http://www.acf.hhs.gov/programs/add/states/ddcs.html.

**T:** **Hindi pumapasok sa paaralan ang anak ko bago siya dumating sa Estados Unidos. Gaano katagal siyang puwedeng mag-aral nang libre sa paaralang pampubliko?**

**S:** Sa karamihan ng mga estado, ang inyong anak ay puwedeng pumasok sa paaralan nang libre hanggang sumapit siya ng 21 taong gulang. Kung ang inyong anak ay hindi pa nakapagtapos sa mataas na paaralan sa gulang na iyon, puwede siyang magrehistro sa mga Edukasyong Pang May-edad para makakuha ng sertipiko ng General Educational Development (GED) sa halip ng isang diploma ng pagtatapos sa mataas na paaralan. Tawagan ang tanggapan ng lokal na distrito ng paaralan sa inyong lugar o ang kagawaran ng edukasyon sa inyong estado para alamin kung saan ipinagkakaloob ang pag-aaral ng GED.

**T:** **Paano makakapunta sa paaralan ang anak ko?**

**S:** Sa Estados Unidos, ang mga bata ay malimit na naglalakad papuntang paaralan. Kung masyadong malayo ang paaralan, sasakay sila ng bus. May mga libreng bus ang mga paaralang pampubliko. Sinusundo at hinahatid ang mga estudyante sa isang paradahan ng bus na malapit sa inyong bahay. Kontakin ang paaralan para malaman kung puwedeng magbus ang inyong anak. Kung may kotse kayo, puwede rin kayong mag carpool sa mga ibang magulang sa inyong lugar para makipagtulungan sa paghatid at pagsundo sa paaralan ng inyong mga anak.

**T:** **Ano ang kakainin ng anak ko sa paaralan?**

**S:** Ang mga bata ay puwedeng magbaon ng kanilang tanghalian o bumili sa kantina ng paaralan. Ang pamahalaan ng Estados Unidos ay nagkakaloob rin ng libre o murang almusal at tanghalian para sa mga batang walang pambili ng pagkain sa paaralan. Tawagan o puntahan ang paaralan ng inyong anak para malaman kung kasali ito sa Programang Pagkainan sa Paaralan ng pamahalaang pederal. Kausapin ang mga tauhan ng paaralan para malaman kung puwedeng makasali ang inyong mga anak sa programang ito.

## PROGRAMANG PAGKAINAN SA PAARALAN NG PAMAHALAANG PEDERAL



Mas madaling matuto ang mga bata kung may laman ang kanilang sikmura. Para tumaas ang antas ng karunungan ng mga bata, ang pamahalaan ng Estados Unidos ay nagkakaloob ng mga masustansiya at libre o murang pagkain sa higit sa 26 milyong bata sa bawat araw ng pasukan. Binabatay sa kita ng pamilya at sa bilang ng mga tao sa pamilya ang pagsali ng bata sa School Breakfast Program at sa National School Lunch Program. Ang Special Milk Program [Espesyal na Programang pang-Gatas] ay nagkakaloob ng gatas sa mga batang hindi kasali sa mga ibang programang pagkainan sa paaralan ng pamahalaang pederal. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang ito, tingnan ang website ng U.S. Department of Agriculture [Departamento ng Pagsasaka ng Estados Unidos] sa http://www.fns.usda.gov/cnd/.

**T: Sino ang magbabayad para sa mga aklat at mga gawing pampaaralan?**

**S:** Ang mga paaralang pampubliko ay karaniwang nagkakaloob ng mga libreng aklat. Ang mga estudyante sa karaniwan ang bumibili ng kanilang mga materyales sa paaralan, tulad ng mga papel at lapis. Kontakin ang paaralan ng inyong anak kung wala kayong pambili para sa mga materyales na ito. May ilang mga paaralan na maaaring maningil ng maliit na halaga para sa mga materyales o gawaing espesyal, na tulad ng ekskursiyon. Maraming paaralan ang naghahandog ng isports at mga musikang programa pagkatapos ng mga regular na oras ng pasukan. Maaaring singilin kayo ng bayad para makasali ang inyong anak sa ilan sa mga programang ito.

**T: Ano ang matututunan ng aking anak?**

**S:** Ang bawat estado ay may itinatakdang mga pamantayang akademiko. Itinatakda sa mga pamantayang ito kung ano ang kailangang malaman at magagawa ng lahat ng estudyante. Ang mga local na distrito ng paaralan ang nagpapasiya kung paano dapat ituro itong impormasyon. Tinuturo sa karamihan ng mga paaralan ang Ingles, matematika, aralin panlipunan, agham at P.E. Malimit ring tinuturo ang sining, musika at mga wika ng ibang bansa.

**T: Paano pinagpapasiyahan ang ginawang pag-aaral ng aking anak?**

**S:** Ang mga guro ay nagbibigay ng mga marka batay sa ginawang pag-aaral ng inyong anak sa buong taon ng pasukan. Ang mga marka ay karaniwang binabatay sa takdang aralin, mga pagsusulit, pagpasok sa klase, at pag-uugali sa klase. Makakatanggap kayo ng "report card" mga ilang beses sa isang taon. Pinapakita sa ulat kung ang inyong anak ay pasado o bumagsak sa bawat asignatura. Iba-iba ang mga paraang ginagamit ng mga paaralan sa pagbigay ng marka sa mga estudyante. May mga iba na ginagamit ang mga letra sa pagbigay ng marka, halimbawa A o A+ para sa mahusay na trabaho at D o F para sa mahinang trabaho o bagsak. May mga iba na ginagamit ang mga numero sa pagbigay ng marka. May mga iba na ginagamit ang ekselente, mahusay, o kailangang ng pag-unlad sa paglalarawan ng ginawang pag-aaral ng inyong anak. Magtanong sa mga tauhan ng paaralan ng inyong anak kung anong paraan ang ginagamit para sa pagbigay ng marka sa mga estudyante.

**T: Paano ko makakausap ang guro ng aking anak?**

**S:** Ang karamihan ng mga paaralan ay may mga kumperensiya para sa mga magulang para makilala ninyo ang guro ng inyong anak. Puwede rin kayong makipagtakda ng mga panahon para kausapin ang mga guro o mga administrador ng paaralan tungkol sa pag-aaral ng inyong anak. Kung kayo ay hindi marunong magsalita ng Ingles, itanong kung mayroong tao sa paaralan na marunong magsalita ng inyong wika at makakapagsalin para sa inyo.

**T: Paano kung hindi pumasok sa klase ang anak ko?**

**S:** Mahalagang pumapasok sa klase ang anak ninyo. Kailangan ninyong padalhan ng sulat ang guro o tawagan ang paaralan para ipaliwanag kung bakit hindi pumasok ang inyong anak. Abisuhan nang pauna ang guro ng inyong anak kung alam ninyong hindi siya papasok. Karaniwang kailangang gawin ng mga estudyante ang mga pag-aaral na hindi nila nagawa sa mga araw na hindi sila pumasok.

## ANO ANG MAGAGAWA NINYO



**Ang karamihang ng mga paaralang pampubliko at paaralang pribado ay may Parent Teacher Association (PTA) [Asosasyon ng mga Magulang at Guro] o Parent Teacher Organization (PTO) [Organisasyon ng Mga Magulang at Guro]. Ang mga organisasyong ito ay tumutulong sa mga magulang na malaman ang tungkol sa mga nangyayari sa paaralan ng kanilang anak at kung paano sumali sa mga gawaing pampaaralan. Puwedeng sumali ang kahit sino, kahit ang mga lolo't lola. Tinutulungan rin ng mga PTA/PTO ang mga paaralan sa pamamagitan ng pagtatangkilik ng gawaing espesyal at sa pagkakaloob ng mga prisintado para tumulong sa mga silid-aralan. Puwede kayong magboluntaryo kahit na hindi kayo masyadong marunong magsalita ng Ingles. Maraming paaralan ang may mga impormasyong para sa mga magulang na hindi masyadong marunong mag Ingles. Tawagan o puntahan ang tanggapan ng paaralan para malaman ninyo kung kailan ang mga pagpupulong ng PTA/PTO sa paaralan ng inyong anak at kung paano kayo makakasali dito.**

**T: Anong mangyayari kung masangkot sa gulo ang anak ko?**



**S:** Maraming paaralan ang may mga patakaran na kailangang sundin ng mga estudyante. Tinatawang itong "codes of conduct"o Batas ng Kagandahang Asal. Magtanong sa paaralan ng inyong anak tungkol sa kanilang code of conduct. Puwedeng parusahan ang mga estudyanteng lumabag sa mga patakaran ng paaralan sa pamamagitan ng pag-uutos sa kanilang manatili sa paaralan pagkatapos ng mga regular na oras ng pasukan at nagsiuwi na ang kanilang mga kaklase. O puwedeng pagbawalan silang sumali sa isports o mga ibang gawaing pampaaralan. HINDI pinapayagan ang parusang pananakit sa katawan sa karamihan ng mga paaralan sa Estados Unidos.

Ang mga bata ay puwedeng suspindihin o patalsikin sa paaralan kung madalas silang hindi nagpapakatino at lumalabag sa mga patakaran ng paaralan. Hindi na puwedeng pumasok sa paaralan ang inyong anak kung pinatalsik siya. Kakailanganin ninyong kausapin ang mga tauhan ng paaralan para malaman ninyo kung paano papapasuking muli sa paralan ang inyong anak.

**T: Ligtas ba sa panganib ang anak ko sa mga oras na nasa paaralan siya?**

**S:** Ang karamihan ng mga paaralang pampubliko sa Estados Unidos ay mga ligtas na lugar. Pero may mga ilang paaralan—kadalasang mga mataas na paaralan—na may mga problema ukol sa karahasan, batang kalsada o pinagbabawal na gamot at mga inuming may alkohol. Kausapin ang guro, tagapamayapa, o administrador sa paaralan kung kayo ay nag-aalala tungkol sa kaligtasan ng inyong anak.

## Mas Mataas na Edukasyon: Mga Kolehiyo at Pamantasan

Ang mga kabataang may sapat na gulang ay maaaring magpatuloy ng kanilang edukasyon sa isang dalawang-taong kolehiyong pangkomunidad o teknikal o isang apat-na-taong kolehiyo o unibersidad pagkatapos ng mataas na paaralan. Ang mga ito ay tinatawag na "mga institusyon ng pagkatapos ng sekundaryo" o "mga institusyon ng mas mataas na edukasyon." May mga pampubliko at pribadong institusyon ng mas mataas na edukasyon. Ang mga pampublikong kolehiyo at unibersidad ay nagkakahalaga nang mas kaunti kaysa mga pribado, lalo na para sa mga residente kung saan matatagpuan ang kolehiyo o unibersidad. Ang mga kabataang may sapat na gulang ay makakapili na dumalo sa mga paaralan upang matuto ng mga partikular na trabaho, tulad ng pagkukumpuni ng mga computer o pagiging katulong sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga estudyanteng nasa mas mataas na edukasyon ay pumipili ng isang partikular na pag-aaralan (ito ang tinatawag na kanilang "major"). Ang pagpili ng major ay tumutulong sa kanilang maghanda para sa trabaho o para sa karagdagang edukasyon sa larangang iyon.

| Titulo | Paaralan | Panahon ng Pag-aaral |
|---|---|---|
| Sertipiko | Kolehiyong Pangkomunidad/ Kolehiyong Teknikal | Anim na buwan hanggang dalawang taon |
| Associate's | Kolehiyong Pangkomunidad | Dalawang taon |
| Bachelor's | Apat-na-taong Kolehiyo o Unibersidad | Apat na taon |
| Master's | Pamantasan | Dalawang taon |
| Doctorate | Pamantasan | Dalawa hanggang walong taon |
| Professional | Paaralan para sa Pag-espesyalista | Dalawa hanggang limang taon |

Ang isang edukasyon sa kolehiyo o unibersidad ay maaaring ginagastahan ng malaki. May mga paaralan na nagkakaloob ng pinansiyal na tulong na tinatawag na "iskolarship." Ang pamahalaan ng Estados Unidos ay nagkakaloob din ng pinansiyal na tulong sa mga estudyante. Karamihan sa mga estudyante ay umuutang o nag-aaplay para sa pinansiyal na tulong o iskolarsip upang makatulong na magbayad para sa kanilang pag-aaral. Ang mga partikular na iskolarsip at mga gawad ay limitado sa mga mamamayan ng Estados Unidos.


### Tulong na Pananalapi ng Pamahalaang Pederal para sa mga Estudyanteng Nag-aaral sa Kolehiyo

Ang pamahalaan ng Estados Unidos ay nagkakaloob ng tulong na pananalapi sa mga estudyanteng nag-aaral sa ilang mga kolehiyo o pamantasan. Sakop nitong tulong ang maraming mga gastos sa paaralan, na tulad ng mga matrikula, mga butaw, mga aklat, pagtira at pagkain, mga panustos, at transportasyon. Ang pagbibigay sa mga estudyante nitong tulong na pananalapi ay binabatay sa kanilang pangangailangang pananalapi, hindi sa kanilang mga natanggap na marka sa pag-aaral. Mayroong tatlong klaseng tulong ng pamahalaang pederal:

- Grants [Tulong at Libreng Pag-aaral]—perang hindi ninyo kailangang bayaran.
- Work Study—perang kinikita ninyo habang pumapasok kayo sa paaralan.
- Loans [Pautang]—perang hinihiram ninyo na kailangan ninyong bayaran sa hinaharap, kasama ang interes.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng pamahalaang pederal ukol sa tulong na pananalapi, tawagan ang 1-800-433-3243 o tingnan ang website ng U.S. Department of Education sa http://studentaid.ed.gov/students/publications/student_guide/index.html. Makukuha rin ang impormasyon sa Espanyol.

#### MAG-INGAT SA MGA PANLILINLANG NA NAUUKOL SA TULONG NA PANANALAPI



**Mag-ingat kapag naghahanap kayo ng impormasyon tungkol sa pinansiyal na tulong sa estudyante. Iwasan ang mga alok na anyong napakaganda upang maging totoo o nangangako sa inyo ng mga resulta na kapalit ng pera. Bawat taon, ang mga pamilya ay nawawalan ng maraming milyong dolyar sa "pandaraya sa iskolarsip." Kung ikaw ay isang biktima ng pandaraya, o para sa libreng impormasyon, tumawag sa 1-877-382-4357 o 1-866-653-4261 para sa mga may diperensiya sa pandinig, o bisitahin ang website ng Federal Trade Commission sa http://www.ftc.gov/bcp/conline/edcams/scholarship/index.shtml.**

## Adult Education [Edukasyong Pang May-edad]

Hindi kailangang huminto ang kaalaman kung kayo ay nasa hustong gulang na. Sa Estados Unidos, hinihimok ang mga tao na maging "estudyante panghabang-buhay". Kung kayo ay 16 taong gulang o pataas at hindi nakapagtapos ng mataas na paaralan, puwede kayong magrehistro para sa mga aralin ng Adult Secondary Education (ASE). Kayo ay hinahanda nitong mga klase para sa sertipiko ng Graduate Educational Development (GED) [Pangkalahatang Pagpapaunlad ng Edukasyun].

Ang isang sertipiko ng GED ay isang alternatibong diploma sa mataas na paaralan. Ito ay nagpapakita na natuto ka ng antas-ng-mataas-na-paaralan na kaalaman at kasanayan. Upang makatanggap ng GED, dapat kang kumuha at pumasa sa mga pagsusulit sa limang magkakaibang lugar: pagbabasa, pagsusulat, mga araling panlipunan, agham, at matematika. Karamihan sa mga tagapag-empleyo sa Estados Unidos ay itinuturing ang isang kredensiyal ng GED na kapantay ng isang regular na diploma ng mataas na paaralan. Sa maraming lugar, ang mga klase sa paghahanda ng GED ay libre o mababa ang halaga. Tingnan sa libro ng telepono sa ilalim ng "Adult Education" o tawagan ang inyong lokal na tanggapan ng distrito ng paaralan para sa impormasyon.

Maraming tao ang pumapasok sa mga klase para mas matuto tungkol sa kinahihiligan nila o para madagdagan ng mga bagong kakayahan na makakatulong sa kanila sa trabaho. Maraming paaralang pampubliko at kolehiyo ng lokal na komunidad ang nagbibigay ng klase ng iba't-ibang paksa para sa mga taong nasa hustong gulang. Kahit sino ay puwedeng magrehistro para sa mga klaseng ito, na karaniwang mababa lamang ang singil. Magtanong sa inyong lokal na paaralan o kolehiyo ng komunidad para malaman ninyo kung anong mga klase ang puwede ninyong pasukan, magkano ang mga ito, at kung paano magrehistro.

## Pag-aaral ng Ingles

Maraming lugar na kung saan maaari kayong makakapag-aral magsalita, magbasa at magsulat ng Ingles. Maraming mga bata at mga nasa hustong gulang ang nagrerehistro para sa mga klaseng English as a Second Language (ESL) [Ingles bilang Pangalawang Linggwahe]. Nakakatulong ang mga klaseng ito na matuto ng Ingles ang mga taong hindi marunong nito. Ang mga klaseng ito ay tinatawag ring English for Speakers of Other Languages (ESOL) [Ingles para sa mga Tagawika ng Ibang Linggwahe] o English Literacy [Mag-aaral na marunong bumasa at sumulat ng Ingles].

Ang mga batang hindi marunong ng Ingles ay matututo sa paaralan. Ang lahat ng mga paaralang pampubliko sa Estados Unidos ay nagkakaloob ng tulong at nagtuturo sa lahat ng mga estudyanteng kailangan matuto ng Ingles. Ang mga estudyanteng kailangan ng karagdagang tulong ay malimit ng tinatawag na estudiyante ng Limited English Proficient (LEP) [Limitadong Mag-aaral Sanay sa Ingles].



Ang mga estudyanteng nagsisimula pa lamang matuto ng Ingles ay maaaaring ilagay sa klase para sa ESL sa halip ng klase para sa Ingles. Ang mga estudyanteng mas marunong ng Ingles ay maaaring ilagay sa regular na silid-aralan at binibigyan ng karagdagang tulong. Ang ilang mga paaralan ay nagbibigay rin ng mga programang pagkatapos ng oras ng klase at tutoring para tulungan ang mga estudyanteng matuto ng Ingles. Sasabihin sa inyo ng paaralan ng inyong anak kung anong mga tulong ang ipinagkakaloob nila sa mga estudyanteng kailangang matuto ng Ingles.

Ang mga taong hindi nakakaintindi ng Ingles ay puwedeng magrehistro sa klase para sa ESL na binibigay sa programang pampubliko at pangkomunidad o pribadong paaralang panglinggwahe.

Ang programang pampubliko at pangkomunidad ay malimit na binibigay sa mga komunidad ng mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng pangkomunidad. Ito ay nagkakaloob ng mga klase para sa ESL at pansariling pag-aaral ng mga prisintadong local. Malimit na libre ang mga programang ito, o maaaring maliit lamang ang babayaran ninyo. Maaaring sa araw o sa gabi ang mga klase. Tawagan ang kolehiyong pangkomunidad o tanggapan ng distrito ng paaralan sa inyong lugar para malaman ninyo kung nasaan ang pinakamalapit na programang pang-ESL. Tingnan sa mga pahinang asul ng inyong direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Schools–Public".

Ang karamihan ng mga malaking lungsod ay mayroong mga pribadong paaralan panglinggwahe na nagbibigay ng klaseng pang-ESL sa araw o gabi. Ang singil para sa mga klaseng ito ay malimit na binabatay sa dami ng oras ng pagtuturo. Ang mga pribadong klaseng panglinggwahe ay malimit na mas mahal kaysa sa mga klaseng pampubliko. Para makahanap ng pribadong paaralan ng linggwahe, tingnan sa mga pahinang dilaw ng inyong direktoryo ng telepono sa ilalim ng "Language Schools".

May ilang organisasyong pangkomunidad, mga aklatan, at mga grupong relihiyoso na nagbibigay rin ng mga klase para sa ESL na libre o mababa ang singil. Magtanong sa aklatang pambayan, ahensya ng serbisyong panlipunan, o simbahan sa inyong lugar. Masasabi rin sa inyo ng tagapamahala ng aklatan sa inyong lugar ang tungkol sa mga programa para sa ESL at maipapakita niya sa inyo kung saang lokasyon sa aklatan ang mga aklat, tapes, CDs, at computer software na nauukol sa ESL.

## TAWAGAN ANG 211 PARA SA MGA SERBISYONG PANLIPUNAN



Matatawagan na ninyo ngayon ang 211 sa maraming estado para tulungan kayong makapaghanap ng mga serbisyong kailangan ninyo. Tawagan ang 211 para malaman ninyo kung saan kayo makakarehistro para sa mga klase para sa ESL sa inyong lugar. Matatawagan rin ninyo ang 211 kung kailangan ninyo ng tulong maghanap ng pagkain, pabahay, drug treatment program, at mga iba pang serbisyong panlipunan.

Ang mga ibang estado at county ay hindi pa naghahandog ng mga serbisyong 211. Kung tumawag kayo at walang sumasagot, nangangahulugang wala pang serbisyong 211 sa inyong komunidad.

# Childcare [Pangangalaga ng mga Bata]

Kung kayo ay may trabaho at ang inyong mga anak ay hindi pa pumapasok sa paaralan, kinakailangan ninyong maghanap ng magbabantay sa inyong mga anak habang kayo ay nasa trabaho. Kung minsan, ang mga batang pumapasok sa paaralan ay kailangan bantayan kapag tapos na ang mga regular na oras ng pasukan, kung wala sa bahay ang kanilang mga magulang. Kailangan kayong maghanap ng magbabantay sa inyong mga anak kung kayo o ibang kapamilya ay hindi makakabantay sa kanila. Huwag ninyong iiwanan sa bahay ang mga maliit na bata na walang nagbabantay sa kanila.

## Paghahanap ng Pangangalaga ng mga Bata



Isang mahalagang desisyon ang pagpili ng magbabantay sa inyong mga anak. Sa inyong pagdidisisyon, isaalang-alang ninyo kung anong klaseng pagbabantay ang kailangan at kung magkano ito. Pagsikapang maghanap ng maiiwanan ng inyong anak na malapit sa inyong bahay o trabaho.

Marami kayong mapagkukunan ng tulong para makahanap ng isang mahusay na magbabantay sa inyong (mga) anak. Magtanong sa mga ibang magulang, mga kaibigan, at mga katrabaho kung sino ang nagbabantay sa kanilang mga anak. Ang ilang mga estado ay may childcare referal agency na makapagbibigay sa inyo ng mga programa para sa pangangalaga sa mga bata na lisensiyado ng estado. May mga programang lisensiyadong sapat para sa pangangalaga sa mga bata ang mga partikular na kautusang itinakda ng estado para sa proteksiyon ng inyong mga anak. Puwede rin ninyong tawagan ang lokal na distrito ng paaralan upang makahanap ng mga lugar na may nagbabantay ng mga bata.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Kung kailanggan ninyo ng tulong sa paghanap ng isang mahusay na nagbabantay sa mga bata sa inyong lugar, ang U.S. Department of Health and Human Services [Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan at Pantao] ay may National Child Care Information Center. Tawagan ang 1-800-616-2242 para sa impormasyon. Makakakuha rin kayo ang impormasyon at mga kasagutan sa inyong mga tanong tungkol sa kung paano pumili ng isang mahusay na programa para sa inyong anak sa http://www.childcareaware.org.

## MGA KLASE NG PANGANGALAGA NG MGA BATA





Mayroon kayong mga mapagpipilian kapag namimili ng magbabantay sa inyong anak.

**Pangangalaga sa Bahay.** Pumupunta sa inyong bahay ang tagapag-alaga para bantayan ang inyong mga anak. May kamahalan ang ganitong klase ng serbisyo, dahil ang anak lamang ninyo ang binabantayan. Ang kalidad ng pagbabantay ay depende sa kung sino ang kukunin ninyo.

**Pangangalaga ng Pamilya.** Ang inyong anak ay binabantayan sa bahay ng ibang tao kabilang ang mga iba pang bata. Mas mura ito kaysa mga ibang klaseng pangangalaga ng mga bata. Ang kalidad ng pagbabantay ay depende sa kung sino ang nagbabantay sa inyong anak at kung ilang bata ang binabantayan sa bahay nila.

**Daycare Centers.** Ang daycare centers ay mga programang nasa mga paaralan, mga simbahan, o mga iba pang organisasyong panrelihiyon, at mga iba pang lugar. Malimit na may maraming nagbabantay sa maraming bata sa mga daycare center. Kailangang nasusundan ng mga daycare center ang mga pamantayan ng estado at malimit na may espesyal na pagsasanay at karanasan ang mga tauhan nito.

**Mga Programang Head Start.** Ang pederal na pamahalaan ay nagkakaloob ng pagpopondo para sa mga programang "Early Head Start" at "Head Start" para sa mga pamilyang maliit ang kita. Ang mga programang ito ay nagkakaloob ng mga serbisyong pangangalaga at edukasyon sa maliliit na bata upang ihanda ang mga ito para sa paaralan. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga programang ito, tawagan ang U.S. Department of Health and Human Services sa 1-866-763-6481 o bisitahin ang website http://www.acf.hhs.gov/programs/hsb/.

May ilang mga nagkakaloob ng pangangalaga ng mga bata at nagbabantay sa buong araw o sa mga ilang oras lamang, depende sa mga pangangailangan ng mga magulang. Kailangan ring isaalang-alang ang bayad sa pagpili ng magbabantay sa inyong (mga) anak. Tingnan kung puwede kayong makatanggap ng tulong para sa pangangalaga ng mga bata mula sa pamahalaang pederal o estado. Maraming mga estado ang nagbibigay ng tulong na pananalapi sa mga magulang na may mababang kita na nagtatrabaho o kasali sa mga pagsasanay para makapagtrabaho o mga programang pang-edukasyon.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Tiyakin ninyong lisensiyado o aprobado ang nagkakaloob ng pangangalaga ng mga bata o ng programa para sa pangangalaga ng mga bata na ginagamit ninyo. Ang ibig sabihin ng "lisensiyado" ay nasasapat ng programa ang pinakamababang pamantayan para sa kaligtasan at pag-alaga na itinakda ng estado. Ang "accredited"o aprobadong programa ay nasasapat ang mas mataas na mga pamantayan kaysa yaong mga kinakailangan para sa lisensiyang mula sa estado.

### Paano Ninyo Malalaman Kung Mahusay ang Nagkakaloob ng Pangangalaga ng mga Bata?

Isipin ninyo ang mga sumusunod na katanungan kapag pumunta kayo sa isang programa para sa pangangalaga ng mga bata.

- Masaya ba ang mga bata kapag kasama ng mga tauhan?
- Mayroon bang mga laruan na nababagay para sa gulang ng mga bata?
- Naaangkop ba ang ginagawa ng mga bata?
- Kinausap ba ng tauhan ang inyong anak nang nandoon kayo?
- Malinis at maayos ba ang lugar?
- Mayroon bang kurikular o kinagawian para sa mga bata?

Tiyaking humingi ng mga referensya para makapagtanong kayo sa mga ibang magulang tungkol sa programa.



# Mga Emergency [Kagipitan] at Kaligtasan

Ang mga emergency ay ang mga pangyayaring hindi inaasahan na maaaring magresulta ng pinsala sa mga tao at ari-arian.  Puwede itong mangyari sa kahit sino sa anumang oras.  Magbalak nang pauna para manatili kayo at ang inyong pamilya na ligtas sa panganib.  Ipinaaalam sa inyo sa seksiyong ito kung paano kayo makakapaghanda para sa mga emergency at kung paano makakuha ng tulong kapag nangyari ito.

# Tulong kapag may Kagipitan: Tawagan ang 911

Sa Estados Unidos, matatawagan ninyo ang 911 sa alinmang telepono para humingi ng tulong kapag may kagipitan. Tawagan ang 911 para:

- Ipagbigay-alam na may sunog.
- Isumbong ang isang krimen na kasalukuyang nangyayari.
- Tumawag ng ambulansiya para sa kagipitan na tulong pangmedikal.
- Isumbong ang mga kahinahinalang gawain tulad ng mga hiyaw, mga paghingi ng saklolo, o mga putok ng baril.

## Anong Mangyayari Kapag Tumawag Ako sa 911?



- Ang mga tawag sa 911 ay malimit na sinasagot sa loob ng 12 segundo. Maaaring paghintayin kayo. Huwag ninyong ibababa ang telepono! Sa oras na sumagot ang tagapamahala, pansamantala wala kayong maririnig sa telepono nang mga ilang segundo. Huwag ninyong ibababa ang telepono. Hintayin ninyong magsalita ang tagapamahala.
- Kung hindi kayo marunong magsalita ng Ingles, sabihin ninyo sa tagapamahala ang wikang ginagamit ninyo. Kukuha sila ng magsasalin para sa inyo sa telepono.
- May mga itatanong sa inyo ang tagapamahala ng 911 para malaman niya kung ano at saan ang kagipitan. Manatiling kalmado at sagutin ninyo itong mga tinatanong sa inyo. Sikapin ninyong manatili sa telepono na kausap ang tagapamahala hanggang nasagot ninyo ang lahat ng tanong.

## Kailan Huwag Tatawag sa 911

Tawagan lamang ang 911 kapag may mga malubha at nagsasapanganib sa buhay na kagipitan. Ang pagtawag sa 911 para sa hindi tamang dahilan ay maaaring makahadlang na matulungan ang mga ibang taong nangangilangan ng tulong. Huwag tumawag sa 911 para:

- Magtanong ng mga direksiyon.
- Humingi ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong pampubliko.
- Magtanong kung nakakulong ang isang tao.
- Ipagbigay-alam ang mga situwasyong hindi kagipitan.
- Humingi ng impormasyon tungkol sa pagkontrol ng hayop.
- Kausapin ang pulis tungkol sa mga bagay na hindi naman kagipitan.

Kung may katanungan kayo para sa pulis, tawagan ang para sa di kagipitang numero ng telepono ng Departamento ng Pulisya na nakalista sa mga pahinang asul ng inyong direktoryo ng telepono.

### PAGPAPATUPAD NG BATAS SA ESTADOS UNIDOS




Sa Estados Unidos, mayroong mga ahensiya ng pamahalaang pederal, estado, at panglokal na nagpapatupad ng batas para protektahan ang madla. Sa inyong komunidad, ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas ay ang pulis o ang sheriff. Alamin ang numero ng istasyon ng pulis na pinakamalapit sa inyo at itabi ito sa may telepono. Tandaan ninyo na ang tungkulin ng pulis ay protektahan kayo at ang inyong pamilya laban sa panganib. Huwag kayong matakot magsumbong ng krimen lalo na kung kayo ang biktima. May mga kriminal na pinagsasamantalahan ang mga dayuhan dahil sa akala nila ay hindi kayo magsusuplong sa pulis. Kung kayo ay pahintuin ng pulis:

- Huwag kayong matakot. Maging magalang at matulungin.
- Sabihin ninyo sa pulis kung hindi kayo marunong magsalita ng Ingles.
- Kung nasa kotse kayo, huwag kayong bababa ng kotse hanggang sinabi sa inyo ng pulis na bumaba.
- Panatilihing nakikita ng pulis kung saan ang inyong mga kamay. Huwag ninyong ipasok ang inyong mga kamay sa inyong bulsa o sa mga ibang lugar sa loob ng kotse.

## Pangalagaang Ligtas sa Panganib ang Inyong Tahanan at Pamilya


Maging handa bago mangyari ang mga kagipitan. Ang mga sumusunod ay ang mga magagawa ninyo para maging ligtas sa panganib:

- Tiyaking may mga mahusay na kandado ang inyong mga pinto at palaging nakatrangka ang mga ito. Huwag ninyong ibibigay ang susi sa pinto sa mga taong hindi ninyo kilala. Mag-ingat sa pagbubukas ng inyong pinto sa mga taong hindi ninyo kilala. Tanungin kung sino sila at kung ano ang kanilang pakay bago ninyo buksan ang pinto.
- Maingay ang mga hudyat usok kapag may usok sa loob ng inyong bahay o bahay paupahan. Tiyakin ninyong mayroon kayong mga hudyat usok sa kisameng malapit sa mga kuwarto at sa bawat palapag ng inyong bahay. Palitan ang mga baterya sa mga hudyat usok tuwing anim na buwan. Inspeksiyunin bawat buwan kung gumagana ang alarma.
- Alamin kung nasaan ang ospital at mga istasyon ng pulis at bombero na pinakamalapit sa inyo. Itabing malapit sa inyong telepono na madaling hanapin itong mga mahalagang numero ng telepono (istasyon ng pulis, bombero, at doktor).
- Alamin kung nasaan ang mga bahaging balbula para sa gaas, elektrisidad, at tubig sa inyong bahay. Tiyaking alam ninyong isara ang mga ito nang pakamay.
- Maghanda ng isang disaster kit na kabilang ang isang lente, bitbiting radyo, mga ekstrang baterya, kumot, first-aid kit, at sapat na de-lata o nakabalot na pagkain at tubig sa bote na tatagal ng tatlong araw. Magsama rin ng mga bag ng basura, papel para sa palikuran, at pagkain ng paboritong hayop, kung kailangan. Itago ang lahat ng bagay na ito sa isang lugar na madaling makita.



- Magpraktis ng inyong pamilya kung paano lalabas ng inyong bahay, kung sakaling magkaroon ng sunog o kagipitan. Tiyakin ninyong alam ng inyong mga anak ang tunog ng hudyat usok at kung ano ang kanilang gagawin kung marinig nila ito. Magbalak kung sa anong lugar magkikita-kita ang inyong pamilya kung kailangan ninyong lumabas ng bahay. Pumili ng isang lugar sa labas ng inyong bahay at isa pang lugar sa labas ng inyong paligid, kung sakaling hindi kayo makakabalik sa bahay. Hilingin sa isang kaibigan o kapamilya na nakatira sa ibang lugar kung puwedeng siya ang tatawagan ng mga tao kung magkahiwa-hiwalay ang inyong pamilya sa kagipitan. Tiyaking alam ng lahat sa inyong pamilya na ito ang taong tatawagan nila at alam nila ang kanyang numero ng telepono.
- Itanong kung ano ang mga plano sa paaralan ng inyong anak kung sakaling magkaroon ng kagipitan. Tiyaking alam ng inyong anak kung ano ang kanyang gagawin. Itanong kung saang lugar ninyo susunduin ang inyong anak kung sakaling magkaroon ng kagipitan.

## ANO ANG MAGAGAWA NINYO




**Para panatilihing ligtas sa panganib ang inyong paligid, makipagkilala sa inyong mga kapitbahay. Pag-usapan ninyo kung ano ang gagawin ninyo kung sakaling magkaroon ng kagipitan sa inyong lugar. Kung mayroon kayong mga kapitbahay na may kapansanan, tingnan kung kailangan nila ng espesyal na tulong.**

**Maraming mga paligid ang may Neighborhood Watch [Tagapagmasid]. Ang Neighborhood Watch ay isang grupo ng mga taong taga-paligid. Naghahalinhinan silang pumapasada sa kalsada sa gabi para hadlangan ang mga gawaing kriminal. Puwede kayong magboluntaryo na sumali sa Neighborhood Watch kung mayroon nito sa inyong lugar. Magpatulong sa departamento ng pulis sa inyong lugar kung nais ninyong magtatag ng isang Neighborhood Watch. Tingnan ang http://www.usaonwatch.org para sa karagdagang impormasyon.**

**Tinutulungan ninyo ang inyong komunidad at bansa kapag tinutulungan ninyo ang ibang taong maging ligtas sa panganib. Mas lalo kayong makakapag-ugnayan sa inyong komunidad sa pamamagitan ng Citizen Corps Council [Pangkat ng Sangguniang Mamamayan] sa inyong lugar. Tingnan ang http://www.citizencorps.gov para sa karagdagang impormasyon.**

### First Aid [Pangunang Lunas]

Alamin kung paano makakatulong sa mga partikular na kalagayang pangkagipitan, tulad ng kapag may taong tumutulo ang dugo o nabubulunan. Ito ay tinatawag na "first aid." Maaari kang kumuha ng pagsasanay sa unang lunan sa pamamagitan ng inyong lokal na Red Cross. Tawagan ang inyong lokal na tanggapan ng Red Cross o ang National Safety Council [Pambansang Konseho sa Kaligtasan] upang magtanong tungkol sa mga klase sa inyong lugar. Humanap ng iba pang impormasyon sa http://www.redcross.org o http://www.nsc.org/train/ec.

Magtabi ng mga gamit na pangunang lunas sa bahay, sa trabaho, at sa inyong kotse. Ang mga gamit na pangunang lunas ay naglalaman ng mga bagay na tulad ng mga benda, pamunas na antiseptiko, gamot para sa kirot, dagliang pampalamig, at mga guwantes, na magagamit ninyo para sa mga hindi gaanong malubhang pinsala o para sa kirot. Makabibili kayo ng isang mahusay na pangunang lunas sa botika sa inyong lugar.

### Poison Control [Pagkontrol ng Lason]

Maraming bagay sa inyong bahay ang nakakalason kung malulon ang mga ito. Kabilang sa mga ito ang mga produktong panlinis, gamot, pintura, alkohol, kosmetiko, at kahit na ang ilang mga halaman. Ilayo sa inyong mga anak ang mga ito.

Kung may nakalunkok ng isang nakalalasong bagay, tawag kaagad ang Poison Control Center sa 1-800-222-1222. Makakakuha kayo ng tulong 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Itabi sa inyo ang nakalalasong bagay kapag tumawag kayo. Sabihin sa opereytor kung ano ito. Kung hindi kayo nagsasalita ng Ingles, sabihin sa opereytor upang tulungan ka ng isang interpreter. Ang mga tawag sa Poison Control Center ay kompidensiyal at libre.


## Sistemang Pagbabala ng Homeland Security [Kagawaran para sa Kapanatagan ng Bansa] para sa mga Pagsalakay ng mga Terorista

May sistema ang Department of Homeland Security (DHS) [Kagawaran para sa Kapanatagan ng Bansa] para tulungan ang mga taong maintindihan ang panganib ng posibleng pagsalakay ng mga terorista. Ginagamit sa sistema ang ibat-ibang kulay para ipakita ang mga antas ng panganib. Ang mga ito ay:

- **Red [Pula]**. Matinding kalagayan. Mayroong matinding panganib ng mga pagsalakay ng mga terorista. May nangyari nang pagsalakay o malapit nang mangyari.
- **Orange [Dalandan]**. Mataas na kalagayan. Mayroong malaking panganib ng mga pagsalakay ng mga terorista. Walang mga nalalamang partikular na tudlaan.
- **Yellow [Dilaw]**. Medyo mataas na kalagayan. Mayroong malaki-laki ring panganib ng mga pagsalakay ng mga terorista. Walang mga nalalamang partikular na tudlaan
- **Blue [Asul]**. Maingat na kalagayan. Walang pangkalahatang panganib ng mga pagsalakay ng mga terorista. Walang mga nalalamang partikular na banta o tudlaan.
- **Green [Berde]**. Mababang Kalagayan. Mababa ang panganib ng mga pagsalakay ng mga terorista.

### Kung Sakaling Sumalakay ang mga Terorista

Magagamit ng pamahalaan ng Estados Unidos ang Emergency Alert System (EAS) [Sistema sa Pag-iingat sa Kagipitan] para magbigay ng impormasyon sa bansa kung sakaling magkaroon ng isang kagipitan. Magagamit ng Pangulo ng Estados Unidos ang sistemang ito para magbigay sa madla ng mga pangunahing impormasyon kapag nagkaroon ng isang kagipitan. Maaari ring gamitin ng mga pamahalaan ng estado at pamahalaang panglokal ang EAS para magbigay sa mga tao sa kanilang lugar ng mga impormasyon kapag may kagipitan. Kung sakaling magkaroon ng kagipitan, makinig ng radyo o manood ng telebisyon para sa impormasyon tungkol sa kung paano ninyo mapoprotektahan ang inyong sarili at ang inyong pamilya.





**MGA DAPAT TANDAAN:** Kung sakaling sumalakay ang mga terorista, sundin ninyo ang mga instruksiyon ng mga awtoridad sa inyong lugar. Makinig sa radyo at telebisyon para sa mga instruksiyon. Tiyaking mayroon kayong telebisyon o radyo sa bahay na gumagana sa pamamagitan ng baterya kung sakaling pansamantalang mawalan ng elektrisidad sa inyong lugar.

## Huwag Matakot, Maging Handa


Tinutulungan ng DHS ang mga Amerikanong malaman ang mga posibleng panganib, para alam nila kung anong gagawin kung sakaling sumalakay ang mga terorista o magkaroon ng sakunang pangkalikasan. Ang DHS ay nagkakaloob ng mga impormasyon para tulungan kayong gawing mas ligtas mula sa mga panganib ng krimen, terorismo, at lahat ng klase ng sakuna ang inyong pamilya, ang inyong bahay, at ang inyong komunidad. Tawagan ang 1-800-BE-READY para sa nakasulat na impormasyon o tingnan ang website ng DHS sa http://www.ready.gov.

Makakakuha kayo ng patnubay ng mamamayan na may pamagat na *Are You Ready? An In-Depth Guide to Citizen Preparedness* [Nakahanda Ba Kayo? Isang Masaklaw na Patnubay sa Pagkahanda ng Mamamayan], na may mga payo kung paano gagawing mas ligtas ang inyong pamilya, inyong bahay, at ang iyong komunidad. Makakakuha kayo ng patnubay na ito mula sa Federal Emergency Management Agency (FEMA) sa http://www.fema.gov/areyouready, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-480-2520. Makakakuha rin kayo ng mga materyal mula sa website ng Citizen Corps sa http://www.citizencorps.gov/ready/cc_pubs.shtm.

### ANO ANG MAGAGAWA NINYO



**Hinihiling ng mga opisyal ng pamahalaang pederal at ng estado sa lahat ng taong naninirahan sa Estados Unidos na tumulong labanan ang terorismo. Tiyaking alam ninyo ang inyong kapaligiran, lalo na kapag kayo ay nagbibiyahe sa mga bus, tren at eroplanong pangmadla. Kung may makita kayong naiwang bagay na nakapaghihinala, na tulad ng porpolyo, pantalikod na balutan, o balutan, ipagbigay-alam ito kaagad sa pinakamalapit na pulis o iba pang awtoridad. Huwag ninyong bubuksan o gagalawin ang bagay na ito.**




# Alamin ang Tungkol sa Estados Unidos

Ang Estados Unidos ay isang demokrasyang bansa, at ang mga mamamayan dito ay may mahalagang tungkulin sa pamamalakad ng bansa.  Sa seksiyong ito, malalaman ninyo ang tungkol sa kung paano nakakatulong ang mga mamamayan sa paghubog ng pamahalaan, kung paano nagsimula at umunlad ang Estados Unidos, at kung paano magpalakad ang ating pamahalaan.

# Kami, ang Taong-Bayan: Ang Tungkulin ng Mamamayan sa Estados Unidos

Sa Estados Unidos, ang taong-bayan ang gumagawad sa pamahalaan ng kapangyarihang mamahala. Mayroon tayong isang pamahalaan na mula sa taong-bayan, sa pamamagitan ng taong-bayan, at para sa taong-bayan. Ang mga mamamayan sa Estados Unidos ang humuhubog ng kanilang pamahalaan at ng mga pamamalakad nito, kaya kailangan nilang malaman ang mga mahalagang isyu at dapat makipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad. Bumoboto ang mga mamamayan sa isang malayang halalan para piliin ang mga mahalagang opisyal ng pamahalaan, tulad ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Senador at mga Kinatawan. Matatawagan ng lahat ng mamamayan ang kanilang mga hinalal na opisyal para ipahayag ang kanilang opinyon, humingi ng impormasyon, o magpatulong sa mga partikular na isyu.

Pinagbabatayan ng ating pamahalaan ang mga ilang importanteng kahalagahan: kalayaan, oportunidad, pagkakapantay-pantay, at katarungan. Nagkakaisa ang mga Amerikano sa mga kahalagahang ito, at ang mga kahalagahang ito ang nagbibigay sa atin ng pagkakakilanlan bilang isang bansa.

Pinoprotektahan ng pamahalaan sa Estados Unidos ang mga karapatan ng bawat tao. Ang Estados Unidos ay binubuo ng mga taong mula sa ibat-ibang karanasan, kultura, at relihiyon. Isinasaayos ang ating pamahalaan at mga batas sa paraang magkakapareho ang mga karapatan ng mga mamamayang mula sa ibat-ibang karanasan at may ibat-ibang paniniwala. Walang tao ang napaparusahan o nasasaktan dahil iba sa karamihan ng tao ang kanyang opinyon o paniniwala.

### MULA SA, SA PAMAMAGITAN NG AT PARA SA TAONG-BAYAN: ANO ANG DEMOKRASYA?




**Ang kahulugan ng salitang "demokrasya" ay "Pamahalaan sa pamamagitan ng taong-bayan". Ang demokrasya ay may ibat-ibang anyo sa ibat-ibang bansa. Sa Estados Unidos, ang ating demokrasya ay ang tinatawag na kinatawang demokrasya. Ang ibig sabihin nito ay ang taong-bayan ang pumipili ng mga opisyal ng pamahalaan bilang kinatawan para sa kanilang mga paniniwala at kapakanan.**


# Paano Nagsimula ang Estados Unidos

Ang mga mananakop at taong namahayan na dumating sa Estados Unidos noong unang panahon ay tumakas mula sa masamang pagtrato sa kanila, lalo na ang pagmamalupit sa bansang kanilang pinagmulan dahil sa kanilang relihiyon. Naghahanap sila ng kalayaan at mga bagong oportunidad. Ngayon, maraming tao ang pumupunta sa Estados Unidos dahil rin sa mga parehong dahilan.

Bago ito naging isang hiwalay at malayang bansa, ang Estados Unidos ay binuo ng 13 nasasakupan na pinamahalaan ng bansang Great Britain. Ang mga taong nakatira sa nasasakupan ay walang karapatang sabihin ang kanilang mga opinyon tungkol sa kung anong mga batas ang aprobahan o kung paano sila pinamahalaan. Lalo nilang tinutulan ang "pagbayad ng buwis na walang pangangatawan". Ang ibig sabihin nito ay nagbabayad ng buwis ang mga tao, pero wala silang karapatang sabihin kung paano pinamamahalaan ang pamahalaan.


Noon 1776, maraming tao ang may opinyon na hindi makatarungan at sila dapat ang mamamahala sa kanilang sarili. Naglabas ng Declaration of Independence [Pahayag ng Pagsasarili] ang mga kinatawan ng sinasakupan. Ipinahayag nito ang mahalagang dokumento na malaya at may kasarinlan ang mga sinasakupan at hindi na sakop ng bansang Great Britain. Si Thomas Jefferson ang nagsulat ng Declaration of Independence. Siya ang naging pangatlong pangulo ng Estados Unidos.

## ANO ANG MAGAGAWA NINYO



**Kayo ay mayroong maraming karapatan at kalayaan bilang isang pirmihang naninirahan. Mayroon kayong ilang mga responsibilidad bilang kapalit. Ang isang mahalagang responsibilidad ay ang makipag-ugnayan sa inyong komunidad. Kailangan rin ninyong matutunan ang paraan ng pamumuhay sa Estados Unidos at ang kasaysayan at pamahalaan ng ating bansa. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagrehistro sa mga edukasyong pang may-edad at sa pagbabasa ng peryodiko.**

## ANG ESTADOS UNIDOS AT ANG ORIHINAL NA LABINTATLONG NASASAKUPAN



**Itinatag ang labintatlong nasasakupan ayon sa pagkakasunod-sunod:**

**Virginia, Massachusetts, Maryland, Connecticut, Rhode Island, Delaware, New Hampshire, North Carolina, South Carolina, New Jersey, New York, Pennsylvania, at Georgia.**


Ang Deklarasyon ng Kalayaan ay pinagtibay noong Hulyo 4, 1776. Ito ang dahilan kung bakit ang mga Amerikano ay nagdiriwang ng ika-4 ng Hulyo bawat taon bilang Araw ng Kalayaan: ito ang kaarawan ng ating nasyon.

Kinailangngang ipaglaban ng Estados Unidos ang kanyang kalayaan mula sa bansang Great Britain sa Digmaang Rebolusyonaryo. Pinamunuan ni Heneral George Washington ang lakas militar ng Rebolusyong Amerikano. Kilala siya bilang "Ama ng Ating Bansa". Pagkatapos, siya ang naging unang pangulo ng Estados Unidos.

Naging mga estado ang mga nasasakupan pagkatapos manalo sa digmaan. Ang bawat estado ay may sariling pamahalaan. Ginustong lumikha ng mga mamamayan ng mga estado ng isang bagong pamahalaan para pagsamahin at gawing isang bansa ang mga ito. Sa kasalukuyan, itong pamahalaang sentral, ang ating pamahalaang pambayan, ay tinatawag na "pamahalaang pederal". Ang Estados Unidos

ay binubuo na ngayon ng 50 estado, ng District of Columbia (isang natatanging lugar na himpilan ng pamahalaang pederal), ng mga teritoryo ng Guam, American Samoa, at ng U.S. Virgin Islands, at ng mga gobyerno ng Northern Mariana Islands at Puerto Rico.

### "NILIKHANG PANTAY-PANTAY ANG LAHAT NG TAO"



**Kabisado ng maraming Amerikano ang mga salitang ito na mula sa Declaration of Independence [Deklarasyon ng Kalayaan]:**

**"Pinaninindigan namin na hindi na kailangang ipaliwanag ang mga katotohanang ito, na nilikha ang lahat ng tao nang pantay-pantay, na sila ay pinagkalooban ng Lumikha ng mga ilang Karapatang di-maikakait, na kabilang sa mga ito ang Buhay, Kalayaan at ang paghangad ng Kaligayahan."**

**Ang ibig sabihin nito ay ang lahat ng tao ay ipinanganak na may pare-parehong mahalagang karapatan. Hindi ang pamahalaan ang lumilikha nitong mga karapatan, at walang pamahalaan ang makakabawi ng mga karapatang ito.**

## Paglilikha ng "Isang Mas Mahusay na Bansa"

Mga ilang taon pagkatapos ng Rebolusyong Amerikano, sinubukan ng mga estado ang ibat-ibang paraan para magkasamasama sa isang pamahalaang sentral, pero masyadong mahina ang pamahalaang iyon. Kaya nagtipon sa Philadelphia, Pennsylvania noong 1787 ang mga kinatawan ng mga estado para bumuo ng isang bago at mas malakas na pamahalaang sentral. Ang pulong na ito ay ang Constitutional Convention [Konbensyong Pang-Konstitusyonal]. Pagkatapos ng maraming pagtatalo, ang mga pinuno ng mga estado ay gumawa ng isang dokumentong inilalarawan itong bagong pamahalaan. Ang dokumentong ito ay ang Kontitusyon ng Estados Unidos, isa sa pinakamahalagang dokumento sa kasaysayan ng Estados Unidos. Ipinaliwanag ng Konstitusyon kung paano isasaayos ang bagong pamahalaan, kung paano pipiliin ang mga opisyal ng pamahalaan, at kung anong mga karapatan ang igagarantiya ng bagong pamahalaang sentral sa mga mamamayan.

### "OLD GLORY"—ANG BANDILA NG ESTADOS UNIDOS



**May mga pagbabagong dinaanan ang bandila ng Estados Unidos sa loob ng mga taon. Mayroon ito ngayong 13 guhit para sa 13 orihinal na nasasakupan. Mayroon itong 50 bituin, isa para sa bawat estado. Ang pambansang awit ng Estados Unidos ay tungkol sa bandila at pinamagatang "The Star-Spangled Banner". Ang bandila ay tinatawag ring "Stars and Stripes", at ang isang paboritong awit sa Estados Unidos ay pinamagatang "Stars and Stripes Forever".**

Inaprobahan ang Konstitusyon ng mga miyembro ng Konbensyong Pang-Konstitusyonal noong Septiyembre 17, 1787. Tapos, kinailangan itong aprobahan ng lahat ng 13 estado. Sa palagay ng mga ilang tao ay hindi sapat ang ginawa ng Konstitusyon para protektahan ang mga karapatan ng bawat tao. Pumayag ang mga estadong aprobahan ang Konstitusyon kung idaragdag dito ang isang listahan ng mga karapatan ng bawat tao. Inaprobahan ng mga estado ang Konstitusyon noong 1789. Ang listahan ng mga karapatan

ng bawat tao, tinatawag na Bill of Rights, ay dinagdag sa Konstitusyon noong 1791. Ang mga pagbabago sa Konstitusyon ay tinatawag na "mga susog". Ang unang 10 susog sa Konstitusyon ay tinatawag na Bill of Rights.

Ang Estados Unidos ay isang bansang pinamamahalaan ng mga batas. Binabatay sa mga batas na ito ang mga desisyon ng mga opisyal ng pamahalaan. Kinikilala ang Konstitusyon bilang ang "kataas-taasang batas ng bansa" dahil ang bawat mamamayan, kabilang ang lahat ng opisyal ng pamahalaan, at ang bawat batas na nilikha, ay kailangang ipagtanggol ang mga prinsipyo ng Konstitusyon. Ginagamit ang mga batas ng pantay-pantay sa lahat. Limitado ang mga kapangyarihan ng pamahalaang pederal. Nasa mga estado ang mga kapangyarihang hindi ipinagkaloob ng deretso sa pamahalaang pederal ng Konstitusyon.

## "KAMI, ANG TAONG-BAYAN"



**"Kami, ang Taong-Bayan" ang unang tatlong salita sa Konstitusyon ng Estados Unidos. Nag-uumpisa ang Kontitusyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung bakit ito sinulat at kung ano ang balak nitong tuparin. Ang seksiyong ito ay tinatawag na "preamble". Ito ang paunang salita sa Konstitusyon:**

**"Kami, ang Taong-Bayan ng Estados Unidos, Upang humubog ng isang mas mahusay na Bansa, magtatag ng katarungan, tiyakin ang kapayapaan sa bansa, ipagtanggol ang lahat, itaguyod ang Kapakanan ng lahat, at tamuhin ang mga Biyaya ng Kalayaang para sa atin at para sa Lahat ng Henerasyon sa Hinaharap, ay tinatalaga at tinatatag itong Konstitusyon para sa Estados Unidos ng Amerika."**


### Ang Bill of Rights: Ang Unang 10 Susog

Ginawa ang mga unang pagbabago sa Konstitusyon para protektahan ang bawat mamamayan at takdaan ang kapangyarihan ng pamahalaan. Nakalista sa Bill of Rights ang mga mahalagang kalayaang pinangako sa mga Amerikano. Sa karamihan ng kaso, tinatakdaan nitong mga karapatan ang magagawa ng pamahalaan sa bawat tao. Kabilang sa mga karapatang ito ang:

- Kalayaan sa pagsasalita. Hindi masasabi ng pamahalaan sa mga tao kung ano ang kanilang masasabi o hindi masasabi. Masasabi ng mga tao ang gusto nilang sabihin tungkol sa mga isyung nauukol sa madla na hindi sila parurusahan.
- Kalayaan sa pananampalataya. Hindi masasabi ng pamahalaan sa mga tao kung saan sila mananampalataya. Puwedeng piliin ng mga tao na manampalataya—o hindi manampalataya—kung anuman ang nais nila.
- Kalayaan ng paglalathala. Hindi ang pamahalaan ang makakapagdesisyon kung ano ang ilalathala sa mga peryodiko o mapapakinggan sa radyo o telebisyon.
- Kalayaan na magtipun-tipon sa mga pampublikong lugar. Hindi mapipigil ng pamahalaan ang mga tao na gumawa ng ayon sa batas na pampublikong pagtitipon para sa maraming layunin.
- Kalayaan na mag-ari ng mga baril. Sa karamihan ng mga kaso, hindi mapipigilan ng pamahalaan ang mga tao na mag-ari ng mga baril.
- Kalayaang tumutol sa mga ginagawa ng pamahalaan at humiling ng pagbabago. Hindi puwedeng patahimikin o parusahan ng pamahalaan ang mga taong tumututol sa mga ginagawa ng pamahalaan na hindi sila sang-ayon.

Ginagarantiya rin ng Bill of Rights ang patakarang legal. Ang patakarang legal ay ang kailangang sundin kapag naparatangan ang isang taong gumawa ng krimen. Ang mga pulis at sundalo ay hindi puwedeng pahintuin at kapkapan ang isang tao na walang mabuting dahilan, at hindi nila puwedeng halughugin ang mga tahanan ng mga tao ng walang pahintulot ng korte. Ang mga taong pinaratangan ng krimen ay ginagarantiyahan ng isang mabilis na paglilitis sa pamamagitan ng isang huradong binubuo ng mga taong katulad nila. Ginagarantiyang bibigyan sila ng abogadong kakatawan sa kanila at puwede silang magharap ng mga taong magtetestigo para sa kanila. Ipinagbabawal rin ang mga parusang malupit at kakaiba.

### PAGBABAGO NG KONSTITUSYON



Ang Konstitusyon ng Estados Unidos ay tinatawag na isang "living document" dahil ang mga Amerikano, sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawang pang-estado at pambansa, ay puwedeng baguhin ito kapag kinakailangan. Itong mga pagbabago ay tinatawag na "mga susog". Isang matagal at mahirap na proseso ang palitan ang Konstitusyon, kaya 27 beses lamang itong binago sa loob ng mga panahon ng ating kasaysayan. Maliban sa Bill of Rights, ang mga ilang mahalagang susog ay ang ikalabintatlo, na ipinagbabawal ang pang-aalipin, at ang ikalabing-apat, na ginagarantiya ang pantay-pantay na proteksiyon ng batas sa lahat ng mamamayan. Ang ikalabinsiyam ang nagkaloob sa kababaihan ng karapatang bumoto.

## Paano ang Pamamalakad ng Pamahalaang Pederal

Ang orihinal na 13 nasasakupan ay napailalim noon sa ganap na kapangyarihan ng hari ng bansang Great Britain. Sa kanilang bagong pamahalaang sentral, gustong iwasan ng mga Amerikano na mapunta ang lahat ng kapangyarihan sa isang opisyal ng pamahalaan o katungkulan sa pamahalaan. Lumikha ang Konstitusyon ng tatlong sangay para sa pamahalaang pederal, para balanse ang kapangyarihan. May mga magkakahiwalay na tungkulin ang tatlong sangay. Tinatawag natin itong ang sistema ng "pagpigil at pagtimbang". Hindi puwedeng magkaroon ng masyadong maraming kapangyarihan ang isang sangay ng pamahalaan dahil binabalanse ito ng dalawang sangay.

### ANG PAMAHALAANG PEDERAL

Ang tatlong sangay ng pamahalaang pederal ay:



Ang sangay Pambatasan:
ang Kongreso ng Estados Unidos
at mga kaugnay na tanggapan



Ang sangay Tagapagpaganap:
ang Pangulo, Pangalawang Pangulo,
at mga kagawaran ng
pamahalaang pederal



Ang sangay Panghukuman:
ang Korte Suprema ng Estados
Unidos at mga korte pederal
sa lahat ng dako ng bansa

# Ang Sangay Pambatasan: Kongreso

Ang mga mamamayan ng Estados Undios ay bumoboto sa isang malayang halalan para pumili ng mga taong kakatawan sa kanila sa Kongreso ng Estados Unidos. Tungkulin ng Kongreso ang gumawa ng mga batas para sa ating bansa. Ang Kongreso ay binubuo ng Kapulungan ng mga Kinatawan at ng Senado.

## Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos

Bumoboto ang mga mamamayan ng bawat estado para pumili ng mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan. Mayroong 435 miyembro ang Kapulungan ng mga Kinatawan na binansagang "the House". Ang bilang ng mga kinatawan para sa bawat estado ay binabatay sa populasyon ng estado. Ang mga estado ay binabahagi sa mga distrito. Binoboto ng mga taong naninirahan sa bawat distrito ang kanilang kinatawan sa Kapulungan. Ang bawat kinatawan ay nanunungkulan ng dalawang taon, tapos may panibagong pagkakataon na naman ang mga mamamayan para iboto sila o ang ibang taong kakatawan sa kanila. Walang takdang panahon ang panunungkulan sa Kongreso ng mga Kinatawan.

May limang karagdagang miyembro sa Kapulungan. Ang mga ito ay ang mga kinatawan ng District of Columbia, ang komonwelt ng Puerto Rico, at ang mga teritoryo ng Guam, American Samoa, at ang U.S. Virgin Islands. Sila ay maaaring lumahok sa mga debate, pero hindi sila maaaring lumahok sa mga pormal na boto sa buong Kapulungan.

### TAGAPAGLINGKOD SA TAONG-BAYAN ANG MGA OPISYAL NG PAMAHALAAN



**Sa Estados Unidos, matatawagan ng kahit sino ang kanilang mga hinalal ng Kinatawan at Senador. Puwede ninyong tawagan ang 202-224-3121 at hilinging ikonekta kayo sa tanggapan ng inyong Kinatawan o Senador. Sulatan ninyo ang inyong mga Kinatawan o Senador para magtanong o sabihin ang inyong opinyon tungkol sa pagbabatas at sa pamahalaang pederal, o kung mayroon kayong mga problema at kailangan ninyo ng tulong na nauukol sa mga benepisyo mula sa pamahalaang pederal.**

**Para sulatan ang inyong Kinatawan:**
**The Honorable (isulat ang buong pangalan ng Kinatawan)**
**U.S. House of Representatives**
**Washington, DC 20515**

**Para sulatan ang inyong Senador:**
**The Honorable (isulat ang buong pangalan ng Senador)**
**United States Senate**
**Washington, DC 20510**

**Puwede ninyong tingnan ang mga website ng Kongreso para malaman ninyo ang tungkol sa mga ginagawa sa kasalukuyan sa Kapulungan at sa Senado at tungkol sa inyong mga Kinatawan at Senador, at pati na rin ang kanilang mga website address.**

- **Para sa Kapulungan ng mga Kinatawan, tingnan ang http://www.house.gov/.**
- **Para sa Senado, tingnan ang http://www.senate.gov/.**

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ang gumagawa ng mga batas, pero mayroon itong mga pasadyang tungkulin. Ang Kapulungan ng mga Kinatawan lamang ang puwedeng:

- Magpasok ng mga batas na nauukol sa mga buwis.
- Magdesisyon kung ang isang opisyal ng pamahalaan na pinaratangan ng krimen laban sa bansa ay dapat dalhin sa isang paglilitis sa Senado. Tinatawag itong "impeachment".

## ANO ANG MAGAGAWA NINYO



**Alamin ang tungkol sa inyong mga Kinatawan at Senador at kung ano ang ginagawa nila bilang inyong Kinatawan sa Kongreso. Magagawa ninyo ito sa pagbabasa sa peryodiko ng mga kuwento tungkol sa kanila at sa pagtingin sa mga website na para sa Kongreso. Ang lahat ng mga Kinatawan at Senador ay may mga tanggapan sa mga komunidad na kanilang pinangangatawanan; makikita ninyo ang mga ito sa mga pahinang asul ng direktoryo ng telepono. Kung pupunta kayo sa Washington, DC, puwede kayong mamasyal ng walang-bayad sa Kapitolyo ng Estados Unidos, kung saan nagtatrabaho ang Kongreso.**

**Malalaman ninyo ang tungkol sa Pangulo at ang kanyang kabiyak, ang Unang Ginang, sa pagtingin sa website ng White House, ang tahanan ng Pangulo. Tingnan ang http://www.whitehouse.gov/.**

### Ang Senado ng Estados Unidos

Mayroong 100 Senador sa Senado ng Estados Unidos. Bumoboto ang mga mamamayan sa bawat estado ng dalawang Senador na kumakatawan sa kanila sa Kongreso. Ang mga Senador ay nanunungkulan ng anim na taon, pagkatapos may panibagong pagkakataon na naman ang mga mamamayan para iboto sila o ang ibang taong kakatawan sa kanila. Walang takdang panahon ang panunungkulan sa Kongreso ng mga Senador. Ang mga Senador ang gumagawa ng mga batas, pero mayroon rin silang mga pasadyang tungkulin.

Ang Senado lamang ang puwedeng:



- Magsabi ng "oo" o "hindi" sa anumang mga ginagawang kasunduan ng Pangulo sa mga ibang bansa o sa mga organisasyon ng mga bansa. Ang mga ito ay tinatawag na "treaties" [pakikipagdayuhan].
- Magsabi ng "oo" o "hindi" sa sinumang piliin ng Pangulo para sa mga nakatataas na tungkulin, tulad ng mga mahistrado ng Korte Suprema o mga opisyal para mamahala ng mga kagawarang pederal, tulad ng Department of Education [Kagawaran ng Edukasyon] o Department of Health and Human Services [Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan at Pantao].
- Magsagawa ng paglilitis para sa isang opisyal ng pamahalaan na "isinakdal dahil sa pagmamalabis sa katungkulan" ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

## Ang Sangay Tagapagpaganap: Ang Pangulo

Ang Pangulo ang namumuno sa sangay tagapagpaganap at ang kanyang tungkulin ay ipagtanggol at ipatupad ang mga batas ng bansa. Maraming iba pang tungkulin ang Pangulo, tulad ng pagtatakda ng mga pambansang pamamalakad, pagmumungkahi ng mga batas sa Kongreso, at pagpipili ng mga nakatataas na opisyal at mga miyembro ng Korte Suprema. Ang Pangulo ang siya ring pinuno ng militar ng Estados Unidos at puwedeng tawaging Commander in Chief [Punong Hukbo].

Ang mga tao ay bumoto sa mga halalan para sa Pangulo at Pangalawang Pangulo tuwing apat na taon. Ang Pangulo ay maaari lamang maglingkod sa katungkulan para sa dalawang apat-na-taong taning ng panunungkulan. Ang Pangalawang Pangulo ay magiging Pangulo kung ang Pangulo ay hindi na makaganap o namatay.

## Ang Sangay Panghukuman: Ang Korte Suprema

Ang Konstitusyon ang lumikha sa Korte Suprema, ang pinakamataas na hukuman sa Estados Unidos. Mayroong siyam na hukom sa Korte Suprema. Tinatawag silang "mga justice". Ang Pangulo ang pumipili ng mga miyembro ng Korte Suprema, at puwede silang manungkulan hanggang kaya nila. Puwedeng hindi sang-ayunan ng Korte Suprema ang mga batas ng estado at mga batas pederal kung sumasalungat sa Konstitusyon ang mga ito. Mayroong mga iba pang hukumang pederal, tulad ng U.S. District Courts [Hukuman Distrito ng Estados Unidos] at ng U.S. Circuit Court of Appeals [Hukuman Distrito Pang-Umapela ng Estados Unidos].

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa Korte Suprema ng Estados Unidos, tingnan ang http://www.supremecourtus.gov.

## Pamahalaan ng Estado at Pamahalaang Panglokal

Karagdagan sa pamahalaang pederal, ang bawat estado ay may sariling Konstitusyon at sariling pamahalaan. Ang bawat estado ay mayroon ring tatlong sangay: pambatas, tagapagpaganap, at panghukuman.

Ang namumuno sa sangay tagapagpaganap ng estado ay ang "gobernador". Bumoboto ang mga mamamayan ng bawat estado para pumili ng kanilang gobernador at ng kanilang mga kinatawan sa batasan ng estado. Ang batasan ng estado ang gumagawa ng mga batas na naaangkop sa bawat estado. Hindi puwedeng sumalungat sa Konstitusyon ng Estados Unidos ang mga batas na ito, at pinagtatanggol ng bawat sangay panghukuman ng estado ang mga batas ng estadong iyon.

Ang bawat estado ay mayroon ring mga pamahalaang panglokal. Ito ang mga pamahalaan ng lungsod at/o ng lalawigan. Nagkakaloob at namamahala sila ng maraming serbisyo sa inyong komunidad, tulad ng mga paaralang pampubliko at mga aklatan, mga departamento ng pulis at ng bombero, at mga serbisyo ng tubig, gaas at elektrisidad. Karaniwang hinahalal ng mga mamamayan ang mga opisyal ng mga pamahalaang panglokal, pero may mga ilang opisyal na hinihirang. May ibat-ibang klase ng pamahalaang panglokal. Ang ilan sa mga ito ay pinamumunuan ng isang alkalde; ang iba ay may sangguniang lungsod o sangguniang lalawigan. Ang mga komunidad panglokal ay mayroon ring mga sangguniang pampaaralan, mga mamamayang hinalal o hinirang para pamahalaan ang mga paaralang pampubliko.

## ANO ANG MAGAGAWA NINYO




Maraming mga pagpupulong ng pamahalaang panglokal ang bukas sa masa. Marami ang dinaraos sa gabi para makadalo ang kahit sino. Halimbawa, puwede kayong dumalo ng pagpupulong ng sangguniang lungsod o ng school board para mas lalong malaman ninyo kung ano ang nangyayari sa inyong komunidad. Itong mga pagpupulong at ang mga oras at lokasyon ng mga ito ay karaniwang nakalathala sa mga peryodiko. Puwede ring nakalista ang mga pagpupulong sa website ng pamahalaan. Ang mga ilang pagpupulong ng pamahalaang panglokal ay mapapanood sa telebisyon sa mga istasyon na kable na panglokal.



# Pagiging isang U.S. Citizen [Mamamayan ng Estados Unidos]

Ang pagiging isang Mamamayan ng Estados Unidos ay nagbibigay sa mga pirmihang naninirahan ng bagong mga karapatan at pribilehiyo. Ang pagiging isang mamamayan ay may kasama ring mga bagong responsibilidad. Ang seksiyong ito ay nagsasaad ng ilang mga dahilan na dapat isaalang-alang at naglalarawan kung ano ang kailangan ninyong gawin para maging isang mamamayan ng Estados Unidos.

Upang maging isang mamamayan, kailangang handa kayong manumpang pagiging tapat sa Estados Unidos. Kailangan ninyong talikdan ang inyong katapatan sa ibang bansa. Kailangan kayong pumayag na itaguyod at ipagtanggol ang Konstitusyon ng Estados Unidos. Sa oras na kayo ay maging isang mamamayan, tinatanggap ninyo ang lahat ng mga responsibilidad ng pagiging isang Amerikano. Bilang kapalit, tatamuhin ninyo ang mga karapatan at pribilehiyo ng pagiging mamamayan.

## Bakit Kailangan Maging isang Mamamayan ng Estados Unidos?

Tinatamasa ng mga pirmihang naninirahan ang halos karamihan ng mga karapatan ng mga mamamayan ng Estados Unidos. Pero may maraming mahalagang dahilan para maging isang mamamayan ng Estados Unidos. Ito ang ilan sa mga mabuting dahilan:



- **Pinapakita ninyo ang inyong pagmamahal sa bansa.** Ang pagiging isang mamamayan ay isang paraan para ipakita ang inyong pangako sa inyong bagong bansa.
- **Pagboto.** Mga mamamayan lamang ang maaaring bumoto sa mga pederal na halalan. Karamihan sa mga estado ay nagtatakda, sa karamihan ng mga halalan, sa mga mamamayan ng Estados Unidos.
- **Paglilingkod sa isang lupon ng tagahatol.** Mga mamamayan lamang ng Estados Unidos ang maaaring maglingkod sa isang pederal na lupon ng tagahatol. Karamihan sa mga estado ay nagtatakda rin sa serbisyo sa lupon ng tagahatol sa mga mamamayan ng Estados Unidos. Ang paglilingkod sa isang lupon ng tagahatol ay isang mahalagang responsibilidad paa sa mga mamamayan ng Estados Unidos.
- **Pagbibiyaheng gamit ang pasaporteng Estados Unidos.** Matutulungan kayo, kung kinakailangan, ng pamahalaan ng Estados Unidos kapag kayo ay nasa ibang bansa at U.S. ang inyong pasaporte.
- **Pagdala sa Estados Unidos ng inyong mga kapamilya.** Kadalasang unang binibigyang-pansin ang mga pinetisyong kapamilya ng mga mamamayan ng Estados Unidos.
- **Pagiging mamamayan ng Estados Unidos ng mga batang ipinanganak sa labas ng Bansa.** Sa karamihang kaso, ang anak ng isang mamamayan ng Estados Unidos na ipinanganak sa ibang bansa ay automatikong mamamayan ng Estados Unidos.
- **Maaring makapagtrabaho sa pamahalaang pederal.** May ilang mga trabaho sa mga ahensiya ng pamahalaan kung saan ang mga mamamayan ng Estados Unidos lamang ang tinatanggap.
- **Pagiging isang inihalal na opisyal.** Mga mamamayan lamang ang maaaring kumandidato para sa pederal na katungkulan (Senado ng Estados o Kapulungan ng mga Kinatawan) at para sa karamihan ng mga pang-estado at lokal na katungkulan.
- **Pananatili ng paninirahan sa bansa.** Hindi mababawi ang karapatan ng isang mamamayan ng Estados Unidos na manatili sa Estados Unidos.

- **Karapat-dapat na makatanggap ng libreng edukasyon mula sa pamahalaang pederal.** Maraming mga tulong na pinagkakaloob sa pananalapi, kabilang ang college scholarships at mga perang kaloob ng pamahalaan para sa mga partikular na layunin, na naaayon lamang sa mga mamamayan ng Estados Unidos.
- **Makatanggap ng benepisyo mula sa pamahalaan.** Ang mga ilang benepisyo mula sa pamahalaan ay para lamang sa mga mamamayan ng Estados Unidos.

## Naturalisasyon: Pagiging isang Mamamayan ng Estados Unidos

Ang paraan para maging isang mamamayan ng Estados Unidos ay tinatawag na "naturalisasyon". Puwede kayong mag-aplay para sa naturalisasyon sa oras na matupad ninyo ang mga sumusunod:

Naninirahan sa Estados Unidos nang hindi kukulangin sa limang taon bilang isang pirmihang naninirahan (o tatlong taon kung kasal sa at naninirahang kasama ng isang mamamayan ng Estados Unidos).

Namamalagi sa Estados Unidos nang hindi kukulangin sa 30 buwan sa nakalipas na limang taon (o 18 buwan sa nakalipas na tatlong taon kung kasal sa at naninirahang kasama ng isang mamamayan ng Estados Unidos).


Naninirahan sa loob ng isang estado o distrito ng USCIS nang hindi kukulangin sa tatlong buwan bago ka nag-aplay.

Kailangang sundin ang iba't-ibang patakaran kung:

- Kayo, o ang inyong namatay na magulang, asawa, o anak ay naglingkod sa U.S. Armed Forces [Sandatahang Lakas ng Estados Unidos].
- Kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos.
- Kayo ay naging isang pirmihang naninirahan sa pamamagitan ng 1986 amnesty law.
- Kayo ay isang takas sa ibang bayan.
- Ang inyong asawa ay isang mamamayan ng Estados Unidos na nakadestino sa ibang bansa.
- Nawala sa inyo ang pagkamamamayan ng Estados Unidos alinsunod sa dating batas dahil nagpakasal kayo sa isang hindi mamamayan.
- Kayo ay isang empleyado ng mga ilang klaseng kompanya o ng mga organisasyong hindi pangnegosyo.

Tingnan ang *A Guide to Naturalization* [Isang Patnubay sa Naturalisasyon] para sa karagdagang impormasyon. Baka sakaling gusto rin ninyong kumonsulta sa isang abogadong pang-imigrasyon o iba pang kuwalipikadong propesyonal.

## PAGKUHA NG IMPORMASYON TUNGKOL SA NATURALISASYON



**Ang mga taong nasa 18 taong gulang o mas matanda na gustong maging mamamayan ay kailangang kumuha ng Form M-476,** *A Guide to Naturalization* **[Isang Pamatnubay Tungkol Sa Naturalisasyon]. Itong pamatnubay ay may mga mahalagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para sa naturalisasyon. Sinasabi rin sa inyo kung anong mga form ang kailangan ninyo para umpisahan ang proseso ng naturalisasyon.**

**Para malaman ninyo kung karapat-dapat kayong mag-aplay para sa naturalisasyon, tingnan ang Form M-480, Naturalization Eligibility Worksheet sa katapusan ng** *A Guide to Naturalization* **[Isang Pamatnubay Tungkol Sa Naturalisasyon]. Gamitin ang Form N-400 para mag-aplay para sa naturalisasyon. May bayad ang pag-sumite ng Form N-400.**


**Para kumuha ng mga Form M-476, M-480, at N-400, tawagan ang USCIS Forms Line sa 1-800-870-3676 o kunin ninyo ito sa http://www.uscis.gov.**

### Mga Kinakailangan para sa Naturalisasyon

Ang mga pangkalahatang kinakailangan para sa naturalisasyon ay:

1. Manirahan sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan para sa partikular na tagal ng panahon (Patuloy na Paninirahan).
2. Kasalukuyang manirahan sa Estados Unidos para sa mga partikular na panahon ("Physical Presence"—Aktual na Paninirahan sa Estados Unidos).
3. Gumugugol ng mga partikular na dami ng oras sa inyong estado o distrito ng USCIS (Panahon sa Distrito ng USCIS o Estado).
4. Kumilos sa paraang naaayon sa batas at karapat-dapat (Mabuting Pagkatao).
5. Malaman ang Ingles at mga impormasyon tungkol sa kasaysayan at pamahalaan ng Estados Unidos (Ingles at Sibika).
6. Intindihin at tanggapin ang mga prinsipyo ng Konstitusyon ng Estados Unidos (Katapatan sa Konstitusyon).

## NAGPAPANATILI NG ISANG PATULOY NA PANINIRAHAN BILANG ISANG PIRMIHANG NANINIRAHAN



| Kung lumabas kayo ng Estados Unidos ng: | Ang iyong katayuan sa paninirahan ay: | Para mapanatili ang inyong estado, kailangan ninyong: |
|---|---|---|
| Higit sa anim na buwan | May posibilidad na naputol | Patunayang kayo ay patuloy na maninirahan, magtatrabaho, at/o magkakaroon ng mga koneksiyon sa Estados Unidos (halimbawa, nagbabayad ng buwis) sa mga panahong kayo ay nasa labas ng bansa. |
| Higit sa isang taon | Naputol | Sa karamihang kaso, kailangan ninyong umpisahang muli ang inyong patuloy na paninirahan. Mag-aplay para sa re-entry permit [permiso upang makabalik sa Estados Unidos] bago kayo lumabas ng bansa, kung balak ninyong bumalik sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan. |

**1. Continuous Residence [Patuloy na Paninirahan]**

"Patuloy na paninirahan" ay nangangahulugang dapat kang manirahan sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan para sa isang tiyak na panahon. Karamihan sa mga tao ay dapat na mga pirmihang naninirahan na limang taong patuloy na naninirahan (o tatlong taon kung kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos) bago sila makapagsimula ng proseso ng naturalisasyon. Para sa mga refugee, ito ay nangangahulugang limang taon mula sa petsa na dumating kayo sa Estados Unidos, na karaniwang ang petsa na natanggap ninyo ang katayuan bilang pirmihang naninirahan. Para sa mga ginawaran ng asylum status sa Estados Unidos, ang panahong ito ay nagsisimula isang taon bago kayo tumanggap ng katayuan bilang pirmihang naninirahan. Ang petsa sa iyong Permanent Resident Card ay ang petsa na ang inyong limang taon ay nagsimula. Kung umalis kayo ng Estados Unidos nang matagal na panahon, karaniwang anim na buwan o higit, maaari ninyong "masira" ang inyong patuloy na paninirahan.

## PAGPAPANATILI NG INYONG PANINIRAHAN PARA SA NATURALISASYON: MGA PAGKALIBRE PARA SA ISANG-TAONG PAGKAWALA



Kung kayo ay nagtatrabaho sa pamahalaan ng Estados Unidos, sa isang institusyong pananaliksik sa Estados Unidos, o sa ilang mga korporasyon sa Estados Unidos, o kung kayo ay isang pare, ministro, atbp. na nagtatrabaho sa ibang bansa, maaari ninyong panatilihin ang inyong patuloy na paninirahan kung kayo ay:

1. Nanirahan sa Estados Unidos na hindi lumabas ng bansa ng hindi kumukulang sa isang taon pagkatapos naging isang pirmihang naninirahan.
2. Nagsumite ng Form N-470, Application to Preserve Residence for Naturalization Purposes [Aplikasyon para Papanatilihin ang Paninirahan para sa mga Layunin ng Naturalisasyon], bago kayo lumabas ng Estados Unidos nang isang taon. Mayroon kayong babayaran sa pag-sumite ng Form N-470.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa USCIS Forms Line sa 1-800-870-3676 at humingi ng Form N-470, Application to Preserve Residence for Naturalization Purposes [Aplikasyon na Pangalagaan ang Paninirahan para sa Naturalisasyon]. Maaari rin kayong kumuha ng form sa website ng USCIS sa http://www.uscis.gov.

Kung umalis kayo ng Estados Unidos ng isang taon o mas matagal, maaari kayong makabalik kung mayroon kayong permiso para sa muling pagpasok. Dapat kayong mag-aplay para dito sa permiso ng muling pagpasok bago kayo umalis ng Estados Unidos. Tingnan ang pahina 7 para sa impormasyon tungkol sa kung paano mag-aaplay para sa permiso ng muling pagpasok. Sa karamihan ng mga kaso, wala sa panahon na tumigil kayo sa Estados Unidos bago kayo umalis ng bansa na ibibilang sa panahon ng patuloy na paninirahan. Ito ay nangangahulugang kailangan ninyong muling magsimula ng inyong patuloy na paninirahan pagkabalik ninyo sa Estados Unidos, at maaaring kailangan ninyong maghintay ng apat na taon at isang araw bago kayo makakapag-aplay para sa naturalisasyon.

**MGA DAPAT TANDAAN:** Ang permiso para sa muling pagpasok (Form I-131) at ang Application to Preserve Residence for Naturalization Purposes (Form N-470) ay magkaiba. Maaari ninyong ipakita ang isang permiso para sa muling pagpasok sa halip ng inyong Permanent Resident Card (kung nawala kayo ng wala pang 12 buwan) o sa halip ng isang visa (kung nawala kayo ng higit sa 12 buwan) kapag bumalik kayo sa Estados Unidos pagkatapos ng pansamantalang pagkawala.

## MGA EKSEMPSIYON PARA SA MILITARY PERSONNEL [MGA TAUHAN NG HUKBO]




**Kung kayo ay nasa active duty o pinaalis kamakailan lamang mula sa U.S. Armed Forces [Sandatahang Lakas ng Estados Unidos], maaaring hindi naaangkop para sa inyo ang mga kinakailangan ng patuloy na paninirahan at aktual na paninirahan. Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon sa M-599 sa brochure ng Naturalization Information for Military Personnel [Impormasyon Tungkol sa Naturalisasyon ng mga Tauhan ng Hukbo]. Ang bawat base militar ay may makokontak na tanggapan o tauhan para asikasuhin ang inyong aplikasyon para sa naturalisasyon at pagtibayan ang Form N-426, Request for Certification of Military or Naval Service [Kahilingan ng Pagpapatibay ng Paglilingkod sa Hukbo o Navy]. Kailangan ninyong isumite ang Form N-426 kasama ng inyong mga application form. Upang makuha ang mga form na kailangan ninyo, tawagan ang USCIS toll-free Military Help Line sa: 1-877-CIS-4MIL (1-877-247-4645). Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon sa http://www.uscis.gov/military o sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service at 1-800-375-5283.**

Dapat ninyong malaman na ang inyong mga pansamantalang pagkawala sa Estados Unidos habang hinihintay ang kapasiyahan sa inyong aplikasyon para sa naturalisasyon ay maaaring maging dahilan para hindi aprobahan ang inyong aplikasyon, lalo na kung tatanggap kayo ng trabaho sa ibang bansa.

**2. Aktual na Paninirahan sa Estados Unidos**

"Pisikal na pamamalagi" ay nangangahulugang ikaw ay aktuwal na nasa Estados Unidos. Kung ikaw ay isang pirmihang naninirahan na hindi kukulangin sa 18 taong gulang, ikaw ay dapat na pisikal na nasa Estados Unidos ng hindi kukulangin sa 30 buwan sa nakalipas na huling limang taon (o 18 buwan sa nakalipas na tatlong taon, kung kasal sa isang mamamayan ng Estados Unidos) bago ka nag-aplay para sa naturalisasyon.

## "PHYSICAL PRESENCE"



**T: Ano ang pagkakaiba ng "physical presence" at "continuous residence"?**

**S: Ang "physical presence" ay ang kabuuang mga araw na kayo ay nasa Estados Unidos at hindi kasama ang panahong nasa labas ng bansa. Ang bawat araw na kayo ay nasa labas ng Estados Unidos ay binabawas sa kabuuan ng inyong aktual na paninirahan. Kung kayo ay lumabas ng Estados Unidos nang mga matagal na panahon o kung kayo ay maraming ginawang mga maikling pagbibiyahe sa labas ng Estados Unidos, maaaring hindi ninyo mabubuo ang kinakailangang aktual na paninirahan. Para bilangin ang inyong aktual na paninirahan, kailangan ninyong sumahin ang buong panahon na kayo ay nanatili sa Estados Unidos. Tapos, ibawas ang lahat ng pagbibiyahe sa labas ng Estados Unidos. Kabilang ang mga maikling pagbibiyahe sa Canada at Mexico. Halimbawa, kung nagbiyahe kayo sa Mexico ng isang weekend, kailangang isama ninyo ang biyaheng ito sa pagbilang ng kung ilang araw kayong nasa labas ng bansa.**

**Ang "continuous residence" ay ang kabuuang panahon na kayo ay nanirahan sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan bago kayo nag-aplay para sa naturalisasyon. Kung nagtagal kayo sa labas ng Estados Unidos sa isang biyahe, maaaring naputol ninyo ang inyong "continuous residence".**

**3. Panahon bilang isang Residente sa Estado o Distrito ng USCIS**

Karamihan ng mga tao ay dapat manirahan sa estado o distrito ng USCIS kung saan sila nag-aplay para sa naturalisasyon para sa hindi kukulangin sa tatlong buwan. Ang mga estudyante ay maaaring mag-aplay para sa naturalisasyon kung saan sila nag-aaral o kung saan naninirahan ang kanilang pamilya (kung sila ay umaasa sa kanilang mga magulang para sa suporta).

**4. Mabuting Pagkatao**

Upang maging karapat-dapat para sa naturalisasyon, ikaw ay dapat na isang taong may mabuting ugali. Ang isang tao ay hindi itinuturing na may "mabuting ugali" kung sila ay gumawa ng mga partikular na krimen sa loob ng limang taon bago sila nag-aplay para sa naturalisasyon o kung sila ay nagsinungaling sa kanilang panayam para sa naturalisasyon.

## MGA ASAL NA MAAARING MAGPAKITA NG KAKULANGAN NG MABUTING PAGKATAO



- **Nagmamaneho nang lasing o palaging naglalasing.**
- **Nagsusugal nang labag sa batas.**
- **Prostitusyon.**
- **Nagsisinungaling para makatanggap ng mga benepisyong pang mamamayan.**
- **Hindi nagbabayad ng inutos ng hukumang sustento sa (mga) bata.**
- **Gumagawa ng kilos pang-terorista.**
- **Pinagmamalupitan ang ibang tao dahil sa kanilang lahi, relihiyon, bansang pinagmulan, opinyong pampulitika, o dahil sa kanyang mga kaibigan.**

Kung gumawa ka ng ilang mga partikular na krimen, hindi ka maaaring maging mamamayan ng Estados Unidos at malamang na paalisin sa bansa. Ang mga krimeng ito ay tinatawag na "mga hadlang" sa naturalisasyon. Ang mga krimeng tinatawag na "aggravated felonies" (kung ginawa noong o pagkaraan ng November 29, 1990), kabilang ang: pagpatay, panggagahasa, sekswal na pang-aabuso ng isang bata, marahas na pag-atake, kataksilan, at labag na trapiko ng droga, baril, o mga tao ay ilang halimbawa mga pirmihang hadlang sa naturalisasyon. Sa karamihan ng mga kaso, ang mga dayuhan na pinalibre o tinanggal mula sa pagseserbisyo sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos dahil sila ay mga dayuhan at mga dayuhan na nagtakwil sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos ay permanente ring hinahadlangan na maging mamamayan ng Estados Unidos.

Puwede rin kayong pagkaitang maging isang mamamayan ng Estados Unidos kung kayo ay magpapakita ng hindi mabuting gawain.

Ang ibang mga krimen ay pansamantalang humahadlang sa naturalisasyon. Ang mga pansamantalang hadlang ay karaniwang pumipigil sa iyo na maging mamamayan ng hanggang limang taon pagkatapos mong gawin ang krimen. Kabilang dito ang:

- Anumang krimen na may tangkang manakit sa kapwa.
- Anumang krimen ng pandaraya na may kinalaman sa mga ari-arian o sa pamahalaan.
- Dalawa o higit na krimen na may magkasamang sentensiya na limang taon o higit.
- Paglabag sa mga batas na nauukol sa mga kontroladong sangkap (halimbawa, ang paggamit o pagbebenta ng pinagbabawal na gamot).
- Gumugol ng 180 araw o higit sa nakalipas na limang taon sa kulungan o bilangguan.

Ipagbigay-alam ninyo ang anumang mga krimeng nahatulan kayong may sala kapag kayo ay nag-aplay para sa naturalisasyon. Kabilang nito ang mga krimeng binura sa inyong rekord o ang mga krimeng ginawa ninyo bago kayo sumapit ng 18 taong gulang. Kung hindi ninyo ipagbibigay-alam sa USCIS ang tungkol sa mga ito, puwede kayong sampahan ng kaso.

**5. Ingles at Sibika**

Sa kalahatan, kailangang maipakita ninyo na kayo ay marunong magbasa, magsulat at magsalita ng simpleng Ingles. Kailangang mayroon rin kayong kaunting nalalaman tungkol sa kasaysayan at pamahalaan ng Estados Unidos (na kilala bilang "civics"). Kailangan kayong pumasa sa isang pagsusulit para sa Ingles at isang pagsusulit para sa sibika para patunayan ang inyong nalalaman.

Maraming paaralan at organasisasyong pangkomunidad na tumutulong sa mga tao na maghanda para sa kanilang mga pagsusulit ukol sa pagiging mamamayan. Makakakita kayo ng mga halimbawa ng mga katanungan sa pagsusulit sa *A Guide to Naturalization* [Isang Patnubay sa Naturalisasyon]. Ang USCIS Office of Citizenship ay nag-aalay ng mga produkto, tulad ng Civics Flash Cards at *Learn About the United States: Quick Civics Lessons* [Kumuha ng Kaalaman Tungkol sa Estados Unidos: Mabilis na Araling Sibiko] upang matulungan kayo sa pag-aaral. Makukuha ninyo ito nang libre sa http://www.uscis.gov.

**6. Katapatan sa Konstitusyon**

Kailangang handa kayong itaguyod at ipagtanggol ang Estados Unidos at ang Konstitusyon nito. Pinahahayag ninyo ang inyong katapatan sa Estados Unidos at sa Konstitusyon sa panahon ng inyong Oath of Allegiance [Panunumpa ng Katapatan]. Kayo ay magiging isang mamamayan ng Estados Unidos sa panahon ng inyong Panunumpa ng Katapatan.

## MGA EKSEMPSIYON SA MGA KINAKAILANGANG PAGSUSULIT PARA SA INGLES AT SIBIKA



May mga ilang taong nag-aaplay para sa naturalisasyon na may mga kakaibang kinakailangang pagsusulit dahil sa kanilang edad at matagal na silang naninirahan sa Estados Unidos.

| Kung kayo ay | Naninirahan sa Estados Unidos bilang isang pirmihang naninirahan ng | Kayo ay hindi kukuha ng | Kayo ay kailangang kumuha ng |
|---|---|---|---|
| Edad 50 o mas matanda | 20 taon | pagsusulit para sa Ingles | pagsusulit para sa sibika sa inyong wika at ng |
| Edad 55 o mas matanda | 15 taon | pagsusulit para sa Ingles | pagsusulit para sa sibika sa inyong wika at ng |
| Edad 65 o mas matanda | 20 taon | pagsusulit para sa Ingles | pinag-simpleng pagsusulit para sa sibika sa inyong wika |

Kung hindi mo kailangang kumuha ng pagsusulit sa Ingles, dapat mong dalhin ang iyong sariling tagasalin para sa pagsusubili sa sibiko o pagkamamamayan. Sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, kung ikaw ay may kapansanan na ginagawang imposible para sa iyo na pumunta para sa panayam, ang mga espesyal na pakikipag-ayos ay maaaring gawin. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa USCIS Forms Line sa 1-800-870-3676 at hingin ang Form N-648 o kumuha ng kopya mula sa website ng USCIS website sa http://www.uscis.gov.

Ang mga tao na nagpakita na sila ay may kapansanan sa katawan o sa pag-unlad na inaalisan sila ng kakayahan na maintindihan ang kahulungan ng Panunumpa ay hindi kailangang gawin ang Panunumpa ng Katapatan.

Kung hindi pa napagpapasiyahan ang inyong aplikasyon para sa naturalisasyon at lumipat kayo, kailangan ninyong ipagbigay-alam sa USCIS ang inyong bagong direksiyon. Puwede kayong tumawag sa 1-800-375-5283 para ipaalam ang inyong bagong direksiyon. Kailangan rin kayong mag-sumite sa DHS ng Form AR-11. Maaari ninyong palitan ang inyong direksiyon sa pamamagitan ng AR-11 forms sa http://www.uscis.gov. Tingnan ang pahina 9 para sa mga instruksiyon.

### Mga Seremonyang Ukol Sa Naturalisasyon

Kung aprobahan ng USCIS ang inyong aplikasyon para sa naturalisasyon, kailangan kayong pumunta sa seremonya at mag-sabi ng Panunumpa ng Katapatan. Padadalhan kayo ng USCIS ng Form N-445, Notice of Naturalization Oath Ceremony [Patnubaya ng Seremonya para sa Panunumpa sa Naturalisasyon], para ipaalam sa inyo ang oras at petsa ng inyong seremonya. Kailangan ninyong sagutin itong form at dalhin ito sa seremonya.

Kung hindi kayo makakapunta sa seremonya, puwede ninyong ipatakda ito sa ibang araw. Para ipatakda sa ibang araw ang inyong seremonya, kailangan ninyong ibalik ang Form N-445 sa tanggapan ng USCIS sa inyong lugar na may kasamang sulat na ipinaliliwanag kung bakit kayo hindi makakapunta sa seremonya.

Ibabalik ninyo sa USCIS ang inyong Kard ng Pirmihang Paninirahan kapag nag-check-in sa seremonya para sa Panunumpa ng Katapatan. Hindi na ninyo kailangan ang inyong card dahil makakatanggap kayo sa seremonya ng Certificate of Naturalization [Sertipiko ng Pagnaturalisa].

Hindi ka isang mamamayan hanggang hindi ka nakakagawa ng Panunumpa ng Katapatan. Babasahin ng isang opisyal ang ang bawat bahagi ng Panunumpa nang mabagal at sasabihin sa iyo na ulitin ang mga salita. Pagkatapos mong gawin ang Panunumpa, tatanggapin mo ang iyong Sertipiko ng Naturalisasyon. Ang sertipikong ito ay nagpapatunay na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos. Ikaw ay hindi isang mamamayan hanggang hindi nagagawa ang Panunumpa ng Katapatan sa isang pormal na seremonya para sa naturalisasyon.

Ang Panunumpa ng Katapatan ay isang pangyayaring bukas sa madla. Maraming komunidad ang nagtatanghal ng mga espesyal na seremonya sa Araw ng Kalayaan, Hulyo 4, ng bawat taon. Alamin kung ang inyong komunidad ay nagtatanghal ng espesyal na seremonya ng pagkamamamayan sa Hulyo 4 at kung paano kayo makakasali. Maraming tao ang nagsasama ng kanilang mga pamilya at nagdiriwang sila pagkatapos ng seremonya.

## ANG ESTADOS UNIDOS NGAYON*




*Kabilang din sa Estados Unidos ang mga teritoryo ng Guam, American Samoa, ang U.S. Virgin Islands, at ang mga komonwelt ng Northern Mariana Islands at Puerto Rico na hindi nakalagay sa mapang ito.

## MGA PIYESTA OPISYAL NG PAMAHALAANG PEDERAL

Pinagdidiriwang ng pamahalaang pederal ang mga sumusunod na piyesta opisyal. Sarado sa mga araw na ito ang karamihan ng mga tanggapan ng pamahalaang pederal. Kung sa Sabado ang isang piyesta opisyal, ipinagdiriwang ito sa Biyernes bago ang Sabadong iyon. Kung sa Linggo ang piyesta opisyal, ipinagdiriwang ito sa Lunes na sumunod sa Linggong iyon. Maraming pinagtatrabahuhan ang walang pasok sa mga araw na ito.

| | |
|---|---|
| Bagong Taon | Ika-1 ng Enero |
| Kaarawan ni Martin Luther King, Jr. | Ikatlong Lunes sa Enero |
| Presidents' Day | Ikatlong Lunes sa February |
| Memorial Day | Huling Lunes sa Mayo |
| Araw ng Kalayaan | Ika-4 ng Hulyo |
| Araw ng Manggagawa | Unang Lunes sa Septiyembre |
| Columbus Day | Ikalawang Lunes sa Oktubre |
| Araw ng mga Beterano | Ika-11 ng Nobyembre |
| Araw ng Pasasalamat | Ika-apat na Huwebes sa Nobyembre |
| Pasko | Ika-25 ng Disyembre |

## MGA KREDITO SA LITRATO

Pahina 8, litrato sa kanan, mula sa http://www.goarmy.com.

Pahina 30, text box, litrato sa itaas, kinuha ni Gerald L. Nino.

Ang mga litrato sa pahina 1, 22, 52, at 53 ay kuha ni John Vavricka.

## Kayo Ay Nasa Landas Na



Umaasa kami na magiging kapaki-pakinabang sa inyo ang Patnubay na ito. Ito ay isinulat upang tulungan kayo na simulan ang inyong buhay sa Estados Unidos, at makatulong din sa inyo na maintindihan ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang pirmihang naninirahan. Ang Patnubay ay nagsasabi sa inyo na makakalahok kayo sa inyong komunidad. Ito ay nagsasabi rin sa inyo ng ilang bagay na kailangan mong malaman kung nais mong maging isang naturalisadong mamamayan. Kung pupunta ka sa website ng USCIS makakatagpo kayo ng ibang mga materyal na tutulong sa inyo na makakuha ng karagdagang kaalaman (http://www.uscis.gov).

Ngayon na naririto ka, magkakaroon ka ng pagkakataon na makita ang lahat ng maaaring maging buhay sa Estados Unidos. Malugod naming tinatanggap kayo bilang pirmihang naninirahan, hangad namin ang isang matagumpay na buhay sa inyo sa bansang ito.